IX 9Marks

Ano ang Gos•pel? (gŏs'pəl)

Greg Gilbert

Foreword ni D. A. Carson

Marami sa mga evangelicals ngayon ang may manipis na pagkaunawa sa gospel. Akala natin ito ay mensaheng ibinabahagi lamang sa mga di mananampalataya. Ang paglago natin ay idinadaan natin sa sariling sikap, imbes na nakasalalay sa kapangyarihan ng pagkamatay at muling pagkabuhay ni Cristo. Tuturuan tayo ng aklat na ito kung paano maisentro ang gospel sa ating paghayo, sa preaching, pagtuturo, pagdidisipulo at pamumuhay tungo sa kabanalan.

Rod B. Santos DMin, Country Director, Global Aid Network; Instructor, International Graduate School of Leadership

Sa panahon ngayon, pamilyar na ang karamihan sa magandang balita o gospel ngunit hindi naman nila ito lubusang nauunawaan. Napakahalaga na mabigyan ng linaw kung ano nga ba talaga ito at, higit sa lahat sino ang nilalaman nito. Sa gospel presentation ng mga mananampalataya ngayon, nakakalungkot na nakakalimutan na ang bad news dahil sa ating mga kasalanan para tunay na makita ang good news ni Cristo. Ang maikling aklat na ito ay tapat sa mga katotohanan na nasa Bible kung ano ang tunay na gospel. Ang kabanalan ng Diyos, ang kalunos-lunos na kalagayan ng tao dahil sa kasalanan, ang pagkakatawang-tao ni Cristo, ang kanyang buhay na walang bahid ng dungis, ang ganap at sapat niyang kamatayan at sakripisyo at muling pagkabuhay na naglilinis at nagpapalaya sa sinumang nagsisi sa mga kasalanan at nananampalataya sa kanyang natapos na

ginawa sa krus. Taos puso kong hinihikayat ang mga churches na gawing malinaw ang gospel ni Cristo. Napakalaking tulong ng aklat na ito para gawin iyon. Malinaw ang paghahayag ng gospel at napakadaling basahin.

Erwin Quimboy, Pastor-Teacher, Greenhills Christian Fellowship East; Associate Instructor, Biblical Studies, The Expositor's Academy

Maliit na aklat pero siksik at umaapaw sa katotohanan. Nabibigyang linaw nito ang mga kalituhan sa definition and scope ng gospel at kung paano at bakit ang isang church ay kailangang tapat sa pangangaral nito. Nang isinalin, naging mas madali ito na intindihin ng karamihan. Kaya malaking tulong ito para sa mga churches lalo na sa mga rural areas gaya ng sa amin bilang dagdag na resource. Tiyak na mas marami pa ang maaabot ng mensaheng dala ng librong ito.

Lee Andrew Lim, Pastor, Gospel Light Baptist Church, Batac City, Ilocos Norte

Ang aklat na ito ay sobrang makakatulong sa panahong ito na nawalan na ng tamang pagkaunawa at may mababaw na pagtingin sa gospel, kung saan karamihan sa mga Kristiyanong Pilipino ay wala nang masabi kung bakit mahalaga ang gospel sa Christian life at hindi man lang nga maipaliwanag kung ano mismo ang nilalaman ng gospel na ito. Ang Taglish translation ng librong ito ay kalakasan sa spiritual growth ng mga Kristiyanong Pilipino, sila ay makikinabang sa malinaw,

maikli, tapat at walang paliguy-ligoy na pagpapaliwanag nito sa gospel. Dahil hindi naman natatapos ang pangangailangan natin sa gospel, lahat ng mga Kristiyano sa lahat ng edad at antas ng maturity ay paniguradong makikinabang sa pagbasa at sa pagbasa ulit ng aklat na ito.

Dexter Bersonda, Pastor, Spirit Filled Community Church, Las Piñas

Maraming mga Christian denominations sa Pilipinas at ang bawat isa sa atin ay may kanya-kanyang ipinagmamalaki. Sa tingin ko, kapag tiningnan natin ang ating mga differences, ang nasa sentro ng lahat ng yun ay mga kasanayan kung paano natin sinasagot ang tanong na "*Ano ang gospel?*". Marahil marami naman sa atin ang naniniwala sa prinsipyong "in essentials unity, in non-essentials liberty and in all things charity," ngunit di pa rin talaga naiiwasan ang pagkakaiba-iba sa mga methods kung paano ipaliwanag ang Salita ng Diyos base sa iba't ibang mga convictions natin na nagiging dahilan, aminin man natin o hindi, para hindi magkaisa ang mga denominations natin. Ang ating bansa ngayon, sa biyaya ng Diyos, ay nagkakaroon ng malawakang doctrinal clarity at mas dumarami ang mga avenues para sa proclamation ng gospel. Malinaw na ipinapaliwanag ng aklat na ito kung ano ba talaga ang totoong gospel at ano ang hindi, isinulat nang may pastoral na puso at sa paraang madaling basahin. Naniniwala ako na matutulungan ng aklat na ito ang tunay at tapat na Kristiyanong Pilipino para maunawaan biblically ang kabuuan ng gospel at malaman ang mga non-

negotiables na nakapaloob dito. Sa habag at biyaya ng Diyos, sa tulong ng aklat na ito, magiging mas mapagpakumbaba at mas lalo pang mamamangha ang babasa nito sa dakilang habag, pag-ibig at biyaya ng Diyos na nasa likod ng kasagutan sa tanong na "*Ano ang gospel?*". Purihin ang Diyos sa ministry ng Treasuring Christ PH, sa pagpili nila ng tamang aklat para sa tamang panahon. Dapat itong basahin ng bawat Pilipinong pastor, ng bawat Kristyano.

Raymond Caguin, Pastor, Community Bible Church Marikina

Maraming mga Filipino churches ngayon ang may mababang pagtingin sa tunay na gospel, pinapanipis nila ang mensahe nito at mas tinatangkilik ang mga false gospels. Malinaw na inilalahad ng aklat na ito, sa tulong ng tapat na Taglish translation nito, ang maluwalhating gospel ni Cristo tungkol sa kanyang nakaliligtas na gawa sa krus. Kapag binasa mo ang resource na ito sa sarili mong lenggwahe, maikli pero malaman, itutulak ka nito para mas lalo mo pang alamin at ibahagi ang gospel.

Alvin Litonjua, Senior Pastor, Crossroads Church, Dubai, UAE

Ano ang Gospel?

Greg Gilbert

TREASURING CHRIST PH
CITY OF BALIWAG, PHILIPPINES

Ano Ang Gospel?
Copyright © 2023 by Treasuring Christ PH

Salin sa Filipino/Taglish ng *Ano Ang Gospel?* na isinulat ni Greg Gilbert. Copyright © 2015 by Gregory D. Gilbert. Published by Crossway, a publishing ministry of Good News Publishers, 1300 Crescent Street, Wheaton, Illinois 60187, USA. This edition published by arrangement with 9Marks and Crossway. All rights reserved.

Lahat ng English Scripture quotations ay galing sa the ESV® Bible (*The Holy Bible, English Standard Version®*), copyright © 2001 by Crossway, a publishing ministry of Good News Publishers. Ginamit nang may pahintulot. Reserbado lahat ng karapatan.

Lahat ng Filipino Scripture quotations, malibang iba ang binanggit, ay galing sa *Magandang Balita Biblia*. Copyright © 2012 by Philippine Bible Society. Ginamit nang may pahintulot. Reserbado lahat ng karapatan.

Ang iba pang Scripture quotations na may markang "AB" ay galing sa *Ang Biblia*. Copyright © 2001 by Philippine Bible Society, ginamit nang may pahintulot. Ang may markang "ASD" ay galing sa *Ang Salita ng Dios*. Copyright © 2015 by Biblica Publishing. Ginamit nang may pahintulot. Reserbado lahat ng karapatan.

Lahat ng binigyang-diin sa mga Scripture quotations ay idinagdag ng sumulat.

Translation by John Hofileña
Typesetting by Danielle Santos

9Marks ISBN: 978-1-960877-58-1

Published (2023) in the Philippines by Treasuring Christ PH
A ministry of Baliwag Bible Christian Church
116 Vergel de Dios St., Concepcion, City of Baliwag, Bulacan 3006 Philippines
www.TreasuringChristPH.org
tcphbooks@gmail.com

Printed in the Philippines

CONTENTS

Foreword ni *D.A. Carson* 9
Panimula 11

1 Nasaan ba ang Gospel sa Bible? 23
2 Ang Diyos ang Banal na Manlilikha 43
3 Ang Makasalanang Tao 57
4 Jesu-Cristo, ang Tagapagligtas 75
5 Pananampalataya at Pagsisisi 93
6 Ang Kaharian 113
7 Si Cristo Lang ang Focus 135
8 Ang Kapangyarihan ng Gospel 151

Mahalagang Pasasalamat 165
Tungkol sa Serye 167

FOREWORD

Sa tatlumpung taon ng pagtuturo ko ng theology sa mga estudyante, natutunan ko na habang lumilipas ang mga panahon ang pinaka-kontrobersyal na mga tanong sa bahagi ng theology ay nag-iiba sa bawat henerasyon. May mga panahon noon na ang tanong na "Ano'ng opinyon mo sa mga charismatics?", o di kaya'y "Kailangan ba talagang ipaglaban ang inerrancy ng Bible?", o di kaya naman ay "Ano ang opinyon mo tungkol sa mga 'seeker-sensitive' na churches?", ay garantisadong magsisimula ng isang mainit na talakayan. Meron pa naman sigurong mga taong papatol sa mga diskusyon tungkol sa mga bagay na ito, pero hindi na siguro kasing init noon at hindi na masyadong paglalaanan ng mahabang oras. Sa ating panahon ngayon, ang isang tanong siguro na maaaring magsimula ng mainit na usapan ay itong tanong na itinatanong din mismo ng author ng librong ito—"Ano ba ang gospel o ebanghelyo?" Sa pagsagot sa tanong na 'yan, maaaring makatulong kung idudugtong natin ang tanong na katambal nito, "Ano ba ang evangelicalism?"

Sa totoo lang, nakakabagabag isipin na, kadalasan, ang mga sagot ng mga tao sa dalawang tanong na ito ay magkakaiba at hindi man lang mabigyan ng malalim na paliwanag na humuhugot sa mga katotohanan ng Bibliya. Nakakaalarma 'yan dahil ang dalawang ito ay mga pangunahing isyu sa ating pananampalataya. Kapag ang mga taong nagsasabi na

sila ay "evangelical" ay may iba't ibang opinyon tungkol sa "evangel" (o sa "gospel," na siyang kahulugan ng "evangel"), pwedeng maisip ng mga tao na ang evangelicalism pala, bilang isang grupo, ay hindi nagkakasundo kung ano ang "gospel" at wala man lang pinanghahawakang responsibilidad na "ipaglaban ang pananampalatayang ipinagkaloob minsan at magpakailanman" ng Panginoon sa atin (Jud. 3). O maaari ring sabihin ng mga tao na yung mga nagsasabi na sila ay "evangelical" ay walang karapatan sa pangalang iyon dahil iniwan na nila ang katotohanan ng "evangel"—ang "gospel."

Dito pumapasok ang author ng librong ito na si Greg Gilbert. Ang librong ito ay hindi naglalatag ng mga bagong kaalaman, kundi muling nagsisiyasat ng mga lumang katotohanan na hindi dapat kinalimutan o iniwan. Ang kalinawan ng mga kaisipan at pananalita ng author nito ay kahanga-hanga. Ang librong ito ay mapapakinabangan kahit ng mga Kristiyano na "mature" na sa kanilang pag-iisip. Pero mas mahalaga, ang librong ito ay pwedeng ipamigay at ipabasa sa mas nakararami, sa mga church leaders natin, sa mga nakababatang mananampalataya, at kahit sa mga hindi pa Kristiyano na kailangan ng malinaw na paliwanag kung ano ba ang "gospel." Basahin mo ito, pagkatapos ay bumili ka ng marami para ipamigay sa mga kakilala mo.

D. A. Carson

PANIMULA

Ano ba ang gospel ni Jesu-Cristo?

Kung iisipin natin, dapat madali lang sagutin ang tanong na 'yan, lalo na para sa mga Kristiyano. Sa totoo lang, pwede mo ngang maisip na hindi na dapat sumulat ng isang librong tulad nito—librong tinatanong at hinihimok ang mga Kristiyano na pag-isipan ang tanong na ito: Ano ba ang gospel ni Jesus?—kasi para saan pa nga naman, di ba? Alam na ang sagot sa tanong na 'yan, hindi na dapat kailangan ng ganitong libro. Parang sinabihan mo ang mga karpintero na magmuni-muni at pag-isipang mabuti ang tanong na "Ano ba ang isang martilyo?"

Hindi ba't ang gospel ni Jesus ang pinakasentro ng ating pananampalataya? Ito dapat ang nasa kalagitnaan ng mga buhay natin at ang pundasyon ng ating mga churches. Ito ang dapat nating ikuwento sa ibang mga tao, at ipinapanalangin natin na marinig at paniwalaan din nila.

Sa lahat ng mga assumptions na 'yan tungkol sa gospel, sa tingin mo, lahat ba ng Kristiyano ay may malalim na kaalaman tungkol sa gospel ng Kristiyanismo? Ikaw, paano mo sasagutin kapag may nagtanong sa'yo na: "Ano ba itong balita na sinasabi ng mga Kristiyano? At bakit ito magandang balita?"

Sa tingin ko, ang sagot ng maraming Kristiyano sa tanong na iyan ay malayo sa kung ano ang sinasabi ng Bibliya na "ebanghelyo ni Cristo." Baka may ilang sasagot na "Ang gospel ay yung papatawarin ka ng Diyos sa mga

kasalanan mo 'pag naniwala ka sa kanya." O baka meron ding sumagot na "Ang magandang balita ay mahal ka ng Diyos at siya ay may magandang plano para sa buhay mo." O di kaya'y, "Ang gospel ay nagsasabing ikaw ay anak ng Diyos, at ang gusto ng Diyos para sa mga anak niya ay mamuhay nang matagumpay at maginhawa sa lahat ng bagay." Baka meron ding ilan na makakaisip na dapat kasali sa usapan si Cristo, yung pagkamatay niya sa krus at muling pagkabuhay, pero bakit nga ba importante ang mga iyon? Paanong nagkakatugma-tugma lahat ng 'yan sa "gospel"?

Sa totoo lang, mahirap pagkasunduin ang mga Kristiyano sa sagot sa tanong na "Ano ba ang gospel?" Ako ay nagsisilbi sa isang ministry na ang tawag ay 9Marks, isang organisasyon na nakakabit sa Capitol Hill Baptist Church sa Washington DC. Ang mga nagbabasa at tumatangkilik ng mga inilathala naming mga articles at materials ay mula siguro sa isang maliit na parte lang ng mga "evangelical" na Kristiyano sa buong mundo. Malamang ang mga ito ay naniniwala na ang Bibliya ay totoo at walang pagkakamali. Malamang naniniwala rin sila na si Cristo ay namatay sa krus at muling nabuhay. Naniniwala sila na ang mga tao ay makasalanan at kailangan ng isang tagapagligtas, at gusto nilang mabuhay nang naka-sentro at nakababad sa gospel.

Pero hulaan mo kung anong isyu ang pinakamadalas na pinanggagalingan ng matinding reaksyon at matinding komento sa lahat ng mga isinulat namin. Kung ang sagot mo ay ang gospel, tama ka. Pwede kaming magsulat at magsalita

araw-araw tungkol sa ministry ng preaching, discipling, counseling, tamang pamamalakad sa church, kahit tungkol sa music sa church, at ang mga reaksyon ng mga tao sa mga iyan ay hindi naman masyadong kagulat-gulat at mapusok. Pero kapag kami ay nag-post ng isang article na naglilinaw kung ano ang itinuturo ng Bibliya tungkol sa magandang balita (gospel) ng Kristiyanismo, ang mga reaksyon ay talaga namang matindi.

May isa akong kaibigan na nag-post ng isang maikling article sa website namin noon tungkol sa isang kilalang singer na Kristiyano din naman. Ang singer na ito ay tinanong sa isang interview kung paano niya ilalarawan ang magandang balita (gospel) ng Kristiyanismo. Ito ang sabi niya:

> Magandang tanong 'yan. Siguro ang sasabihin ko ay…sinasabi ng instinct ko na ito ay tungkol kay Cristo na pumunta rito, namuhay, namatay, at muling nabuhay. Ito yung pagpapasimula niya sa mga bagay na nangyayari na at mga bagay na mangyayari pa lang, pinapanumbalik ang lahat sa kanyang sarili…at lahat 'yan ay mangyayari sa pamamagitan din niya… yung gagawin niyang tama ang lahat ng bagay…ang proseso na iyan ay nagsisimula at nagiging totoo sa buhay at puso ng mga mananampalataya, pero darating ang araw na ito ay magiging ganap at lubos na maisasakatuparan. Pero ang good news, ang gospel, ang pagsasalita tungkol sa gospel, masasabi ko na ito ay ang balita ng paparating na kaharian, ang pagsisimula ng paparating na kaharian…'yan ang instinct ko.

Ang ilan sa amin ay nag-react sa pahayag na ito at napatanong ng, "Kung ang gospel ni Cristo ang pinag-uusapan natin, hindi ba dapat kasama ang paliwanag tungkol sa pagkamatay at muling pagkabuhay ni Cristo at kung bakit nangyari iyon?" May ilan din sa amin na nagtanong na "Hindi ba dapat kasama sa usapan ang kasalanan ng tao at kung bakit kailangan natin ng kaligtasan mula sa galit ng Diyos sa kasalanan?"

Ang reaksyon ng mga tao sa article na iyon ay hindi kapani-paniwala. May ilang buwan na ang nakalipas, pero nakakatanggap pa rin kami ng mga emails at responses tungkol sa isyu na iyon. May ilang mga sumulat para sabihin na na-appreciate nila yung mga tanong namin tungkol sa pahayag na iyon. May ilan naman na nagsasabing wala namang mali sa sinabi nung singer tungkol sa gospel, dahil si Cristo mismo ay nag-preach din tungkol sa pagdating ng kanyang kaharian. May iba rin na natuwa dahil sa malayang diskusyon na nangyari tungkol sa gospel at kung paano ang tamang paglalatag nito.

Naisip ko naman nung mga panahon na 'yon, nakakatuwa na may mga Kristiyano na naging excited dahil sa diskusyon tungkol sa gospel. Ibig sabihin, ito ay isang mahalagang isyu para sa kanila, at pinag-isipan nila ito nang malalim. Hindi nakakabuti para sa Kristiyanismo kung ang mga mananampalataya ay walang pakialam kung paano ipinapaliwanag at naiintindihan ng mga tao ang gospel. Pero sa kabilang banda, sa tingin ko ang dahilan kung bakit merong ganoong kaguluhan at pagkakaiba-iba sa mga diskusyon tungkol sa gospel ay dahil maraming mga Kristiyano sa panahon ngayon ang nalilito

kung ano ba talaga ang gospel. Kung susuriin mo talagang mabuti, isa lang ang makikita natin dito sa nangyari—ang mga Kristiyano ay hindi nagkakaisa kung ano ba talaga ang gospel, kahit tinatawag nila ang mga sarili nila na mga "evangelicals."

Tanungin mo ang isandaang mga tao na nagsasabing sila ay "evangelical Christians" kung ano ba ang magandang balita ni Jesus, malamang ay makakakuha ka ng iba't ibang mga sagot. Makinig ka sa preaching ng mga evangelical preachers, magbasa ka ng mga evangelical books, suriin mo ang mga evangelical websites, at siguradong ikaw ay makakakita ng iba't ibang mga versions ng "gospel." Heto ang ilan lang sa mga nakita ko:

> Ang magandang balita ay, gusto ng Diyos na ipakita sa iyo ang kanyang pabor. Gusto niyang punuin ang buhay mo ng "new wine," pero OK lang ba sa'yo na itapon ang iyong mga lumang "wineskins"? Maghahangad ka ba ng mas malalaking mga bagay?
>
> Papalakihin mo ba ang "vision" mo at bibitawan yung mga negative mindsets na humihila sa'yo pababa?
>
> Sa madaling salita, ito ang gospel. Dahil namatay si Cristo para sa atin, lahat ng nagtitiwala sa kanya ay makasisigurado na lahat ng kanilang kasalanan ay napatawad na. Anong sasabihin natin kapag humarap na tayo sa paghatol ng Diyos? Isa lang ang isasagot natin—namatay si Cristo para sa akin. 'Yan ang gospel.
>
> Ang mensahe ni Jesus ay maaaring tawagin na pinaka-radikal sa lahat: "Ang radikal na paghahari ng Diyos

ay dumating na, at ito ay umuusad sa pamamagitan ng pagkakasundo at kapayapaan. Ang kahariang ito ay lumalawak sa pamamagitan ng pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig—simula sa pinakamahirap, pinakamahina, pinakamaamo, at pinakamababa. Oras na para baguhin ang ating pag-iisip. Malapit nang magbago ang lahat. Oras na para sa bagong pamumuhay. Maniwala kayo sa akin. Sumunod kayo sa akin. Paniwalaan ninyo ang magandang balitang ito para kayo ay matutong mamuhay ayon dito at maging bahagi ng rebolusyon."

Ang magandang balita ay ito—na ang mukha at pagtingin ng Diyos ay palaging nakatuon sa iyo, anuman ang mga nagawa mo, saan ka man nanggaling, o kahit gaano pa karami ang mga pagkakamaling nagawa mo. Mahal ka niya at siya ay nakatuon sa iyo, hinahanap ka niya.

Ang gospel ay patungkol sa proklamasyon na si Jesus, ang Mesiyas na ipinako sa krus at muling nabuhay, ay ang nag-iisa at totoong Panginoon ng mundo.

Magandang balita! Ang Diyos ay maghahari at ginagawa niya ito sa pamamagitan ni Jesus. At dahil dito—*whew!*—ang hustisya ng Diyos, ang kapayapaan ng Diyos, ang mundo ng Diyos ay babaguhin. At sa gitna ng lahat ng iyan, syempre naman, ito ay magandang balita para sa'yo at sa akin. Pero iyan ay kasunod o resulta lamang ng magandang balita na isang mensahe tungkol kay Jesus na nagkakaroon ng epekto sa iyo, sa akin, at sa ating lahat. Pero ang gospel ay *hindi*

tungkol sa atin at sa kung anong klaseng tao ka at kung anong mangyayari sa iyo. 'Yan ay resulta lang ng gospel at hindi ang gospel mismo…ang kaligtasan ay *resulta* ng gospel, hindi ito ang sentro ng gospel mismo.

Ang gospel ay proklamasyon ni Jesus, sa dalawang bagay. Una, ito ay proklamasyon na *ipinahayag* ni Jesus—ang pagdating ng kaharian ng Diyos sa gitna ng sangkatauhan. Pero pangalawa, ito rin ay proklamasyon *tungkol* kay Jesus—ang magandang balita na dahil sa kanyang pagkamatay at muling pagkabuhay, ipinapaabot ni Jesus ang kanyang kaharian sa atin.

Bilang Kristiyano, sinusubukan ko lang turuan ang aking sarili na mamuhay sa isang paraan, yung paraan na itinuro at ginawang posible ni Jesus. At sa tingin ko, yung paraan ni Jesus ang pinakamainam na paraan para mamuhay…Kapag sinadya mong mamuhay sa paraan ni Jesus, makikita mo na may mas malalim na nangyayari sa buhay mo. Makikita mo na kaya ito ang pinakamainam na paraan ay dahil ito ay nakabase sa mga malalalim na katotohanan tungkol sa mundong ito. Makikita mo na lang yung sarili mo na unti-unti ka na palang namumuhay na "in tune" sa "ultimate reality." Ikaw ay unti-unting umaayon at nakasasabay sa malalim na realidad ng universe…Inihayag ng unang mga Kristiyano ang ganitong kaparaanan ni Jesus bilang "ang magandang balita."

Ang pagkakaintindi ko sa mensahe ni Jesus ay ganito, tinuturuan niya tayo na mamuhay ngayon sa

> katotohanan ng Diyos—dito at ngayon na. Parang sinasabi lang ni Jesus na, "Baguhin mo yung buhay mo. Ganito ka dapat mamuhay."

Nakikita mo ba ang ibig kong sabihin nung sinabi ko na sobrang nalilito na ang mga Kristiyano tungkol sa gospel? Kung ikaw ay wala pang ideya tungkol sa paniniwalang Kristiyano, ano kayang iisipin mo pagkatapos mong basahin ang mga quotations na nasa itaas? Siguro iisipin mo, "Ok, parang meron silang gustong ipaabot na magandang mensahe. Pero ano ba talaga yun? Parang magulo." Ang good news ba ay tungkol lang sa pag-ibig ng Diyos sa akin, at kailangan kong mag-isip ng mga positive thoughts? Ang gospel ba ay tungkol kay Jesus bilang mabuting halimbawa ng maayos na pamumuhay, kung paano mamuhay nang mapagmahal sa kapwa? Parang may kinalaman din yata ito sa kasalanan at kapatawaran. Parang karamihan ng mga Kristiyano ay sinasabi na ang gospel daw ay konektado sa pagkamatay ni Cristo. Pero sa iba ay parang hindi naman.

Hindi ko ipinakita ang mga quotations na iyon para pag-isipan natin kung alin ang mas maganda o mas malala kaysa sa iba (pero sana'y pagkatapos mong basahin ang librong ito, kaya mo nang sabihin kung alin). Ang gusto ko lang ipakita ay yung dami ng iba't ibang mga sagot ng mga tao sa tanong na "ano ba ang gospel?"

Sa librong ito, susubukan kong maglatag ng malinaw na sagot sa tanong na iyan. Ang sagot na ibibigay ko ay nakabase sa itinuturo ng Bibliya tungkol sa gospel. At sa proseso ng pagsagot sa tanong na ito, ang ipinapanalangin kong mangyari ay ang mga ito:

Una, kung ikaw ay Kristiyano, ang panalangin ko ay—sa pamamagitan ng mabibigat na mga katotohanan na inilalatag ng munting librong ito—muling mag-umapaw sa puso mo ang kagalakan at papuri para kay Cristo Jesus dahil sa kanyang ginawa para sa iyo. Ang isang pinapayat na gospel ay nagbubunga ng malamyang pagsamba. Ang malabnaw na kaalaman tungkol sa gospel ay nagbubunga ng mababaw na pagtingin sa halaga ng Diyos at mataas na pagtingin naman sa sarili. Minamaliit nito ang ginawa ng Diyos para sa atin sa pamamagitan ni Cristo. Ang totoong biblical gospel ay parang panggatong sa pugon ng pagsamba. Habang lumalalim ang pagkakaintindi mo, ang paniniwala mo, at mas lalo kang umaasa dito, ito ay nagdudulot ng mas matinding pagsamba sa Diyos dahil sa kung sino siya at sa magandang ginawa niya para sa atin sa pamamagitan ni Cristo. Katulad ng naramdaman ni apostol Pablo, "O ang kalaliman ng mga kayamanan ng karunungan at ng kaalaman ng Diyos!" (Rom. 11:33 AB), ito ay dahil punung-punô ang puso niya ng mabibigat na mga katotohanan ng gospel.

Pangalawa, umaasa ako na sa pagbabasa mo ng aklat na ito, mabibigyan ka ng mas malalim na kumpiyansa at kagalakan na ibahagi ang magandang balita ni Jesus sa iba. May mga kilala akong Kristiyano na hindi talaga kinakaya at nag-aalinlangan na ibahagi ang gospel sa mga kaibigan at pamilya nila dahil sa tingin nila ay kapos ang kaalaman nila tungkol dito. Totoo rin naman na hindi mo masasagot ang lahat ng mga katanungan nila. Pero pwede mong masagot ang ilan sa mga tanong nila. Sa mga katotohanang matututunan mo rito,

sana'y makaya mo nang sagutin ang ilan sa mga tanong nila.

Pangatlo, panalangin ko na makita mo ang kahalagahan ng gospel sa buhay ng church n'yo. Sana, dahil sa mga mababasa mo sa librong ito, tumulong ka para masigurado na ang gospel ay ipinapangaral, inaawit, laman ng mga panalangin, itinuturo, ipinapahayag, at maririnig sa lahat ng aspeto ng church n'yo. Sabi ni Pablo, ang karunungan at kaalaman na galing sa Diyos ay ihahayag sa buong mundo. Paano? Sa pamamagitan ng church na nagpapahayag ng gospel, upang "makita ng lahat ng tao" ang plano ng Diyos para sa kaligtasan ng mga tao (Efe. 3:7–12).

Pang-apat, sana'y makatulong ang librong ito para mas lalo mong panindigan ang mabibigat na mga katotohanan ng gospel sa puso at isip mo. Malinaw ang mensahe ng ebanghelyo, at madalas ay salungat ito sa pag-iisip at prinsipyo ng mundong ginagalawan natin at masakit pakinggan. Nakakalungkot na madalas ang mga Kristiyano—kahit na "evangelical" ang tawag nila sa mga sarili nila—ay pinapalabnaw ang mga katotohanang ito para mas madaling pakinggan at tanggapin ng maraming tao. Ipinapanalangin ko na ang librong ito ay maging tulong para manatiling malinaw ang mga katotohanang ito, na kahit ito ay mahirap at mabigat pakinggan, ito naman ay totoo at faithful sa nilalaman ng magandang balita ni Jesus. Madalas ay natutukso tayo na ihayag ang gospel sa paraang mas "attractive," para lang mas madala natin sila sa ating paniniwala. Oo, ito ay "good news," pero dapat ingatan natin na hindi maisantabi ang

mabibigat na mga katotohanan ng gospel, dapat maipahayag pa rin natin ang mga ito. Kailangang manatili ang bigat ng gospel, at sana'y makatulong doon ang librong ito.

At sa huling-huli, kung ikaw ay hindi Kristiyano, ang panalangin ko, habang binabasa mo ang librong ito, ay mapukaw ang damdamin mo na pag-isipan nang mabuti ang magandang balita ni Cristo. Ito ang mensahe kung saan nakataya ang buhay ng lahat ng mga Kristiyano, at naniniwala kami na ito ay mensahe na kailangan mo ring marinig at dapat mong sagutin. Kung meron mang mensahe sa mundo na kailangan mong pakinggan at hindi mo dapat isantabi lang, yun ay ang boses ng Diyos na nagsasabing, "Ito ang magandang balita! Ito ang tanging paraan para maligtas ka sa parusa ko sa mga makasalanan!" Kung 'yan ang sinasabi ng Diyos, kailangan mo itong pakinggan at bigyang pansin.

CHAPTER ONE

NASAAN BA ANG GOSPEL SA BIBLE?

Alam mo ba na ang GPS navigation system ay nagiging problema sa mga maliliit na lungsod sa Amerika? Sa mga taong nakatira sa malalaking siyudad, ang GPS ay essential. Hanapin lang sa GPS ang address na pupuntahan mo at tapos na agad ang problema mo. Hindi ka na maliligaw at alam mo na kung saan ang pupuntahan mo—ikaw at ng kotse mo. Napakadali! Maririnig mo na lang yung "Arriving at the destination!"

Ako man ay kumuha na rin ng GPS para sa kotse ko, dahil talaga namang napakahirap mag-drive sa mga kalsada sa Washington DC. Pero una kong ginamit ito hindi sa Washington kundi sa Linden, Texas. Ito ang aking hometown—maliit, malayo sa kabihasnan, at hindi masyadong pinupuntahan ng mga tao.

Napansin ko na walang problema ang GPS sa pasikut-sikot na mga kalye ng Washington, pero sa Linden, nahirapan itong gawin ang function niya. May mga kalsada na sinasabi ng GPS ay nandiyan, pero ang totoo ay wala naman. Minsan ay pinapaliko ka ng GPS, pero ang totoo ay hindi naman pwedeng lumiko. May mga address nga na sinasabi ng GPS na andiyan na pero malayo pa pala, o di kaya'y wala naman talaga.

Napapansin na ng mga tao ang problemang ito ng mga GPS systems. May narinig akong report sa ABC News na

mayroong mga maliliit na kalye na nagiging sobrang busy na dahil dito pinaparaan ng GPS ang karamihan ng mga sasakyan, imbes na sa highway paraanin. Marami pang ibang problema ang GPS. May kawawang lalaki na taga-California na lumiko sa isang kalye na hindi niya alam. Ang sabi niya'y sinusundan lang naman niya ang mga instructions ng kanyang GPS, pero pagliko niya dun sa kalye ay sumabit ang sasakyan niya sa riles habang may paparating na tren! Buháy naman ang driver, pero yung kotse niya—kasama ang GPS na sinasabi niyang may kasalanan—ay nabangga ng tren at nasira. Sumunod lang naman daw siya sa sinasabi ng GPS.

Ang sabi ng isang representative ng American Automobile Association, "Totoo namang may mali sa GPS system dahil hindi dapat siya pinaliko doon sa may riles ng tren. Pero hindi rin naman tama na dahil sinabi ng isang machine na gawin mo—kahit alam mong may panganib—ay gagawin mo pa rin." Totoo nga naman.

So ano ba ang nangyayari rito? Sinasabi ng mga manufacturers ng GPS systems na wala namang problema sa kanilang mga devices. Yun naman talaga ang expected na function ng mga devices na 'to. Ang problema raw, ayon sa kanila, ay ang mga mapa na dina-download ng mga GPS devices. Ang mga mapang ito—lalo na yung mga mapa ng maliliit na mga lungsod—ay madalas pala na sobrang luma na at out-of-date. May iba pa ngang mga mapa na "planning maps" pa—yung ginagamit ng mga city planners para ipakita ang projections nila kung sakali mang dumami ang mga nakatira

sa kanilang mga lungsod. Ito pala ang dahilan kaya may mga address sa GPS na kung hindi mali ay nasa ibang lugar na. May mga kalye na nasa plano pero hindi naman binuo. At may mga pagkakataon pa nga na kalye ang nasa plano, pero hindi naman pala kalye ang ginawa roon kundi riles ng tren!

Kung problema ito sa mga GPS systems, ganoon din naman sa buhay natin. Mahalaga na ang pinagkukunan mo ng impormasyon ay totoo at maaasahan.

Ano ba ang Authority Natin?

Ganito rin dapat ang approach natin sa tanong na "Ano ba ang gospel?" Sa simula pa lang, kailangan na nating pagdesisyunan kung saan manggagaling ang impormasyon na gagamitin natin para masagot ang tanong na iyan. Para sa mga evangelicals, kadalasan, madali lang ang sagot diyan: sa Bible natin mahahanap ang sagot.

Totoo naman ito, pero dapat malaman din natin na hindi lahat ay naniniwala sa sagot na iyan. May ilang "Christian" na mga grupo at mga tradisyon na iba-iba rin ang sagot sa katanungan tungkol sa "authority." May mga nagsasabi, halimbawa, na ang pagkakaintindi natin sa gospel ay hindi lang daw dapat galing sa Bible kundi sa mga tradisyon din ng mga Kristiyano. Ang katuwiran nila, kung matagal na itong pinaniniwalaan ng church, maaaring ito ay katotohanan din naman. May ilan din na nagsasabi na ang katotohanan ay mahahanap natin gamit ang logic o "reasoning." Kung aayusin natin ang ating kaalaman mula sa baba pataas—ang

A ay susundan ng B na susundan ng C na susundan naman ng D—ito raw ang magbibigay sa atin ng tamang pagkakaintindi sa ating mga sarili, sa mundo, at sa Diyos. At mayroon ding mga nagsasabi na ang katotohanan daw ng gospel ay nasa ating mga sariling experiences. Kung anuman ang nararamdaman natin sa ating mga puso ay siyang katotohanan tungkol sa atin at sa Diyos.

Pero kung pag-iisipan mong mabuti, makikita mo na yung tatlong nabanggit na maaaring pagkuhanan ng authority ay hindi rin naman talaga makakapagbigay sa atin ng ating kinakailangan. Hinihimok tayo ng tradisyon na magtiwala sa mga opinyon lamang ng mga tao. Ang reasoning o logic, gaya ng sinasabi ng kahit sinong baguhang philosopher, ay lulunurin lamang tayo sa pagdududa. (Subukan mo, halimbawa, na patunayan na ikaw ay totoo, na ang existence mo ay tunay at hindi imahinasyon lamang, at yung limang uri ng senses mo ay talagang maaasahan.) At ang "experience" naman ay nagtuturo na magtiwala ka sa sarili mong puso, sa damdamin mong pabagu-bago, para sabihin kung ano ang totoo at tama. Sa totoo lang, alam naman ng kahit na sino na ang feelings natin ay marupok at talagang hindi maaasahan.

Ano na ang gagawin natin? Saan tayo pupunta para malaman ang katotohanan, at malaman natin kung ano ba talaga ang magandang balita na dala ni Cristo? Bilang mga Kristiyano, naniniwala tayo na ang Diyos ay nangusap na sa atin sa pamamagitan ng kanyang Salita, ang Bibliya. At hindi lang 'yan, naniniwala rin tayo na ang mga sinabi ng Diyos sa

Bibliya ay totoo—walang pagkakamali at hindi nagkakamali. At dahil diyan, hindi tayo dadalhin nito sa pagdududa o kawalan ng pag-asa o sa kawalan ng katiyakan, kundi sa kapanatagan. "Ang lahat ng Kasulatan ay kinasihan ng Diyos," sabi ni Pablo, "at kapaki-pakinabang sa pagtuturo" (2 Tim. 3:16). Isinulat ni Haring David,

> Ang Diyos na ito ay sakdal ang gawa,
> at maaasahan ang kanyang salita! (Awit 18:30)

Kaya naman dapat lang talaga na sa salita ng Diyos tayo tumingin para masumpungan kung ano ang sinasabi niya tungkol sa kanyang anak na si Jesus at sa magandang balita ng gospel.

Saan sa Bible Tayo Pupunta?

Pero saan sa Bible natin hahanapin 'yan? Sa tingin ko marami namang paraan para gawin ito. Pwede nating hanapin sa New Testament ang ilang mga verses na gumamit ng salitang "gospel" at pag-aralan kung ano ang ibig sabihin ng mga writers sa paggamit ng salitang ito. Panigurado naman ay mayroong ilang mga pagkakataon na ginamit ito at nabigyan ng maayos na paliwanag.

Maaaring may matutunan tayo na mahahalagang mga bagay kapag ginawa natin ang paraang ito, pero may mga magiging problema rin. Isa na rito ang madalang na paggamit ng mga writers ng New Testament sa salitang "gospel," kahit

halata namang pinapaliwanag nila nang mabuti ang nilalaman ng magandang balita. Isang halimbawa dito ay yung sermon ni Pedro noong araw ng Pentecost na mababasa sa Gawa 2. Siguradong isa ito sa maliwanag na pagpapahayag ng magandang balita ng Christianity. Pero pansinin mo na hindi binanggit ni Pedro ang salitang "gospel." Kahit nga ang apostol na si Juan, isang beses lang niya ginamit ang salitang ito sa lahat ng kanyang isinulat sa New Testament (Pah. 14:6).

Ito ang suggestion ko: sa ngayon, huwag nating alamin ang kahulugan ng "gospel" sa paraan ng "word study," sa halip ay tingnan muna natin kung ano ang sinasabi ng sinaunang mga Kristiyano tungkol kay Jesus, at kung ano ang kabuluhan ng kanyang buhay, kamatayan, at muling pagkabuhay. Kung titingnan natin ang mga isinulat at mga sermons ng mga apostol sa Bible, makikita natin na ipinapaliwanag nila—minsan ay maikli lang pero minsan naman ay mahaba at detalyado—ang mga natutunan nila mula kay Jesus mismo tungkol sa "good news" na ito. Maaaring sa ganitong paraan ay mahukay natin kung ano ba ang mga karaniwang katanungan na dapat sagutin, at makita rin natin ang iisang framework ng katotohanan kung paano ipinahayag ng mga apostol at ng sinaunang mga Kristiyano ang magandang balita ni Jesus.

Ang Gospel sa Roma 1–4

Isa sa pinakamagandang puntahan para makakita ka ng isang basic at malinaw na paliwanag ng gospel ay sa sulat ni apostol Pablo sa mga taga-Roma. Maaaring makita mo na mas

malinaw ang pagkakalatag ng magandang balita rito kaysa sa ibang aklat ng Bible, sinadya kasi ni Pablo na ipaliwanag nang step-by-step sa mga taga-Roma ang pagkaunawa niya sa magandang balita.

Ang aklat ng Roma ay hindi naman talaga aklat, ito ay isang liham. Dito ipinakilala ni Pablo ang kanyang sarili at ang dala niyang mensahe sa isang grupo ng mga Kristiyanong hindi pa niya nakikilala. Ito ang dahilan kung bakit parang step-by-step ang paraan na makikita natin sa sulat na ito. Gusto ni Pablo na makilala siya ng mga taong ito, at higit sa lahat ay maintindihan nila ang mensahe na bitbit niya sa kanyang ministeryo. Gusto niyang ipaabot sa kanila na ang magandang balita na ipinapahayag niya sa lahat ng dako ay kaparehas lang din ng magandang balita na pinaniniwalaan nila.

"Hindi ko ikinahihiya ang Magandang Balita," sulat ni Pablo, "sapagkat ito ang kapangyarihan ng Diyos para sa kaligtasan ng bawat sumasampalataya" (Rom. 1:16). Mula rito, lalo na sa unang apat na chapters ng sulat na ito, unti-unting ipinapaliwanag ni Pablo ang bawat detalye ng magandang balita tungkol kay Jesus. Kapag tiningnan natin nang mabuti ang mga chapters na ito, mapapansin natin na umiikot sa mahahalagang mga katotohanan ang presentation ni Pablo ng gospel, mga katotohanang paulit-ulit na makikita sa preaching ni Pablo tungkol sa gospel. Tingnan natin kung paano ito inilatag ni Pablo sa Roma 1–4.

Una, sinabihan ni Pablo ang mga mambabasa ng sulat niya na

lahat sila ay mananagot sa Diyos. Pagkatapos ng kanyang pagbati sa simula ng chapter 1 (Rom. 1:1–7), sinimulan ni Pablo ang presentation niya ng gospel sa pamamagitan ng mga salitang "nahahayag mula sa langit ang poot ng Diyos" (v. 18). Sa simula pa lang, iginigiit na ni Pablo na hindi maaaring mamuhay ang sangkatauhan ayon lang sa sariling layaw nila. Hindi tayo ang lumikha sa ating mga sarili, hindi natin kayang mabuhay kung tayo lang, at lalong hindi rin natin kayang panagutan ang ating mga ginagawa. Ito ang katotohanan, ang Diyos ang gumawa ng mundo at lahat ng nilalang dito, kasama tayo dun. At dahil ang Diyos ang lumikha sa ating lahat, may karapatan siyang utusan tayong lahat na sambahin siya. Tingnan mo ang sinabi ni Pablo sa verse 21: "Kahit na kilala nila ang Diyos, siya'y hindi nila pinarangalan bilang Diyos, ni pinasalamatan man. Sa halip, naghaka-haka sila ng mga bagay na walang kabuluhan kaya"t nagdilim ang hangal nilang pag-iisip."

Kung titingnan mo, malinaw na sinasabi ni Pablo na ang buong sangkatauhan ay nasasakdal sa harapan ng Diyos dahil sa kanilang kasalanan, sa kanilang paglapastangan at paglimot sa Diyos. Obligasyon natin na parangalan at itaas ang Diyos dahil karapat-dapat siya sa lahat ng ito, at dahil tayo ay nilalang at pag-aari ng Diyos. Dapat lang na mamuhay tayo—mag-isip, magsalita at kumilos—sa paraan na nakikita ang kapangyarihan at kapamahalaan ng Diyos sa atin. Ginawa niya tayo, pag-aari niya tayo, at kailangan natin siya, dahil diyan, dapat lang na managot tayo sa kanya. Ito ang unang katotohanan na malinaw na ipinapakita ni Pablo sa kanyang

pagpapaliwanag ng magandang balita ng Kristiyanismo.

Ikalawa, ipinakita ni Pablo sa mga mambabasa na sila ay mga rebelde laban sa Diyos. Ang mga taga-Roma—kasama na ang lahat ng tao sa mundo—ay hindi pinarangalan at pinasalamatan ang Diyos gaya ng nararapat. Ang kahangalan ng kanilang mga puso ay nagdala ng kadiliman sa kanilang mga isipan, kaya "tinalikuran nila ang kaluwalhatian ng Diyos na walang kamatayan, at ang sinamba nila'y mga larawan ng mga taong may kamatayan, ng mga ibon, ng mga hayop na lumalakad, at ng mga hayop na gumagapang" (v. 23). Medyo nakakadiri at nakakainis itong isipin, di ba? Na ang mga taong nakakakilala naman sa Diyos na lumikha sa kanila ay mas pipiliin ang kahoy o bakal na hinugis sa palaka o ibon o sa sarili mismo nilang imahe dahil para sa kanila ito ay mas dakila, mas nagdadala ng kasiyahan, at mas mahalaga sa Diyos. O mas pipiliin ang mga sarili nila, kaysa sa Diyos. Ito ang pinakamalalang insulto at paghihimagsik ng mga tao sa Diyos. Ito ang ugat ng kasalanan, at talaga namang kahindik-hindik ang mga resulta nito—ang mga ginagawa ng sangkatauhan laban sa Diyos.

Sa susunod na tatlong chapters sa sulat ni Pablo, 'yan ang katotohanan na binibigyan niya ng diin—lahat ng tao ay makasalanan at walang matatakasan ang mga taong makasalanan sa pananagutan nila sa Diyos. Sa chapter 1, ang kanyang focus ay nasa mga Hentil o yung mga hindi Judio. Pagdating sa chapter 2, madiin din niyang ipinakita ang mga pagkakamali ng mga Judio. Parang alam na alam ni Pablo na

may mga mapagmataas na mga Judio na matutuwa sa kanyang mabibigat na mga salita laban sa mga Hentil, kaya naman sa 2:1, ibinaling naman niya ang kanyang atensyon at pagsasakdal sa mga Judiong ito: "Wala kang maidadahilan!" Kasi katulad rin ng mga Hentil, sabi ni Pablo, ang mga Judio ay lumabag sa mga batas na inilatag ng Diyos, kaya sila rin ay hahatulan ng Diyos.

Pagdating sa kalagitnaan ng chapter 3, pinaratangan ni Pablo ang bawat tao sa buong mundo ng paghihimagsik laban sa Diyos: "...aming napatunayan na ang lahat ng tao ay nasa ilalim ng kapangyarihan ng kasalanan, maging Judio o Hentil man" (v. 9). At sa dulo, sinabi niya ang isang mabigat na conclusion, na kapag tayo ay tumayo sa harapan ng Diyos na hahatol sa lahat, walang makapagsasalita para magbigay ng kanyang mga dahilan. Walang sinumang makapagbibigay ng depensa. At walang excuse na katanggap-tanggap, kahit isa man. Ang buong mundo—Judio, Hentil, lahat tayo—ay mananagot sa Diyos (v. 19).

Kung tutuusin, 'yang unang dalawang punto na inilatag ni Pablo ay hindi naman talaga magandang balita. Napakapangit at napakasamang balita nga nito, sa totoo lang. Hindi masayang isipin na kinalaban ko mismo ang banal na Diyos, na nagrebelde ako sa Diyos na lumikha sa akin na siya ring hahatol sa akin at sa lahat ng tao. Pero mahalaga na marinig natin ito, dahil ito ang magdadala sa atin patungo sa magandang balita—na may magliligtas sa atin sa hatol ng Diyos.

Kasi nga, hindi naman magandang balita para sa isang tao ang sabihan siya na "Ililigtas kita!" kung hindi naman niya alam at hindi siya naniniwala na kailangan niyang maligtas.

Ikatlo, inihahayag ni Pablo na ang solusyon ng Diyos sa kasalanan ng sangkatauhan ay ang pagkamatay at muling pagkabuhay ni Jesu-Cristo, na nagsisilbing sakripisyo at kabayaran sa mga kasalanan natin. Nailatag na ni Pablo ang "bad news"—tayo ay makasalanan at haharapin natin ang paghatol ng isang banal na Diyos. Ngayon naman, bumaling na si Pablo sa magandang balita, ang ebanghelyo (gospel) ni Cristo.

"Ngunit ngayon," sabi ni Pablo, kahit pa tayo ay makasalanan, "ngayo'y nahayag na kung paano ginagawang matuwid ng Diyos ang tao. Ito'y hindi sa pamamagitan ng Kautusan" (v. 21). Sa madaling salita, may paraan pala para ang mga tao ay maituring na matuwid sa harap ng Diyos at hindi masama. May paraan pala para maideklarang inosente sa halip na guilty. May paraan pala para mapawalang-sala, para hindi na tayo hatulan ng Diyos ng kaparusahan. At walang kinalaman dito ang pagpapakabait, o pamumuhay nang mas mabuti kaysa sa iba. Sabi nga ni Pablo, "ito ay hindi sa pamamagitan" ng pagsunod "sa kautusan."

So paano nga ba ito nangyayari? Ipinaliwanag ito ni Pablo nang mabuti at malinaw sa Roma 3:24. Sa kabila ng lantarang pagrerebelde natin laban sa Diyos, sa kabila ng kawalan natin ng pag-asa, tayo ay "itinuring na matuwid" dahil sa "kagandahang-loob na walang bayad niyang ibinigay," "sa pamamagitan ni Cristo Jesus na siyang nagpapalaya" sa

atin. Dahil sa sakripisyo ni Cristo sa kanyang pagkamatay sa krus at muling pagkabuhay—dahil sa kanyang buhay at sa kanyang dugo na nagbibigay buhay—ang mga makasalanan ay maaaring maligtas sa paghatol ng Diyos laban sa kasalanan.

Pero may isa pang tanong na sinagot ni Pablo. Paano ba ito nagiging magandang balita para sa akin? Paano ako makikinabang at makakasali sa pangakong kaligtasan na ito?

Sa ikahuli, ipinaliwanag ni Pablo sa mga mambabasa ng sulat niya kung paano sila makakasali sa kaligtasang ito. Ito ang isinulat niya sa pagtatapos ng chapter 3 hanggang sa chapter 4. Ang kaligtasan na ibinibigay ng Diyos ay matatanggap sa pamamagitan ng "pananampalataya kay Jesu-Cristo," at ito ay para sa lahat ng may "pananalig sa kanya" (3:22). So paano nga ba nagiging "good news" itong kaligtasang ito para sa akin at hindi lang para sa iba? Paano ako magiging kasali rito? Sa pamamagitan lamang ng pananampalataya kay Jesu-Cristo. Sa pamamagitan ng pagtitiwala mo sa kanya na siya lamang at wala nang iba ang makapagliligtas sa iyo. "Ngunit ang hindi nananalig sa sariling mga gawa kundi sumasampalataya sa Diyos na nagpapawalang-sala sa makasalanan," paliwanag ni Pablo, siya "ay itinuring na matuwid ng Diyos dahil sa kanyang pananampalataya" (4:5).

Apat na Mahahalagang Tanong

Ngayong nakita na natin ang paliwanag ni Pablo sa Roma 1–4, mapapansin natin na nasa sentro ng kanyang pagpapahayag ng gospel ang mga sagot sa apat na mahahalagang katanungan:

1. Sino ba ang lumikha sa atin, at kanino tayo mananagot?
2. Ano ba ang problema ng sangkatauhan? Ano ang dahilan ng ating problema?
3. Ano ang solusyon ng Diyos sa problema ng tao? Ano ang ginawa niya para maligtas tayo sa problemang iyon?
4. Paano ba ako—ang aking sarili, ngayon, kung nasaan man ako ngayon—paano ako makakasali sa kaligtasang bigay ng Diyos? Paano ito naging magandang balita para sa akin?

Pwede nating gawan ng summary ang mga major points na ito sa apat na bahagi: Diyos, tao, Cristo, at pagtugon.

Marami pang ibang ipinaliwanag si Pablo tungkol sa napakaraming mga pangako ng Diyos para sa kanyang mga iniligtas sa pamamagitan ni Cristo, at marami sa mga pangakong iyan ay masasabi nating bahagi pa rin ng magandang balita ng Kristiyanismo, ang gospel ni Jesu-Cristo. Pero mahalaga na sa simula pa lang ay maintindihan na natin na ang lahat ng magagandang pangako ng Diyos ay nakasalalay at dumadaloy mula sa mga katotohanang ito, ang nasa sentro ng magandang balita na dala ni Cristo. Kailangan din nating maintindihan na ang mga pangakong ito ay para lamang sa mga napatawad sa kanilang mga kasalanan dahil sila ay nanampalataya kay Cristo na namatay sa krus at muling nabuhay. Ito nga ang dahilan kung bakit, sa pagpapahayag ng gospel, nagsimula si Pablo rito sa apat na mabibigat na katotohanang ito.

Ang Gospel sa Iba pang Bahagi ng New Testament

Hindi lang naman si Pablo ang nagpaliwanag nito. Habang binabasa ko ang mga isinulat ng ibang mga apostol sa New Testament, napansin ko na lumalabas palagi ang apat na katanungang ito at sinasagot nila ang mga ito nang paulit-ulit. Kung anuman ang mga isyu na tinatalakay nila, palagi pa rin silang bumabalik sa mga katotohanang ito, na parang ipinaparating nila na ang mga ito ang nasa kalagitnaan ng pagpapaliwanag nila tungkol sa gospel. Maaaring iba ang context, maaaring iba ang mga perspektibo at mga nangyayari, maaari ring iba ang mga salitang ginagamit, pero sa anumang mga kaparaanan, parang hindi nawawala ang apat na katotohanang ito sa mga sinasabi ng mga sinaunang Kristiyano: Mananagot tayo sa Diyos na lumikha sa atin. Nagkasala tayong lahat laban sa Diyos at hahatulan niya tayo. Pero nagbigay ang Diyos ng daan sa kaligtasan sa pamamagitan ni Jesu-Cristo, at pinanghahawakan natin ang kaligtasang ito sa pamamagitan ng ating pagsisisi sa ating mga kasalanan, at sa pananampalataya natin kay Jesus.

Diyos. Tao. Cristo. Pagtugon.

Puntahan natin ang iba pang mga nakasulat sa New Testament na nagpapaliwanag din tungkol sa gospel ni Jesus. May sinulat si Pablo sa 1 Corinto 15, kilalang-kilala ang mga salitang ito:

> Mga kapatid, ngayo'y ipinapaalala ko sa inyo ang Magandang Balitang ipinangaral ko sa inyo. Iyan ang Magandang Balitang inyong tinanggap at naging

> saligan ng inyong pananampalataya. Naliligtas kayo sa pamamagitan nito, kung matatag ninyong pinanghahawakan ang salitang ipinangaral ko sa inyo; maliban na lamang kung walang kabuluhan ang inyong pagsampalataya. Sapagkat ibinigay ko sa inyo bilang pinakamahalaga sa lahat ang tinanggap ko rin: na si Cristo'y namatay dahil sa ating mga kasalanan, tulad ng sinasabi sa Kasulatan; inilibing siya at muling nabuhay sa ikatlong araw, tulad din ng sinasabi sa Kasulatan; at siya'y nagpakita kay Pedro, at saka sa Labindalawa. (vv. 1–5)

Nakikita mo ba ang mga katotohanan na nasa kalagitnaan ng passage na ito? Maaaring hindi kasing detalyado si Pablo sa pagpapaliwanag niya rito katulad nung sa Roma 1–4, pero malinaw na malinaw pa rin ang mga pangunahing punto niya. Ang mga tao ay mananagot dahil sa "ating mga kasalanan," at kailangan silang "maligtas" (sa paghatol ng Diyos). Pero ang kaligtasan ay makikita natin dito: "Si Cristo'y namatay dahil sa ating mga kasalanan…inilibing siya…at muling nabuhay." At maliligtas lamang kung "matatag ninyong pinanghahawakan ang salitang ipinangaral ko sa inyo," totoong naniniwala at hindi sa walang kabuluhan. Makikita pa rin natin dito: Diyos, tao, Cristo, pagtugon.

Kahit sa mga sermons na makikita natin sa aklat ng Mga Gawa, ang ganitong framework ng gospel ay malinaw pa rin. Sa pagsasalita ni Pedro noong araw ng Pentecost, sinabi niya ang kailangang gawin ng mga tao bilang tugon sa kanyang pagpapahayag ng pagkamatay at muling pagkabuhay ni Cristo.

Ang sabi niya, "Pagsisihan ninyo't talikuran ang inyong mga kasalanan at magpabautismo kayo sa pangalan ni Jesu-Cristo upang kayo'y patawarin" (Gawa 2:38). Maaaring hindi kasing haba ng paliwanag ni Pablo ang paliwanag ni Pedro, at ang paghatol ng Diyos sa kasalanan ay ipinapahiwatig lamang dito, pero makikita pa rin natin dito ang lahat ng mga katotohanan ng ebanghelyo. Ipinapakita rito ang problema: kailangan mo ng kapatawaran dahil hahatulan ka ng Diyos sa iyong mga kasalanan. Ang solusyon: ang pagkamatay at muling pagkabuhay ni Jesu-Cristo, na ipinaliwanag ni Pedro nang mabuti sa kanyang sermon. Ano ang kailangang tugon? Pagsisisi at pananampalataya, na pinapatunayan ng kanilang pagpapabautismo.

Sa isa pang sermon ni Pedro sa Gawa 3:18–19, makikita ulit natin ang apat na katotohanang ito:

> Sa ganitong paraan ay natupad ang matagal nang ipinahayag ng Diyos sa pamamagitan ng mga propeta na ang kanyang Cristo ay kailangang magdusa. Kaya nga, magsisi kayo at magbalik-loob sa Diyos upang patawarin ang inyong mga kasalanan.

Problema: kailangan n'yo ng kapatawaran sa mga kasalanan, para hindi kayo mahatulan ng Diyos ng parusa. Solusyon: nagdusa si Cristo. Tugon: magsisi kayo at magbalik-loob sa Diyos bilang ebidensya ng inyong pananampalataya.

Tingnan din natin ang paghahayag ni Pedro ng gospel sa pamilya ni Cornelio:

> Saksi kami sa lahat ng ginawa niya sa lupain ng mga Judio at sa Jerusalem. Siya'y pinatay nila; siya ay ipinako nila sa krus. Ngunit siya'y muling binuhay ng Diyos sa ikatlong araw…Siya ang tinutukoy ng mga propeta nang kanilang ipahayag na ang bawat sumampalataya sa kanya ay tatanggap ng kapatawaran sa kanilang mga kasalanan sa pamamagitan ng kanyang pangalan. (Gawa 10:39–43)

Kapatawaran sa mga kasalanan. Sa pamamagitan niya na ipinako sa krus at muling nabuhay. Sa bawat sumampalataya. Ang gospel din na ito ang ipinahayag ni Pablo sa Gawa 13:

> Dapat ninyong malaman, mga kapatid, na sa pamamagitan ni Jesus ay ipinangangaral sa inyo ang kapatawaran ng mga kasalanan. At ang lahat ng sumasampalataya sa kanya ay pinalalaya na sa lahat ng pagkakasala na mula sa mga ito ay hindi kayo kayang palayain ng Kautusan ni Moises. (vv. 38–39)

Dito rin, makikita at mahahalata agad natin na ang framework na ginagamit ay Diyos, tao, Cristo, at pagtugon. Kailangan mo "ang kapatawaran ng mga kasalanan" na ang Diyos lang ang makakapagbigay. Napapatawad lang tayo "sa pamamagitan ni Jesus," at nangyayari lamang ito sa "lahat ng sumasampalataya sa kanya."

Iba't Ibang Paraan ng Pagpapaliwanag

Syempre hindi naman din dapat ipilit sa lahat ng panahon ang Diyos-tao-Cristo-pagtugon na structure. Hindi naman ito

parang checklist na binuo ng mga apostol kapag ipinahahayag nila ang ebanghelyo. Depende sa sitwasyon, kung gaano kahabang oras ang mayroon sila para magpahayag, at kung sinu-sino ang mga nakikinig sa kanila, ipinapaliwanag nila ang apat na katotohanan na ito sa iba't ibang mga paraan. May mga pagkakataon na ang isa o dalawang punto sa pattern na ito ay hindi talaga direktang nababanggit pero ipinapahiwatig naman—tulad na lang ng katotohanan na sa Diyos tayo mananagot at sa Diyos din tayo makakatanggap ng kapatawaran. Pero hindi rin naman ito malayo sa isipan ng mga Judio na madalas ay kausap ng mga apostol.

Sa kabilang banda, noong si Pablo ay nakikipagusap sa mga pilosopong pagano sa Areopago, hindi niya kinaligtaan na simulan ang kuwento sa pinakaunang bahagi, ang tungkol sa Diyos mismo. Ang sermon na ito ni Pablo sa Gawa 17 ay madalas na itinuturo bilang pattern sa kung paano ipahayag ang magandang balita sa isang kultura na pagano o hindi mananampalataya. Pero kung susuriin nating mabuti, may kakaibang ginawa si Pablo sa sermon na iyon. Hindi niya ipinahayag ang magandang balita ni Cristo! Ang inilatag lang niya ay ang masamang balita tungkol sa kasalanan ng tao.

"Nakakita ako ng isang dambana para sa Diyos na hindi ninyo kilala. Tungkol sa Diyos na ito ang ipapahayag ko," 'yan ang sinabi ni Pablo sa kanila bilang panimula. Tapos ay ipinaliwanag niya sa verses 24–28 na mayroon ngang Diyos, at ang Diyos na ito ang may gawa ng buong sanlibutan, at nararapat lamang na sambahin natin ang Diyos na ito.

Pagkatapos niyang ilatag ang mabigat na katotohanang iyon, ipinaliwanag naman niya sa verse 29 ang konsepto ng kasalanan, na ito ay nanggagaling sa pagsamba sa mga nilalang na bagay sa halip na sa Diyos na may lalang ng lahat. Sinabi rin ni Pablo na hahatulan ng Diyos ang mga nakikinig sa kanya "sa pamamagitan ng isang tao na kanyang hinirang," isang taong muli niyang binuhay (v. 31).

Pagkatapos niyang ipaliwanag ang mga 'yan ay tumigil na siya. Totoo! Basahin mong mabuti. Tumigil na siya at wala man lang siyang sinabi tungkol sa kapatawaran ng mga kasalanan, hindi niya nabanggit ang pagkamatay ni Cristo sa krus, o ang kaligtasan na bigay ng Diyos. Wala! Ang sinabi lang niya ay ang pananagutan ng mga tao sa Diyos at ipinahayag niya ang muling pagkabuhay ng isang tao (na di naman nila kilala) bilang ebidensya ng darating na paghatol ng Diyos sa sangkatauhan. Ni hindi nga binanggit ni Pablo ang pangalan ni Jesus.

Bakit ganun? Bakit parang hindi kumpleto ang pagpapahayag ni Pablo ng gospel dito? Tama kayo, hindi nga kumpleto. Walang good news dito sa sermon ni Pablo, puro bad news lang ang ipinahayag niya. Pero tingnan natin sa mga susunod na talata, sa verses 32–34, kung saan makikita natin na may mga taong gusto raw ulit marinig si Pablo, at may iba na nanampalataya sa Diyos. Malamang ang nangyari rito ay nagkaroon nga ng kumpletong pagpapahayag ng gospel galing kay Pablo—na maaaring maligtas ang mga makasalanan sa paghatol ng Diyos—pagkatapos ng sermon niya sa Areopago.

Maaaring may mga nakipag-usap sa kanya pagkatapos ng sermon niya, sa ibang oras at sa ibang pagkakataon.

Gaya ng ibang mga apostol, kaya rin naman ni Pablo na ipahayag ang gospel na ito sa iba't ibang mga paraan. Pero ang pinakamahalagang maintindihan dito ay mayroon nga talagang mga "core truths"—o mga pangunahing katotohanan—sa gospel. At sa mga sermon at sulat na isinama sa Bible at umabot sa atin, ipinakita nang malinaw kung ano ang mga mahahalagang katotohanang ito. Sa sulat ni Pablo sa mga taga-Roma, sa 1 Corinto, sa mga sermon sa aklat ng mga Gawa, at maging sa ibang mga nasusulat sa New Testament, makikita natin na ginamit ng mga sinaunang Kristiyano ang mga "core truths" na ito sa kanilang pagpapahayag ng magandang balita.

Una ang bad news: ang Diyos ang Hukom, siya mismo ang hahatol sa'yo dahil nagkasala ka laban sa kanya. At pagkatapos nito ay ang gospel (good news): na si Jesus ay namatay para sa kapatawaran ng mga makasalanan, kung pagsisisihan nila ang kanilang mga kasalanan at mananampalataya kay Cristo.

CHAPTER TWO

ANG DIYOS ANG BANAL NA MANLILIKHA

Pwede ko bang ipakilala sa iyo ang diyos? (pansinin ang maliit na letrang *d.*)

'Wag ka lang masyadong maingay, hinaan mo nang konti ang boses mo. Baka natutulog siya. Matanda na kasi siya, alam mo naman, at hindi na siya masyadong nakaka-relate sa mundo natin ngayon. Noong panahon niya, masigla siya at marami siyang ginagawa—yung palagi niyang kinukuwento at sinasabi—pero matagal na matagal na yun bago pa man ipanganak ang karamihan sa atin ngayon. Noon, importante para sa mga lolo at lola natin kung ano'ng sinasabi niya tungkol sa mga bagay-bagay, at mahalagang mahalaga para sa kanila ang kilalanin siya sa buhay. Pero noon yun.

Ang dami nang nagbago sa mundo natin kumpara noon, at ang diyos na ito—kawawa naman talaga—parang hindi nakapag-adjust sa takbo ng panahon. Lahat tayo ay umabante at umasenso na sa buhay, at siya naman ay parang napaglipasan na ng panahon. Ngayon, katulad siya ng lolo o lola natin na palaging tumatambay na lang sa garden, inaalagaan ang mga halaman. Binibisita ko siya paminsan-minsan, nakikinig sa mga kwento niya tungkol sa panahon noon habang katabi ang mga bulaklak na inaalagaan niya. Sinasabi niya na "Iba na

talaga ang panahon ngayon…"

Pero in fairness, marami pa rin naman ang may gusto sa kanya—siyempre ayaw naman nilang masabi ng iba na kinalimutan na nila ang diyos totally. Magugulat ka nga na marami pa rin ang bumibisita sa kanya at humihingi ng advice o tulong. Parang OK lang naman sa kanya ang ganitong sistema, kasi nga nandito naman siya ultimately para tulungan tayo.

Kung ang pagkakakilala mo sa diyos ay masungit at madaling magalit, (gaya ng sinasabi sa mga luma niyang libro)—alam mo yun, yung nilalamon ng lupa ang mga makasalanan at umuulan ng apoy sa bayan ng masasama—magpasalamat tayo na hindi naman na nangyayari ang mga yun sa panahon ngayon. Lumipas na siguro yung pagiging magagalitin niya dahil tumanda na nga siya. Sa panahon ngayon, kilala siya ng mga tao bilang jolly at low-maintenance na kaibigan. Mahinahon na siya, madaling pakisamahan at laging nandiyan 'pag kailangan mo ng kausap—kasi madalas namang tahimik lang siya at walang sinasabi. At kung may gusto man siyang sabihin, usually gumagamit siya ng mga "signs" o ginagamit niya ang "universe" para sabihin sa'yo na OK lang ang ginagawa mo sa buhay, sundin mo lang ang puso mo, gawin mo kung saan ka masaya. Talaga namang masarap siyang maging friend, 'no?

Pero alam mo ba yung pinakamagandang bagay tungkol sa kanya? Hindi niya ako hinuhusgahan. Hindi siya judgmental—hindi siya ganun, kailanman. Siyempre, alam ko naman na

gusto niya talagang maging mas maayos ako—maging mas mapagmahal, mas mabait, hindi maramot at marami pang iba—pero realistic siya eh. Naiintindihan niya ako. Alam niya na tao lang ako at wala namang perfect. Sigurado ako na OK lang naman sa kanya 'yan. Isipin na lang natin na ang trabaho niya ay patawarin tayo. "God is love," 'di ba? At ang love naman talaga ay hindi judgmental, laging nagpapatawad. Ito yung diyos na kilala ko. Ito ang klase ng diyos na gusto ko, wala nang iba.

'Wag kang maingay, ha? Papasok na tayo. 'Wag kang magalala, hindi naman tayo magtatagal. Promise. Masaya siya kapag paminsan-minsan ay bumibisita tayo. Mabilis lang 'to.

Mga Assumptions Natin tungkol sa Diyos

Okay, sige. Tama na. Kung hindi mo pa rin naiintindihan, joke lang yung naunang section. Pero sa totoo lang, iniisip ko kung malayo ba talaga 'yan sa iniisip ng mga tao tungkol sa Diyos. Paano ba nila tinitingnan ang Diyos? Kahit yung mga nagsasabing sila ay Kristiyano, malayo ba 'yan sa iniisip nila tungkol sa Diyos, o parang ganyan lang din naman—na siya ay isang mabait, magiliw, medyo outdated at medyo clingy na lolo na mahal na mahal ka. May mga tinuturo siya sa'yo, may mga utos siya, pero hindi naman siya mapilit. Ayos lang sa kanya na hindi mo siya masyadong pansinin kung wala ka namang oras para sa kanya, kasi sobrang understanding naman siya. Naiintindihan niya na tao lang tayo, nagkukulang at nagkakamali. Mas understanding pa nga siya kung

ikukumpara sa ating lahat.

May panahon noon na kahit yung mga hindi Kristiyano, hindi man nila tinatawag ang kanilang mga sarili na mga Kristiyano, meron silang basic na pagkakakilala sa Diyos at sa mga katuruan ng Bible tungkol sa kanya. Natural na bahagi ito ng kultura sa panahon noon at—tulad ng ginawa ng mga apostol sa mga Judio na kinakausap nila—kapag nagpahayag ka ng gospel, pwede kang mag-isip ng mga assumptions dahil may alam naman ang mga tao tungkol sa Diyos.

Hindi na ito totoo sa panahon natin ngayon. Lumaki ako sa isang maliit na bayan sa Texas (USA), at madalas kapag ibinabahagi ko ang gospel sa kanila, halos pwede na nila akong sabayan sa pagpapaliwanag dahil maraming beses na nilang narinig ito. Pero noong lumipat ako sa New Haven, Connecticut para mag-aral ng college, parang ibang mundo ang napuntahan ko. Doon ay napapaligiran ako ng mga taong lumaki at tumanda na hindi kilala ang Diyos, at laging nilalabanan ang mga sinasabi ko sa kanila. Naaalala ko yung unang beses na may lumapit sa akin, binati niya ako dahil nabanggit ko ang Diyos. Ang sabi ba naman niya ay, "Totoo ba o nagbibiro ka lang? Naniniwala ka sa mga ganyan?" At natawa na lang siya sa akin.

Nangyari 'yan nang ilang mga beses sa ilang mga taon na doon ako nanirahan. Sa katagalan, natuto na lang akong sagutin sila ng "Oo naman. Naniniwala ako sa Diyos." Pero isa rin sa mga natutunan ko ay yung huwag mag-assume agad kung ano ang alam ng mga tao tungkol sa Diyos. Kung ipapahayag

ko ang gospel ni Jesu-Cristo sa panahon ngayon, kailangang simulan ko sa pinakasimula ng lahat—kung sino ba ang Diyos.

Maaaring naglaan ka ng mahabang panahon sa pag-aaral ng Salita ng Diyos at marami ka na talagang nalalaman tungkol sa Diyos (maganda 'yan, dapat lang!), pero hindi mo naman kailangang sabihin ang lahat-lahat ng nalalaman mo para ibahagi nang maayos ang gospel. May ilan lang na mahahalagang katotohanan tungkol sa Diyos na kailangang maintindihan ng isang tao para makita niya ang pinagmumulan ng good news na pinaniniwalaan ng mga Kristiyano. Tingnan mo ito sa ganitong paraan: may good news bago ang bad news, at bad news muna bago ang pinaka-Good News!

Dalawang katotohanan ang kailangan nating linawin agad-agad—ang Diyos ang lumikha ng lahat, at ang Diyos ay banal at matuwid.

Ang Diyos na Lumikha ng Lahat

Dito nagsisimula ang mensahe ng buong Christianity, at dito rin nagsisimula ang Bible—na "nilikha ng Diyos ang langit at ang lupa." Lahat ay dito nagsisimula, at kapag nagkamali tayo sa point na 'to, malamang ay mali na rin ang lahat ng susunod—tulad ng isang palaso o arrow na mali ang tinamaan dahil mali ang inaasinta ng pana.

Ang aklat ng Genesis ay nagsimula sa kuwento ng paglikha ng Diyos sa mundo: mga bundok at mga lambak, mga hayop at mga isda, mga ibon at mga gumagapang sa lupa, lahat

ay nilikha niya. Nilikha rin ng Diyos ang buong universe: ang buwan at mga bituin, mga planeta at mga galaxy. Lahat ng ito ay nilikha sa pamamagitan ng kanyang salita, at lahat ng ito ay nilikha mula sa *wala*. Walang "raw materials" na ginamit ang Diyos para buuin at hulmahin ang iba't ibang mga bagay na ginawa niya. Ang sabi sa Genesis, sinabi lang niya at dahil sa kapangyarihan ng kanyang salita, nalikha at naging totoo yung mga sinabi niya. "Magkaroon ng liwanag!" sabi ng Diyos. At nagkaroon nga.

Maraming mga passages sa Bible ang nagsasabi na ang lahat ng nilikha ng Diyos ay patunay lamang ng kanyang kapangyarihan at kaluwalhatian. "Ang kaluwalhatian ng Diyos ay ipinapahayag ng kalangitan!" sabi sa Awit 19:1. "Ang ginawa ng kanyang kamay, ipinapakita ng kalawakan!" Sabi ni Pablo sa Roma 1:20 na ang "kanyang likas na hindi nakikita, ang kanyang kapangyarihang walang hanggan at ang kanyang pagka-Diyos, ay maliwanag na inihahayag ng kanyang mga ginawa." Kung naranasan mo nang tumayo sa gilid ng napakataas na bangin at nakikita mo ang mga ibon na lumilipad sa ilalim ng bangin na iyon habang ang mga ulap ay lumulutang sa itaas mo, siguradong alam mo ang sinasabi ni Pablo rito. Kung naranasan mo nang makita ang isang bagyo na papalapit sa lugar ninyo o kahit sa video lang, at naramdaman mo ang takot sa puso mo, siguradong naiintindihan mo ang ipinapahiwatig ni Pablo rito. Tuwing pinagmamasdan natin ang buong kalikasan—ang lahat ng nilikha ng Diyos—manliliit tayo, dahil sumisigaw ito sa puso

ng tao, sinasabi na "Hindi ikaw ang bida rito!"

Habang lumilipas ang mga araw sa kuwento ng paglikha sa Genesis 1, lumalawak din ang saklaw at kahalagahan ng mga nililikha ng Diyos. Nauna ang paglikha ng liwanag, sumunod ang karagatan, at sumunod naman ang kalupaan. Pagkatapos niyan ay nilikha ang araw at buwan, ang mga ibon at isda at mga hayop. At pagkatapos ng lahat ng 'yan, sa dulo ng paglikha, nilikha ng Diyos ang lalaki at babae—ito ang tugatog ng kanyang paglikha.

> Pagkatapos, sinabi ng Diyos: "Ngayon, likhain natin ang tao ayon sa ating larawan, ayon sa ating wangis. Sila ang mamamahala sa mga isda, sa mga ibon sa himpapawid at sa lahat ng hayop, maging maamo o mailap, malaki o maliit." Nilalang nga ng Diyos ang tao ayon sa kanyang larawan. Sila'y kanyang nilalang na isang lalaki at isang babae. (Gen. 1:26–27)

Anuman ang iniisip mo o paniniwala mo tungkol sa kuwentong ito sa Genesis 1, malinaw at matindi ang ipinapahiwatig na katotohanan ng kuwentong ito—na ang Diyos ang lumikha ng buong mundo, at ang Diyos ang lumikha sa *iyo*. Hindi makapangyarihan ang mundo at hindi ito ang pinakamahalaga, lahat ng ito ay nagmula sa isipan, salita at kamay *ng* Diyos. Sa panahon ngayon, ang katotohanang ito ay hindi katanggap-tanggap, at marami ang sumasalungat dito. Ito ay salungat sa nihilism na tanggap na ng karamihan sa mga tao ngayon, na nagsasabing walang dahilan ang lahat,

walang purpose ang buhay ng tao at ang lahat ay patungo sa pagkawasak. Pero malinaw ang katotohanang sinasabi ng Bible, na ang lahat ng bagay sa buong universe ay may purpose, kasama dun ang mga tao. Hindi tayo sumulpot lang dahil sa isang random chance o genetic mutation, o aksidenteng pagkakaayos ng mga chromosomes. Tayo ay nilikha! Ang bawat isa sa atin ay nanggaling at resulta ng kaisipan, plano, at paglikha mismo ng Diyos. Kaya naman masasabi natin na may dahilan at may kaakibat na responsibilidad ang buhay ng mga tao (Gen. 1:26–28).

Walang ni isa man sa atin ang pwedeng magsarili, hindi tayo nabubuhay para sa sarili lamang, at kailangan natin itong maintindihan para maging malinaw sa atin ang gospel. Palagi tayong nakakarinig ng mga usap-usapan tungkol sa karapatan at kalayaan ng tao. Pero kung pag-iisipan natin yung katotohanang nakapaloob sa kuwento sa Genesis 1, maiintindihan natin na hindi naman talaga tayo malaya para gawin ang lahat ng gusto natin. May lumikha sa atin. Tayo ay nilikha. Ibig sabihin nito, may nagmamay-ari sa atin.

Dahil nilikha tayo ng Diyos, may karapatan siya na sabihin sa atin kung paano tayo dapat mamuhay. Kaya nga sa hardin ng Eden, sinabi niya kina Adan at Eba kung aling mga prutas ang maaari nilang kainin, at alin naman ang hindi nila dapat kainin (Gen. 2:16–17). Hindi naman ito dahil sa nagmamayabang ang Diyos at gusto lang niyang makita sina Adan at Eba na sunud-sunuran sa kanya, parang power trip lang tulad ng panganay na kapatid na kinakaya

ang bunsong kapatid. Hindi ganun. Sinasabi ng Bible na ang Diyos ay mabuti. Alam niya ang makabubuti para sa kanyang mga nilikha, kaya nga binigyan niya sila ng mga utos at mga warnings para sa kanilang ikasasaya at ikabubuti.

Kinakailangan talaga ang pag-unawa sa katotohanang ito kung gusto ng isang tao na maintindihan ang magandang balita ng Christianity. Ang gospel kasi ang sagot ng Diyos sa bad news ng kasalanan, at ang kasalanan ay ang pagsuway at pagrerebelde ng mga tao sa karapatan ng Diyos na sabihin kung paano sila dapat mamuhay—pagtanggi na siya ang manlilikha at nagmamay-ari sa atin. Kaya nga dito dapat nagsisimula ang lahat ng usapan tungkol sa buhay ng tao, ito kasi ang pangunahing katotohanan: na nilikha tayo ng Diyos. At dahil dun, siya ang nagmamay-ari sa atin.

Ang Diyos ay Banal at Matuwid

Kung ilalarawan mo ang Diyos, sa maikli pero malinaw na mga pananalita, paano po ipapaliwanag ang katangian ng Diyos? Siya ba ay mabuti at mapagmahal? Siya ba ay mahabagin at mapagpatawad? Lahat naman 'yan ay totoo. Noong hiniling ni Moises na magpakilala ang Diyos sa kanya at ipakita ang kanyang kaluwalhatian, ito ang sinabi ng Diyos:

> Akong si Yahweh ay mahabagin at mapagmahal. Hindi ako madaling magalit; patuloy kong ipinadarama ang aking pag-ibig at ako'y nananatiling tapat. Tinutupad ko ang aking pangako maging sa libu-libo, at patuloy

kong pinapatawad ang kanilang kasamaan, pagsuway at pagkakasala. (Ex. 34:6–7)

Napakasarap pakinggan, 'di ba? Kapag nagpapakilala ang Diyos sa atin at ipinapakita niya ang kanyang kaluwalhatian, ito pala ang sinasabi niya mula sa kanyang puso—na siya ay mapagmahal at mahabagin. Hindi siya madaling magalit, bagkus ang kanyang pag-ibig at katapatan ay nanatili. Ang ganda!

Pero hindi diyan natapos yung passage na 'to, may kasunod pa 'yan na madalas nakakaligtaan natin, dahil siguro hindi ito kasinggandang pakinggan tulad nung naunang sinabi niya. Alam mo ba kung ano ang sinabi ng Diyos kay Moises pagkatapos niyang magpakilala bilang isang mahabagin at mapagmahal na Diyos?

Ngunit hindi ko pinalalampas ang kasalanan. (v. 7)

Basahin mo ulit at tingnan mo 'yan nang mabuti, sinisira niyan ang halos kabuuan ng paniniwala ng mga tao sa panahon natin ngayon tungkol sa Diyos. Ang Diyos na mapagmahal at mahabagin ay *hindi pinapalampas ang kasalanan ng mga tao.*

Ang karaniwang pagkakakilanlan kasi ng mga tao sa Diyos ay para bang siya ay isang tamad na janitor. Sa halip na linisin niya nang tuluyan ang dumi at ayusin ang basura ng mundo—ang ating kasalanan, kasamaan, at baluktot na pamumuhay—winawalis lang niya ito sa ilalim ng kama o ng sofa, at umaasa na walang makakapansin o makakakita. Ang totoo, ayaw lang

talaga ng mga tao na maniwala na may ginagawa ang Diyos para parusahan ang kasalanan. "Paparusahan ng Diyos ang kasalanan?" tanong nila. "Paparusahan niya ako sa kasamaan ko? Parang hindi naman niya gagawin yun. Paano siya naging mahabagin at mapagmahal kung sasaktan at pahihirapan niya ako?"

Pag-uusapan natin sa mga susunod na chapters ng librong ito kung ano ang ginawa ng Diyos para ipakita na totoo at walang contradiction yung sinasabi niya sa Exodo 34:6–7—isang Diyos na "pinapatawad ang [ating] kasamaan, pagsuway, at pagkakasala" pero "hindi pinapalampas ang kasalanan"—sa pamamagitan ng pagkamatay ni Jesus sa krus ng kalbaryo. Pero bago pa man tayo makarating sa usapang yun, dapat na nating maintindihan na hindi magkasalungat ang pagmamahal ng Diyos at ang kanyang kabanalan at pagiging matuwid.

Paulit-ulit na sinasabi ng Bible na ang Diyos ay Diyos ng perpektong katarungan at walang bahid na katuwiran. Sabi sa Awit 11:7,

> Si Yahweh ay matuwid at sa gawang mabuti'y nalulugod.

Sabi sa Awit 33:5, "Ang nais niya ay katuwiran at katarungan." At may iba pang mga awit na nagsasabing, "[ang] kaharian niya'y matuwid at salig sa katarungan" (Awit 89:14; 97:2)! Nakikita mo ba ang sinasabi ng mga talatang ito? Ang paghahari ng Diyos sa buong universe, ang kapangyarihan niya at pagiging Diyos niya

sa lahat ng mga nilalang ay nakatatag sa kanyang perpektong katarungan at pagiging matuwid magpakailanman.

Kaya nga mali talagang isipin na ang Diyos ay parang tamad na janitor. Kung ganyan ang description natin sa Diyos, hindi na siya ang makatarungan at matuwid na Diyos na dinedeklara ng Bible. Sa ganyang pagkakakilanlan, siya ay nagiging isang Diyos na itinatago lang ang kasalanan—o di kaya'y pinagtataguan ang kasalanan—sa halip na harapin ito at talunin ito. Kung ganyan man ang Diyos, siya ay isang Diyos na duwag.

Sino ba ang may gusto ng isang Diyos na ganyan? Mahihirapan sa ganitong usapan ang mga taong nagpupumilit na hindi naman daw huhusgahan ng Diyos ang kanilang mga kasalanan, lalo na 'pag nakaharap nila ang matinding kasamaan. Kapag sila ay humarap sa kahindik-hindik na kasamaan, gugustuhin nila agad-agad ng isang Diyos na huhusga sa mga masasama. Isipin mo, gusto ng mga tao na husgahan ng Diyos ang mga mamamatay-tao, pero ayaw nila ng Diyos na huhusga sa sarili nilang kasalanan. "Patawarin n'yo po ako," sasabihin nila, "pero huwag na huwag ninyong papatawarin ang mga kriminal na 'yan!" Ang totoo talaga nito, gusto lang nila na husgahan niya ang iba, basta huwag lang yung sarili nilang kasalanan.

Pero ang sinasabi ng Bible, dahil ang Diyos ay totoong matuwid at makatarungan, huhusgahan niya ang lahat ng kasamaan. Sabi sa Habakuk 1:3,

> Napakabanal ng inyong paningin upang masdan ang kasamaan. Hindi ninyo matitiis ang mga taong gumagawa ng mali.

Kapag tiniis ng Diyos ang kasamaan at hinayaan lang ang kasalanan, mabubuwag ang pundasyon ng kahariang kanyang itinatag. Katumbas ito ng pagtalikod ng Diyos sa kanyang sarili, at hinding-hindi niya gagawin iyon.

Hindi problema para sa maraming mga tao na kilalanin ang Diyos bilang mapagmahal at mahabagin. Madali at masarap kasing paniwalaan 'yan. Tayo namang mga Kristiyano ay hindi nagkulang sa pagdeklara at pagkumbinsi na mahal ng Diyos ang mga tao sa mundo. Pero kung gusto talaga nating maintindihan at ipaintindi itong dakilang gospel ni Cristo na nagbibigay ng buhay, kailangan nating ipahayag na ang mapagmahal at mahabagin na Diyos na ito ay isa ring banal at matuwid na Diyos. At hinding-hindi niya palalampasin, babalewalain, o hahayaan ang kasalanan.

Kasama riyan ang sariling kasalanan natin. Dito ngayon papasok ang bad news.

CHAPTER THREE

ANG MAKASALANANG TAO

Kamakailan lang ay nagbayad ako ng ticket para sa isang parking violation. Hindi naman yun mahirap gawin. Binasa ko lang kung ano ang naging violation ko, tapos nilagyan ko ng check yung box na nagsasabi na "I plead guilty to the violation." Pagkatapos ay sumulat ako ng tseke na worth $35 sa Metropolitan Traffic Citation Department, iniligay ko sa isang envelope, at hinulog ko ito sa mailbox.

Ako ay isa nang ganap na kriminal.

Pero kahit inamin ko na "guilty" ako, nilagyan ko ng check yung box na nagsasabi na "I plead guilty to the violation," parang hindi ko naman ramdam masyado ang pagiging guilty. Makakatulog pa rin naman ako nang maayos kahit napatunayan na lumabag ako sa batas. Hindi rin naman mabigat sa loob ko na para bang kailangan kong humingi ng tawad sa kaninuman. At sa totoo lang, medyo naiinis pa nga ako na mas mataas yung binayaran ko ngayon kaysa sa mga naunang parking violations ko.

Bakit nga ba parang hindi ako nalulungkot sa paglabag ko sa batas? Siguro nga dahil, kung pag-iisipan mo, hindi naman talaga mabigat para sa akin ang isang parking violation. Hindi naman ito karumal-dumal na krimen. Oo naman siyempre,

hindi ko na ito gagawin ulit next time, pero hindi naman sobrang stressed ang konsensya ko sa buong nangyari.

Sa nagdaang mga taon, napansin ko na karamihan sa mga tao ay may ganito ring kaisipan sa isyu ng kasalanan—lalo na yung sarili nilang kasalanan—na para bang parking violation lang. Iniisip natin na "Oo naman siyempre, totoo naman talaga na ang kasalanan ay paglabag sa batas na inatas ng Diyos sa atin. Pero ako lang ba ang kailangang parusahan? Siguradong alam niya na may iba pa riyan na may nagawang kasalanan na mas mabigat kaysa sa nagawa ko. Wala naman akong nasaktan, at babayaran ko naman ang kailangang bayaran. Kailangan ba talagang gawing big deal ang bagay na 'to? Hindi naman na siguro."

Kung ganyan nga kababaw ang pagtingin mo sa kasalanan, malamang ay hindi mo nga ito ituturing na mabigat na problema. Pero ang sinasabi kasi ng Bible, ang kasalanan ay hindi lang isang simpleng traffic violation. Ito ay pagkasira ng relasyon natin sa Diyos at pagtalikod natin sa Diyos mismo—pagtanggi sa paghahari, pag-aalaga, pamamahala, at karapatan ng Diyos sa kanyang mga nilalang. Sa madaling salita, ang kasalanan ay pagrerebelde ng mga nilalang sa Diyos na lumikha sa kanila.

Ano ba ang Nangyari?

Noong nilikha ng Diyos ang tao, ang layunin niya ay ang mamuhay at manatili sila sa ilalim ng kanyang matuwid na paghahari dahil dito nila mararanasan ang wagas na

kasiyahan, sumasamba sa kanya at sumusunod sa kanya. Nais ng Diyos na mamuhay sila na kasama siya sa lahat ng oras. Kagaya nga ng napag-usapan natin sa last chapter, nilikha ng Diyos ang lalaki at babae na ayon sa kanyang larawan. Ang ibig sabihin nito ay ginawa sila para mamuhay na kawangis ang Diyos, magkaroon ng relasyon sa Diyos, at ideklara ang kaluwalhatian ng Diyos sa buong mundo. Binigyan din sila ng Diyos ng trabaho—ang maging tagapamahala ng mundong ginawa ng Diyos. "Magpakarami kayo," ang sabi ng Diyos sa kanila, "at punuin ninyo ng inyong mga anak ang buong daigdig, at kayo ang mamahala nito. Binibigyan ko kayo ng kapangyarihan sa mga isda sa tubig, sa mga ibon sa himpapawid, at sa lahat ng mga hayop na nasa ibabaw ng lupa" (Gen. 1:28).

Pero ang pamamahala ng lalaki at babae sa mundo ay hindi higit sa lahat, dahil hindi naman sa kanila nagmumula ang kapamahalaang ito—ito ay ibinigay lamang sa kanila ng Diyos. Kaya kahit si Adan at si Eba ang naging tagapamahala ng mundo, kailangan nilang tandaan na sila ay dapat pa ring sumunod sa Diyos at sa kanyang paghahari. Siya ang lumalang sa kanila, at dahil diyan nasa kanya ang lahat ng karapatan para atasan at utusan ang mga tao na gawin ang kanyang kalooban.

Ang puno na nagbibigay ng kaalaman tungkol sa mabuti at masama na inilagay ng Diyos sa gitna ng hardin ay mabigat na paalala sa katotohanang ito (Gen. 3:17). Tuwing titingnan ni Adan at ni Eba ang punong ito at ang bunga nito, naaalala

nila na ang kanilang kapamahalaan ay may hangganan. Sila ay mga nilalang, at kailangan nila ang biyaya ng Diyos araw-araw para sila ay mabuhay. Sila ay mga katiwala lamang. Ang Diyos ang Hari.

Kaya noong kinain ni Adan at ni Eba ang prutas na pinagbawal ng Diyos, hindi ito maliit na bagay lang, hindi ito simpleng paglabag sa isang mababaw lang na utos na, "Huwag ninyong kainin 'yan." May ginawa silang mabigat at sobrang malubha. Sa ginawa nilang paglabag, tinalikuran nila ang kapamahalaan ng Diyos sa kanila, na para bang sinasabi nila na hindi na nila kailangan ang Diyos. Gaya nga ng ipinangako ng Ahas sa kanila, ginusto ni Adan at ni Eba na maging "parang Diyos," kaya hindi nila pinalagpas ang pagkakataon, ginawa nila ang bagay na sa tingin nila ay magbibigay ng wagas na kapangyarihan sa kanila—na hindi lang maging tagapamahala kundi maging hari na katulad ng Diyos. Isipin mo, sa buong universe, isang bagay lang ang hindi inilagay ng Diyos sa ilalim ng pamamahala ni Adan—ito ay ang Diyos mismo. Pero naisip ni Adan na parang kulang ang kapangyarihan na ibinigay ng Diyos sa kanya, kaya nagrebelde sila laban sa Diyos.

Ang pinakamasaklap dito, sa paglabag nila sa utos ng Diyos, ipinakita ni Adan at ni Eba ang kanilang tahasan, direkta at sadyang desisyon na talikuran ang paghahari ng Diyos. Alam naman kasi nila ang mangyayari kapag sumuway sila sa utos ng Diyos. Malinaw na sinabi ng Diyos na kapag kinain nila ang prutas na iyon, sila ay mamamatay.

Ang ibig sabihin niyan, sila ay itataboy sa presensya ng Diyos at ituturing silang kaaway ng Diyos, sa halip na kaibigan at mamamayan ng kaharian ng Diyos (Gen. 2:17). Pero wala silang pakialam sa kahihinatnan nito. Ipinagpalit ni Adan at ni Eba ang kasiyahan ng Diyos sa kanila sa makasariling mga bagay, para makuha ang sarili nilang kagustuhan at kaluwalhatian.

Ang tawag ng Bible sa hindi pagsunod sa utos ng Diyos—sa salita man, sa isip, o sa gawa—ay "kasalanan." Ang literal na ibig sabihin ng salitang kasalanan (sin) ay "pagmimintis sa target," pero mas malalim at mas mabigat ang biblical na ibig sabihin ng salitang ito. Kung aalalahanin natin yung ginawa ni Adan at ni Eba, hindi naman kasi nila ginawa ang lahat para masunod ang utos ng Diyos tapos nagmintis lang sila nang sobrang kaunti. Ang totoo, hindi naman sila naka-"asinta" sa gusto ng Diyos, inaasinta nila ang kabaliktaran! Ang layunin at pagnanasa nila ay kabaliktaran sa gusto ng Diyos para sa kanila, kaya sila nagkasala. Malinaw naman ang utos ang Diyos, pero sinadya pa rin nila ang paglabag dito. Sinira nila ang kanilang relasyon sa kanya, at tinalikuran nila ang Diyos bilang kanilang Panginoon.

Ang ginawang kasalanan ni Adan at ni Eba ay talaga namang nakapipinsala sa kanila, sa mga henerasyon na sumunod sa kanila, at sa buong mundo na ginawa ng Diyos. Itinaboy sila palabas ng mala-paraisong hardin ng Eden. Hindi na ilalatag ng mundo ang mga pagkain at mga kayamanan sa harapan nila tulad ng sa hardin. Kailangan na

nilang magtrabaho para makuha ang mga ito—mahirap at mabigat ang trabaho. At dahil nga sa kasalanan nila, tinupad ng Diyos ang pangako niyang kahihinatnan ng sinumang kumain ng prutas—kamatayan. Hindi ito nangyari agad-agad. Nagpatuloy pa ang buhay nila sa mundo—humihinga ang mga bagà, tumitibok ang mga puso, kumikilos ang mga paa. Pero yung espirituwal na buhay nila, ang pinakamahalaga sa lahat, ay namatay agad-agad. Nasira ang relasyon nila sa Diyos, pinasok ng pagkabulok ang kanilang mga puso, at ang mga utak nila ay napuno ng mga makasariling pagnanasa. Hindi na nila makita ang kagandahan at kabutihan ng Diyos dahil ang kanilang mga kaluluwa ay naging tuyot, napuno ng kadiliman. Wala na sa kanila ang espirituwal na buhay na ibinigay ng Diyos sa kanila noong simula, noong ang lahat ng bagay na ginawa ng Diyos ay mabuti pa.

Hindi lang Sila, Tayo rin

Sinasabi rin ng Bible na hindi lang sina Adan at Eba ang makasalanan. Tayong lahat ay makasalanan. Sabi ni Pablo sa Roma 3:23, "Ang lahat ay nagkasala, at walang sinumang nakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos." Sa mga naunang talata sinabi rin niya, "Walang matuwid, wala kahit isa" (3:10).

Maraming mga bagay tungkol sa gospel ni Jesu-Cristo ang mahirap pakinggan at hindi kayang tanggapin ng mga tao, at isa ito sa pinakamabigat. Sa puso ng mga taong naniniwala pa rin na sila ay mabait naman at kayang buhayin ang kanilang sarili, itong sinasabi ng gospel na ang mga tao ay

talaga namang makasalanan at suwail ay hindi lang mahirap tanggapin. Para sa kanila, ito ay nakakagigil.

Kaya nga napakahalaga na maintindihan natin ang totoong lalim at bigat ng ating kasalanan. Kapag isinama natin sa katotohanan ng gospel ang malabnaw na definition ng kasalanan o iba sa sinasabi ng Bible, malaki ang posibilidad na hindi natin maiintindihan talaga ang magandang balita na dala ni Cristo. Bibigyan ko kayo ng ilang mga halimbawa ng maling pagkakaintindi sa kasalanan.

Ang Kasalanan ay Hindi ang mga Epekto ng Kasalanan

Sa panahon ngayon, nagiging uso na yung ganitong paliwanag sa gospel: na dumating si Jesus para iligtas tayo sa damdamin na punô ng kahihiyan, buhay na walang direksyon, o buhay na walang kabuluhan. Sinasabi rin madalas na ang gospel daw ay ang pagliligtas sa atin ni Cristo mula sa buhay na walang kahulugan. Totoo naman na ang guilt, emptiness, at lack of purpose ay mga problema ng karamihan sa mga tao. Pero ang tinuturo ng Bible na pinakamabigat at pangunahing problema ng sangkatauhan—ang mabigat na sitwasyon kung saan kailangan tayong maligtas—ay hindi yung kawalan ng direksyon o kabuluhan ng buhay, o di kaya'y ang kahihiyan at kawalan ng tiwala sa sarili. Ang mga ito ay sintomas lamang ng isang mas malalim at mabigat na problema: ang ating kasalanan. Kailangan nating maintindihan na ang kinalalagyan natin ngayon ay dahil sa sarili nating kagagawan. Sinuway *natin* ang utos ng Diyos. Tinalikuran *natin* ang

kanyang mga sinabi. *Tayo* ay tahasang nagkasala laban sa kanya.

Maaaring mas kaakit-akit nga na sabihin na ang pagliligtas ni Cristo ay kaligtasan mula sa buhay na walang kabuluhan o buhay na puno ng kahihiyan. Maaaring mas madaling hanapan ng gamot ang ganyang mga problema at madaling lunukin, pero mali naman yung gamot na iinumin mo. Sa halip na makatulong, magpapatuloy ka lang sa maling kaisipan na ikaw ang biktima rito, at hindi mo tatanggapin ang katotohanan na ikaw mismo ang kriminal sa usapang ito, ikaw ang makasalanan at kailangang tumanggap ng parusa ng Diyos.

Ang Kasalanan ay Hindi lang isang Nasirang Relasyon

Ang "relationship" ay isang mahalagang salita sa buong kuwento ng Bible. Nilikha ng Diyos ang mga tao para mamuhay sa piling niya. Pero dapat nating maintindihan na napaka-specific ng relationship na dinisenyo ng Diyos para sa pamumuhay ng mga tao sa piling niya—hindi ito relasyon ng mga magkaka-uri at magkakapantay. Kasi kung ganito ang relasyon ng Diyos at ng tao, hindi na natin kailangang isipin pa ang mga batas ng Diyos, ang kanyang paghatol, at ang kanyang kaparusahan na ipapataw sa mga sumusuway rito. Pero hindi pantay ang relasyon ng Diyos at ng tao, ito ay relasyon ng Hari sa kanyang mga nasasakupan.

May mga Kristiyano na ang turing sa kasalanan ay para bang tampuhan lang ng Diyos at ng tao, at ang kailangan

lang nating gawin ay humingi ng tawad at tanggapin ang kapatawaran ng Diyos. Kapag ang kasalanan ay ibinaba natin sa level na parang away lang ng magkasintahan, nasisira ang katotohanan tungkol sa totoong relasyon ng Diyos at ng tao. Kapag ganito kalabnaw ang pag-iisip natin tungkol sa kasalanan, walang batas na sinuway, walang Diyos na tinalikuran, wala ang poot ng Diyos laban sa kasalanan, walang paghatol sa kasalanan, ipinapakita nito na hindi na kailangang may mamatay sa krus para akuin ang poot at parusa ng Diyos.

Sinasabi naman talaga ng Bible na ang kasalanan ang sumira ng relasyon ng Diyos at ng tao, pero kasama rin dun ang pagtalikod sa paghahari ng Diyos. Hindi *lamang* ito pangangalunya (bagaman madalas gamitin ang ganitong larawan kapag pinag-uusapan ang kasalanan); ito rin ay tahasang pagrerebelde laban sa Diyos. Hindi *lamang* ito pagtanggi, ito rin ay pagtataksil. Kapag sinabi nating ang kasalanan ay parang tampuhan lang at hindi sadyang pagtataksil ng mga nasasakupan laban sa isang tapat at mabuting Hari, hinding-hindi natin maiintindihan kung bakit kailangang mamatay ang Anak ng Diyos para ayusin ang relasyon na ito.

Ang Kasalanan ay Hindi "Negative Thinking"

Ang isa pang misunderstanding sa kasalanan ay ang sabihin na ito ay "negative thinking" lamang. Naaalala mo pa ba yung mga quotes sa introduction ng librong ito? Talikuran na ninyo

ang mga makalumang pag-iisip! Think bigger! Gustong ibigay ng Diyos ang favor niya sa inyo, kaya bitawan n'yo na ang mga negative mindset na nagpapabigat lang sa inyo!

Napakadaling tanggapin at nakakapagpalakas ng loob ang mga ganyang statements sa mga taong naniniwalang kaya nilang ayusin ang kanilang mga sarili. Kaya nga mapapansin mo na yung mga leaders na ganito ang mensahe ay mayroong napakalalaking mga churches, kasi maraming gustong makinig sa kanila. Madali lang naman ang formula. Sabihin mo lang na ang kasalanan ay "negative thinking" lang na pabigat sa buhay nila at ito ang hadlang para makamit nila ang kayamanan, kalusugan, at kasiyahan. Pagkatapos ay sabihin mo sa kanila na ang kailangan lang nilang gawin ay labanan ito sa pamamagitan ng "positive thinking" (na may kaunting tulong ng Diyos, siyempre). Kapag ginawa nila ito, bukod sa mawawala ang kanilang mga kasalanan, magiging mas mayaman pa sila! O 'di ba? Madali lang gumawa ng megachurch!

Kadalasan, ang pangako ng ganitong mga leaders ay pera. Minsan naman ay kagalingan sa sakit at minsan ay ibang mga bagay na magpapagaan at magpapaganda ng buhay ng mga tao. Pero kahit ano pa ang sabihin nila, napaka-unbiblical pa rin na sabihin na si Jesu-Cristo ay namatay para lang iligtas tayo mula sa mga "negative thoughts." Sa totoo lang, sinasabi nga ng Bible na masyadong mataas ang tingin natin sa ating sarili, at hindi mababa. Pag-isipan natin ang sinabi ng Ahas kina Adan at Eba. Ano ba ang sinabi niya sa kanila? Sinabi

niya na masyadong negative at mababa ang pagtingin nila sa kanilang sarili. Sinabi ng Ahas na dapat maging positive at taasan pa nila ang pagtingin nila sa kanilang sarili, palawakin ang impluwensya nila, abutin ang kanilang full potential—maging tulad ng Diyos! Sa madaling salita, ang sabi ng Ahas kina Adan at Eba, "Think positive! Think bigger!"

Ano'ng nangyari sa kanila nung ginawa nila yung sinabi ng Ahas?

Iba ang Kasalanang nasa Puso Natin sa mga Kasalanang Ginagawa Natin

Mayroong malaking pagkakaiba yung alam mo lang na makasalanan ka katulad ng ibang mga tao, kumpara sa na-realize mo na ikaw mismo ay talagang nagkasala sa harapan ng Diyos. Hindi naman mahirap para sa mga tao na aminin na marami silang nagawang mga kasalanan (hindi lang isang kasalanan), basta para sa kanila ay iniisip nila na ang mga kasalanan nila ay maliliit lang, mga pagkakamali lang at sila naman ay generally mabait na tao at maayos ang buhay. Parang simpleng mga traffic violations lang, pero hindi ka naman talaga masamang tao.

Hindi na nga tayo nagugulat sa mga kasalanan natin. Alam nating makasalanan tayo, makasalanan naman kasi ang lahat, nakikita natin ang mga kasalanan sa sariling buhay natin at sa buhay ng iba araw-araw. Normal na 'yan para sa atin, nasanay na tayo. Nagugulantang na lang tayo kapag ipinapakita ng Diyos sa atin yung kasalanan na nananahan

sa kaibuturan ng puso natin, parang bulok na basura na nakatambak at tumatakbo sa buong pagkatao natin na hindi natin alam na nandun pala—maruming estero ng kasalanan na hindi naman natin ina-acknowledge na totoong nasa atin, at hindi rin naman natin kayang linisin kung aasa lang tayo sa sarili nating kakayahan. Ganyan ipinapaliwanag ng Bible ang katotohanan tungkol sa kasalanan natin, ito ay malalim at punô ng kadiliman—hindi lamang nakikita sa ating panlabas na anyo, ito rin ay nakatambak sa kaloob-looban ng ating pagkatao.

Sa second floor ng National Museum of Natural History sa Washington, doon makikita ang sinasabing pinakamalaking flawless na quartz crystal ball sa buong mundo. Ang bolang kristal na ito ay mas malaki lang nang kaunti sa isang bola ng basketball, at wala kang makikitang gasgas, galos, o anumang karumihan dito. Perfect talaga. Kadalasan, ganito ang iniisip ng mga tao sa kanilang pagkatao—katulad ng perfect na bolang kristal na iyon. Oo nga't makasalanan tayo, paminsan-minsan ay nalalagyan ng dumi o putik ang pagkatao natin. Pero sa ilalim ng dumi, alikabok, o putik, ang pagkatao naman daw natin ay flawless at perfect pa rin. Konting punas lang ang kailangan.

Kapag ang Bible ang pinagkwento mo tungkol sa pagkatao natin, hindi ganyan kaganda ang lalabas. Sabi ng Banal na Kasulatan, ang pagkatao natin ay hindi flawless at perfect, at ang karumihan natin ay hindi lang sa panlabas. Ang totoo niyan, nag-uumapaw tayo sa kasalanan at nanunuot ito sa

kailaliman ng ating pagkatao. Ang sabi ni Pablo, "sa ating likas na kalagayan, kabilang tayo sa mga taong kinapopootan ng Diyos" (Ef. 2:3). Kasama tayo sa pagkakasala at kasamaan ni Adan (Roma 5). Si Jesus mismo ay ganito rin ang itinuro: "sa puso nanggagaling ang masasamang kaisipan, pagpatay, pangangalunya, pakikiapid, pagnanakaw, pagiging saksi para sa kasinungalingan, at paninirang-puri" (Mat. 15:19). Ang mga kasalanan mo sa salita at sa gawa ay hindi kasamaan na paminsan-minsan lang nangyayari. Lahat 'yan ay bunga ng matinding kasamaan ng puso mo.

Ang bawat aspeto ng ating pagkatao ay nabahiran ng kasalanan, kaya nga tayo'y nasa ilalim ng kapangyarihan nito. Ang ating pag-iisip, ang ating personality, ang mga nararamdaman natin at mga emosyon natin, at maging ang mga pagnanais natin ay alipin lahat ng kasalanan. Kaya nga sinabi ni Pablo sa Roma 8:7, "Kapag itinutuon ng tao ang kanyang pag-iisip sa mga hilig ng laman, siya'y nagiging kaaway ng Diyos sapagkat hindi siya nagpapasakop sa batas ng Diyos, at sadyang hindi niya ito magagawa." Grabe naman 'yan! Grabe naman pala talaga ang kapangyarihan ng kasalanan sa atin, na pati ang isipan at kalooban natin ay nasa ilalim nito. Kaya nga kapag nasa harapan natin ang kaluwalhatian at kabutihan ng Diyos, sadyang tinatalikuran natin ito na para bang tayo'y nandidiri.

Kaya nga hindi talaga sapat na sabihin na iniligtas tayo ni Jesus sa ating mga kasalanan, kung ang tingin naman natin sa ating mga kasalanan ay kakaunting mga pagkakamali lang

paminsan-minsan at iniisip natin na tayo'y malinis naman. Dapat makita natin na ang ating buong pagkatao ay punung-punô ng kasalanan—na tayo ay "patay dahil sa [ating] mga pagsuway at mga kasalanan," gaya ng sabi ni Pablo (Ef. 2:1, 5)—sa gayon ay talagang makita natin na mabuti ang balita na dala ng ebanghelyo, na may paraan pala para tayo ay maligtas.

Ang Aktibong Paghatol ng Diyos sa Kasalanan

Isa sa mga pinakanakakatakot na mga katotohanang sinasabi ng Bible ay nasa Roma 3:19. Sinabi ito ni Pablo sa dulo ng kanyang pagpapaliwanag tungkol sa kasamaan ng buong sangkatauhan—una ang mga Judio, pero kasama rin ang mga Hentil—na lahat ay napasailalim sa kasalanan at wagas ang kasamaan sa harap ng Diyos. Pagkatapos niyang sabihin ang mga ito, ganito niya tinapos ang kanyang pagsasalaysay: "upang walang maidahilan ang sinuman, at dahil dito'y mananagot ang lahat sa Diyos."

Naiisip mo ba kung paano ito mangyayari? Paano kaya tayo haharap sa Diyos gayong wala naman tayong maidadahilan, walang mababanggit na depensa o paliwanag sa ating mga nagawa, walang excuse sa ating mga kasalanan? At paano kaya "mananagot ang lahat sa Diyos"? Malinaw ang sinasabi ng Bible na ang Diyos ay banal at makatarungan, gaya ng napag-usapan natin sa naunang mga chapters. Sigurado na hindi niya palalagpasin ang anumang kasalanan laban sa kanya. Ano ba ang ibig sabihin ng paghatol ng Diyos sa kasalanan? Paano ba niya paparusahan ang kasalanan?

Ang sabi sa Roma 6:23, "Kamatayan ang kabayaran ng kasalanan." Ibig sabihin, sa lahat ng mga kasalanang nagawa mo, kamatayan ang kabayaran. At hindi lang ito pisikal na kamatayan. Ito rin ay kamatayan ng kaluluwa, ang sapilitang paghihiwalay ng ating makasalanan at kahabag-habag na sarili mula sa presensya ng Diyos na makatarungan at banal. Ganito ang pagpapaliwanag ng propetang si Isaias sa mangyayaring ito:

> Ang masasama ninyong gawa ang dahilan ng pagkawalay ninyo sa Diyos. Nagkasala kayo kaya hindi ninyo siya makita, at hindi niya kayo marinig. (Isa. 59:2)

Minsan iniisip ng mga tao na ang ibig sabihin nito ay tahimik lang ang Diyos at hindi natin siya makikita. Malaking pagkakamali ang paniniwalang 'yan. Higit pa riyan ang ibig sabihin nito. Ang sinasabi ng Bible dito ay ang patuloy na paghatol ng Diyos sa kasalanan, at ito ay tunay na nakakatakot. Tingnan natin kung paano ito inilalarawan sa aklat ng Pahayag, kung ano ang mangyayari sa katapusan, sa araw ng paghatol ng Diyos. Ang pitong anghel ay uutusang "ibuhos sa lupa ang…poot ng Diyos," at "tatangis ang lahat ng lipi sa lupa dahil sa kanya" (Pah. 16:1; 1:7). Hihingi sila ng tulong sa mga bundok, "Tabunan ninyo kami at ikubli ninyo kami sa mukha ng nakaupo sa trono, at sa poot ng Kordero! Sapagkat dumating na ang kakila-kilabot na araw ng pagbubuhos ng kanilang poot, at sino ang makakatagal sa harap nito?" (Pah. 6:16–17). Makikita nila si Jesus, ang Hari ng mga hari at Diyos

ng mga diyos, at silang lahat ay matatakot, dahil "paaagusin [niya] mula sa pisaan ng ubas ang alak ng poot ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat" (Pah. 19:15).

Sinasabi rin ng Bible na ang huling hantungan ng mga makasalanang tao na ayaw pagsisihan ang kanilang mga kasalanan at ayaw maniwala sa Diyos ay isang lugar ng panghabang-panahon na kaparusahan na ang tawag ay "impyerno." Sa aklat ng Pahayag, sinasabing ito ay "lawa ng apoy at asupre," at sinasabi naman ni Jesus na ito ay lugar ng "apoy na hindi namamatay" (Pah. 20:10; Mar. 9:43).

Kung ganito ang sinasabi ng Bible tungkol sa impyerno, at kung mabigat ang babala ng Salita ng Diyos tungkol sa lugar na iyon, hindi ko maintindihan kung bakit parang gusto pang sabihin ng mga Kristiyano sa panahon natin ngayon na hindi naman ganoon kabigat ang kaparusahan sa kasalanan. Kung sa aklat ng Pahayag, ipinapakita na paaagusin ni Jesus ang alak ng poot ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat, at si Jesus mismo ay nagbigay ng babala sa mga tao tungkol sa impyerno kung saan "ang apoy ay hindi namamatay...doo'y hindi namamatay ang mga uod na kumakain sa kanila, at ang apoy ay hindi napapatay" (Mar. 9:43, 48), ang hindi ko talaga lubos na mapaniwalaan ay ito, na sasabihin ng isang Kristiyano na hindi naman talaga ganun kagrabe ang impyerno. Bakit natin papababawin ang kakila-kilabot na impyerno? Bakit natin pagagaanin ang pakiramdam ng mga makasalanan sa pamamagitan ng mabulaklak na mga pananalita na nagsasabing hindi naman talaga ganun kahirap sa impyerno?

Hindi Ito Imbento o Gawa-gawa lang

Ang mga paliwanag at kuwento ng Bible tungkol sa paghatol ng Diyos sa kasalanan ay totoong kahindik-hindik at nakakatakot pakinggan. Kaya nga kapag binabasa ng mga hindi mananampalataya ang mga kuwentong ito tungkol sa impyerno, sinasabi nila na nasisiraan ng bait ang mga naniniwala sa ganito. Sino ba naman ang gustong maniwala sa ganyan?

Pero hindi kasi nila nakukuha yung point, hindi nila naiintindihan. Hindi naman natin inimbento ang mga katuruang ito. Hindi naman dahil binabasa natin ang tungkol sa impyerno at pinaniniwalaan natin ang mga katuruang ito ay ibig sabihin na natutuwa tayo na ito ang kahahantungan ng mga makasalanan. Hindi ganun. Mahabag nawa ang Diyos sa atin. Ang totoo, pinag-uusapan natin ang tungkol sa impyerno dahil, sa wakas, naniniwala na tayo sa mga katotohanang itinuturo ng Bible. Naniniwala kami sa mga sinasabi ng Bible na totoo ang impyerno. At naniniwala kami—na may halong takot, pangamba, at kalungkutan—sa sinasabi ng Bible na nasa panganib ang mga mahal namin sa buhay, na maaari silang mapunta sa impyerno at maparusahan dun magpawalang-hanggan.

Ito ang malinaw at nakakalungkot na hatol ng Bible sa sitwasyon nating lahat. Walang ni isa man sa atin ang matuwid, wala kahit isa. At dahil diyan, darating ang araw na lahat tayo ay matatahimik, lahat ng pangungutya at pang-iinsulto natin sa Diyos ay titigil, at ang buong mundo ay mananagot sa kanya.

Pero…

CHAPTER FOUR

JESU-CRISTO, ANG TAGAPAGLIGTAS

Pero. Sa tingin ko, isa ito sa pinakamabigat na salitang pwedeng sabihin ng isang tao. Hindi naman ito mahabang salita, pero kaya nitong burahin lahat ng mga salitang naunang binitiwan. At kapag "pero" ang sumunod sa bad news, tulad nung narinig natin sa katatapos lang na chapter, kaya nitong pawiin ang takot natin at bigyan tayo ng pag-asa. Sa lahat ng salita na maaaring sabihin ng isang tao, ito ang may kakayahang baguhin ang lahat.

- Nag-crash ang eroplano. *Pero* walang namatay.
- Ikaw ay may cancer. *Pero* ito ay madaling magagamot.
- Naaksidente yung sinasakyan ng anak mo. *Pero* hindi naman siya nasaktan.

May mga panahon na hindi dumarating yung *pero*. Natatapos ang pangungusap na walang *pero*, at bad news lang talaga ang natatanggap natin. Kaya nga sobrang saya natin kapag may *pero*, kasi doon natin nakikita ang nakakagulat na pagbabago.

Salamat sa Diyos, buti na lang, hindi natapos ang kuwento sa bad news ng kasalanan ng sangkatauhan at sa paghatol ng Diyos dito. Kung natapos ang Bible sa katotohanang ang

buong mundo ay hahatulan ng Diyos at wala tayong masasabi o magagawa para ipaglaban ang ating mga sarili, wala na talagang pag-asa para sa atin. Wala na, tapos na. Pero (ayan na naman ang salitang 'yan) salamat sa Diyos, hindi pa tapos ang kuwento!

Ikaw ay makasalanan na karapat-dapat hatulan ng Diyos. *Pero* gumawa ang Diyos ng paraan para iligtas ang mga makasalanang tulad mo!

Mga Salitang Nagdadala ng Pag-asa

Sinimulan ni Marcos ang kanyang pagkukwento tungkol sa buhay ni Jesus sa mga salitang ito: "Ito ang simula ng Magandang Balita tungkol kay Jesu-Cristo, ang Anak ng Diyos." Sa simula pa lang, alam na ni Marcos at ng iba pang mga Kristiyano noong panahon nila na ang pagdating ni Jesu-Cristo ay good news na ibinibigay ng Diyos sa isang mundong patay at nasira dahil sa kasalanan. Sa lahat ng kadiliman at kasiraan na dala ng kasalanan, ang pagdating ni Jesus ay isang malakas at dumadagundong na announcement ni Marcos na ang lahat ay magbabago na!

Kahit sa hardin ng Eden pa lang, sina Adan at Eba ay binigyan na ng Diyos ng pag-asa—mga katagang nagbigay ng pag-asa sa gitna ng kalunos-lunos nilang sitwasyon. Hindi pa sobrang malinaw noon, patikim lang, isang maikling pahayag ng pag-asa na makikita natin sa dulo ng paghatol ng Diyos laban sa Ahas.

Ang binhi niya ang dudurog sa iyong ulo,
at sa sakong niya'y ikaw ang tutuklaw. (Gen. 3:15)

Konti lang 'yan, patikim lang, pero 'yan ay pag-asang mapanghahawakan. Ipinahihiwatig ng Diyos kina Adan at Eba na kahit sila ay nagrebelde laban sa kanya, hindi pa tapos ang kuwento. May binitiwan siyang gospel, katiting na good news sa gitna ng kaguluhan.

Ang kabuuan ng Bible ay kuwento kung paanong ang katiting na good news na 'yan ay unti-unting nabuo, parang buto ng halaman na tumubo, sumibol, at yumabong. Sa pagdaan ng ilang libong taon, ginamit ng Diyos ang kautusan at propesiya para ihanda ang mundo na masaksihan ang kanyang makapangyarihang gawa para tuluyang talunin ang Ahas sa pamamagitan ng buhay, kamatayan, at muling pagkabuhay ni Jesu-Cristo. Pagkatapos ng lahat ng ito, ang kasalanang nanggaling kay Adan na dumaloy sa buong sangkatauhan ay magagapi, ang kamatayan na siyang parusa ng Diyos sa kasalanan ng tao ay mamamatay, at ang kampon ng impyerno ay luluhod sa harapan ng Diyos. Ang Bible ay ang kuwento ng matinding paglaban ng Diyos sa kasalanan. Ito ang dakilang kuwento kung paano inayos ng Diyos ang kasiraan na naidulot ng kasalanan, kung paanong inaayos niya ito hanggang ngayon, at kung paano niya lubusang aayusin ang lahat balang araw at ito'y mananatili magpakailanman.

Tunay na Diyos, Tunay na Tao

Lahat ng mga Gospel writers ay nagsimula ng kanilang mga kuwento tungkol sa buhay ni Jesus na ipinakikita na hindi siya karaniwang tao lamang. Ikinuwento ni Mateo at Lucas kung paanong nagpakita ang isang anghel sa dalagang birhen na si Maria at ipinaliwanag sa kanya na siya ay mabubuntis. Hindi makapaniwala si Maria at tinanong niya ang anghel, "Paano pong mangyayari ito gayong ako'y isang birhen?" Ipinaliwanag ng anghel, "Sasaiyo ang Espiritu Santo at mapapasailalim ka sa kapangyarihan ng Kataas-taasang Diyos. Dahil dito, ang isisilang mo'y banal at tatawaging Anak ng Diyos" (Luc. 1:34–35). Mas kagulat-gulat kung paano sinimulan ni Juan ang kanyang kuwento tungkol dito: "Nang pasimula (mga salita na direktang katulad nung nasa Gen. 1:1) ay naroon na ang Salita; ang Salita ay kasama ng Diyos, at ang Salita ay Diyos…Naging tao ang Salita at nanirahan sa piling namin" (Juan 1:1, 14).

Ang lahat ng ito—ang kapanganakan ni Jesus mula sa isang birhen, ang pagtawag sa kanya na "Anak ng Diyos," at ang pagsulat ni Juan sa kanyang ebanghelyo na "ang Salita ay Diyos" at "naging tao ang Salita"—ay para malaman natin kung sino talaga si Jesus.

Sa madaling salita, sinasabi ng Bible na parehas na lubusan ang pagka-Diyos at pagkatao ni Jesus. Ito ay mahalagang maintindihan sa ating pagkakakilala kay Jesus, dahil walang ibang makapagliligtas sa atin kundi ang Anak ng Diyos lamang na lubusang nagpakatao, pero siya pa rin ay lubusan at totoong Diyos. Kung si Jesus ay tao lamang na

katulad natin—katulad natin na lugmok sa mga kasalanan at may kamatayan—hindi niya tayo kayang iligtas. Paano tayo ililigtas sa kamatayan ng isang taong may kamatayan rin? Pero dahil siya ay Anak ng Diyos, siya ay walang kasalanan at katumbas ng Diyos Ama sa lahat ng perpektong bagay, kaya niyang pagtagumpayan ang kamatayan at iligtas tayo sa ating mga kasalanan. Pero siyempre, mahalaga rin naman na si Jesus ay tunay at lubusan na naging tao, dahil siya ang haharap at tatanggap sa paghatol ng Diyos para sa atin. Sabi nga sa Hebreo 4:15, si Jesus ay "nakakaunawa sa ating mga kahinaan" dahil "tulad natin, tinukso siya sa lahat ng paraan, subalit kailanma'y hindi siya nagkasala."

Ang Haring Tagapagligtas Natin ay Narito!

Noong sinimulan ni Jesus ang kanyang ministeryo, dala niya ang isang kagulat-gulat at kapana-panabik na mensahe: "Ito na ang takdang panahon! Malapit nang maghari ang Diyos! Kaya magsisi na kayo't talikuran ang inyong mga kasalanan. Paniwalaan ninyo ang Magandang Balita!"

Kumalat agad ang balita sa buong bansa tungkol sa taong ito na sinasabing dumating na ang kaharian ng Diyos, kaya hindi nagtagal ay dinumog na si Jesus ng mga taong nasasabik at gustong marinig ang "magandang balita" na dala niya. Pero bakit nga kaya excited ang mga tao sa balitang ito?

Sa loob ng maraming siglo, ginamit ng Diyos ang kanyang kautusan at mga propeta sa Old Testament para ipaabot ang kanyang pangako na lilipulin niya ang lahat ng kasamaan

sa mundo at ililigtas niya ang kanyang bayan sa kanilang mga kasalanan. Tuluyan niyang buburahin ang lahat ng lalaban sa kanya at itatayo niya ang kanyang kaharian dito sa mundo. Ang mga pangakong ito ay tutuparin ng Diyos sa pamamagitan ng isang hari na siya ring magliligtas sa kanyang bayan, isang hari na nanggaling sa pamilya at linya ni Haring David. Sa 2 Samuel 7:13, ipinangako ng Diyos kay David na sa angkan niya magmumula ang maghahari sa kaharian ng Diyos magpakailanman. At ito ang sinabi ni Isaias tungkol sa anak ni David na maghahari:

> At siya ay tatawaging
> Kahanga-hangang Tagapayo, Makapangyarihang Diyos,
> Walang Hanggang Ama, Prinsipe ng Kapayapaan.
> Magiging malawak ang kanyang kapangyarihan
> at walang katapusang kapayapaan ang ipagkakaloob
> sa trono ni David at sa kanyang kaharian.
> Itatatag niya ito at pamamahalaan
> na may katarungan at katuwiran
> mula ngayon at magpakailanman. (Isa. 9:6–7)

Kaya nga sobrang excited ang mga tao sa ibinabalita ni Jesus tungkol sa pagdating ng kaharian ng Diyos. Ibig sabihin, narito na ang Haring Tagapagligtas—ang Messiah—na galing sa angkan ni David na matagal na nilang hinihintay!

Paulit-ulit na sinasabi ng mga Gospel writers na ang haring ito na galing sa angkan ni David ay si Jesus mismo.

Isinulat ni Lucas ang sinabi ng anghel kay Maria tungkol sa kapanganakan ni Jesus:

> Siya'y magiging dakila at tatawaging Anak ng Kataas-taasang Diyos. Ibibigay sa kanya ng Panginoong Diyos ang trono ng kanyang amang si David upang maghari sa angkan ni Jacob magpakailanman. Ang kanyang paghahari ay walang katapusan. (Luc. 1:32–33)

Sa Gospel na isinulat naman ni Mateo, nagsimula siya sa pamamagitan ng isang genealogy, ipinakita niya ang angkan na pinanggalingan ni Jesus mula mismo kay Haring David at galing din kay Abraham. Nakakatuwang basahin ang genealogy na ipinakita ni Mateo dahil ito ay hinati niya sa tatlong henerasyon na tig-labing-apat ang elemento. Sa isang Judio, malinaw na ang number na fourteen (labing-apat) ay ang number na makukuha mo kapag pinagsama mo ang value ng mga letters sa Hebrew alphabet na *D-V-D*, o "David." Sa simula pa lang ng kanyang kuwento, isinisigaw na niya, katulad ng lahat ng iba pang mga Kristiyano, na "Si Jesus ay Hari! Siya ang Hari!"

Maganda nga ang Balita, pero Hindi Ito ang Inaasahan ng Lahat

Ang sumunod na mga kuwento sa New Testament ay tungkol sa kung paano itinatag ni Jesus ang kapamahalaan ng Diyos dito sa mundo sa pamamagitan ng paglaban niya sa sumpa ng kasalanan. Pero ang kaharian na itinatag ni Jesus ay hindi ang

kaharian na inaasahan ng mga Judio. Hindi ito ang kanilang hinihintay, at lalong hindi ito ang gusto nilang mangyari. Ang gusto ng mga Judio ay isang hari na magtatatag ng isang political na kaharian na tatalo sa imperyong sumakop sa kanila, ang imperyo ng mga Romano. Pero hindi ito ang gusto ni Jesus, hindi siya nakatingin sa kahariang makamundo. Siya ay nagpapahayag at nagtuturo ng salita ng Diyos, tumutulong sa mga maysakit, nagpapatawad ng mga kasalanan, binubuhay ang mga patay, at malinaw niyang sinabi sa gobernador na Romano, "Ang kaharian ko'y hindi sa sanlibutang ito" (Juan 18:36).

Pero hindi naman niya sinabi na hindi siya maghahari sa mundo. Maghahari si Cristo sa mundong ito, hindi nga lang sa panahon na iyon. Sinabi nga niya sa pinakapunong pari, "Makikita ninyo ang Anak ng Tao na nakaupo sa kanan ng Makapangyarihan at dumarating na nasa mga ulap ng kalangitan" (Mar. 14:62). At sa Pahayag 21, ipinapakita si Jesus na naghahari sa bagong langit at bagong lupa—binago sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihan at pinalaya sa pagkaka-alipin sa kasalanan.

Ang paghahari ni Jesus sa bagong langit at bagong lupa ay tunay na magandang balita—kung kasama ka sa mga makikinabang nito. Pero makikinabang ba tayo sa kaharian ng Diyos kung tayo ay makasalanan? Babalik na naman tayo sa unang problema natin. Hangga't nasa atin ang kasalanan, pagsuway at pagrerebelde laban sa Diyos, hindi natin mararanasan ang kagalakan sa paghahari ni Jesus. Dahil sa

ating mga kasalanan, tayo ay hiwalay pa rin sa Diyos. At dahil dun, hindi sa bagong langit at bagong lupa ang destinasyon natin, kundi sa magpawalang hanggang kaparusahan sa impyerno.

Pero dito makikita kung bakit tunay at sobrang maganda ang magandang balita na dala ng Christianity. Kasi nga, dumating sa mundo ang haring si Jesus hindi lang para itatag ang kaharian ng Diyos, kundi para rin dalhin ang mga makasalanan sa kahariang iyon sa pamamagitan ng kanyang buhay at kamatayan para sa kanila—inialay niya ang kanyang buhay bilang kabayaran ng kanilang mga kasalanan. Siya ang tumanggap ng parusang dapat ay para sa atin, at dahil sa ginawa niya, sigurado na ang kapatawaran sa ating mga kasalanan. Dahil kay Cristo, ang mga rebelde ay itinuring na matuwid sa harapan ng Diyos. Dahil kay Cristo, sila ay maaari nang makibahagi sa mga pangako ng Diyos para sa mga kasali sa kanyang kaharian (Col. 1:12).

Isang Haring Nagdurusa?

"Tingnan ninyo, siya ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan!" Ito ang pahayag ni Juan na Tagapagbautismo, isang propeta na ang suot ay balat ng kamelyo at balang ang kinakain, nang makita niyang papalapit si Jesus sa kanya (Juan 1:29). Ano ba ang sinasabi niya? Kordero ng Diyos? Nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan?

Para sa mga Judio noon, malinaw at alam nila yung sinasabi ni Juan tungkol sa "Kordero ng Diyos na nag-aalis

ng kasalanan." Ito kasi ang inaalala ng mga Judio sa pista ng Paskwa o Passover, ang kamangha-manghang pagliligtas ng Diyos sa mga Israelita mula sa kanilang pagkaalipin sa Egipto, mga labinlimang daang taon na ang nakalipas.

Bilang paghatol laban sa mga Egipcio, nagpadala ang Diyos ng sampung malulubhang salot sa bansa nila. At sa bawat salot na lumipas, nagmatigas pa rin ang hari ng mga Egipcio at hindi niya pinayagang umalis ang mga Israelita. Yung huling salot ang pinakamalala at pinakamabigat sa lahat. Sinabi ng Diyos sa mga Israelita na sa gabing iyon, isang anghel ng kamatayan ang mag-iikot sa bansa ng Egipto at papatayin niya ang lahat ng panganay na anak at hayop. Ang nakakatakot na paghatol na ito ay mangyayari rin sa mga Israelita—kung hindi nila susundin nang mabuti yung sinabi ng Diyos na dapat nilang gawin. Ang bawat pamilya ay dapat magkatay ng isang tupa na walang dungis o kapansanan. At ang dugo nito, gamit ang dahon ng isopo, ay dapat nilang ipahid sa hamba ng pintuan ng mga bahay nila. Kapag nakita ng anghel ang dugo sa pinto ng bahay, lalampasan niya ("pass over") ang bahay na iyon at hindi niya papatayin ang mga panganay na anak at hayop doon.

Ang pista ng Passover—lalo na yung tupa na kinakatay kapag Passover—ay naging isang simbolo para sa mga Judio, na ang kaparusahan ng kanilang mga kasalanan ay maaaring mabayaran sa pamamagitan ng kamatayan ng iba. Ito ang idea ng "penal substitution," na naging basehan ng Old Testament sa kautusan at sistema ng paghahandog. Kaya nga bawat taon,

sa Day of Atonement, ang pinakapunong pari ay pumapasok sa pinakagitna ng templo—ang Dakong Kabanal-banalan o Most Holy Place—at nagkakatay siya ng isang hayop na walang dungis at kapansanan bilang kabayaran para sa mga kasalanan ng mga tao. Nangyayari ito taun-taon, at taun-taon ring pinapalampas ng Diyos ang parusa para sa mga kasalanan ng mga tao dahil sa dugo ng tupa.

Kinailangan ng ilang mga oras at mga araw, pero sa bandang huli ay naintindihan rin naman ng mga tagasunod ni Jesus na ang misyon niya ay hindi lang itatag ang kaharian ng Diyos. Para mangyari ito, kailangan din niyang ialay ang kanyang sarili para sa kanyang bayan—mamatay bilang kabayaran ng mga kasalanan ng kanyang mga tagasunod. Naintindihan nila na hindi lang pala basta isang Hari si Jesus. Si Jesus ay Hari na daranas ng paghihirap para sa kanyang mga ililigtas.

Alam ni Jesus mula pa man noong una ang kanyang dapat gawin, na siya ay mamamatay at ang kanyang buhay ay magiging kabayaran para sa mga kasalanan ng kanyang mga ililigtas. Sinabi na ito ng anghel sa kanyang kapanganakan pa lang na "ililigtas niya ang kanyang bayan sa kanilang mga kasalanan" (Mat. 1:21). Sinabi rin ni Lucas na noong "nalalapit na ang panahong iaakyat si Jesus sa langit, buo na ang kanyang kapasyahang pumunta sa Jerusalem" para isakripisyo ang kanyang buhay (Luc. 9:51). Maraming beses na sinabi ni Jesus ang tungkol sa kanyang kamatayan sa Gospels at sa kanyang mga apostol, at noon ngang sinubukan ni Pedro na pigilan

siya, sinuway siya ni Jesus: "Lumayo ka, Satanas! Hadlang ka sa aking landas" (Mat. 16:23). Buo ang loob ni Jesus na pumunta sa Jerusalem, patungo sa kanyang kamatayan.

Alam at naintindihan din ni Jesus ang kahalagahan at layunin ng kanyang kamatayan. Sa Marcos 10:45, sinabi niya, "Ang Anak ng Tao ay naparito hindi upang paglingkuran kundi upang maglingkod at upang mag-alay ng kanyang buhay para sa ikatutubos ng marami." At sa Mateo 26:27–28, habang kumakain ng huling hapunan kasama ang kanyang mga disipulo, kinuha niya ang kopang may alak at sinabing, "Kayong lahat ay uminom nito sapagkat ito ang aking dugo na katibayan ng tipan ng Diyos. Ito ang aking dugong ibinubuhos para sa kapatawaran ng kasalanan ng marami." Sinabi rin niya, "Iniaalay ko ang aking buhay para sa aking mga tupa…Walang makakakuha ng aking buhay; kusa ko itong ibinibigay" (Juan 10:15, 18). Alam ni Jesus ang dahilan kung bakit kailangan niyang mamatay. Dahil sa kanyang pagmamahal sa mga taong kabilang sa kanya, kusa niyang ibinigay ang kanyang buhay para sa kanila—ang kordero ng Diyos na pinatay para sa kapatawaran ng kanilang kasalanan.

Sa pagtuturo ng Banal na Espiritu, naintindihan din ng mga unang Kristiyano kung ano ang layunin ng pagkamatay ni Cristo sa krus. Ganito ang paliwanag ni Pablo: "Tinubos tayo ni Cristo mula sa sumpa ng kautusan nang siya ay isinumpa para sa atin" (Gal. 3:13–14). Sinabi rin niya, "Alang-alang sa atin, siya'y itinuring na makasalanan upang sa pakikipag-isa natin sa kanya ay maging matuwid tayo sa

harap ng Diyos" (2 Cor. 5:21). Sabi naman ni Pedro, "Sapagkat si Cristo na walang kasalanan ay namatay nang minsan para sa inyo na mga makasalanan, upang iharap kayo sa Diyos" (1 Ped. 3:18). At sinabi rin niya, "Sa kanyang pagkamatay sa krus, pinasan niya ang ating mga kasalanan upang tayo'y mamatay na sa kasalanan at mamuhay nang ayon sa kalooban ng Diyos. Sa pamamagitan ng kanyang mga sugat, kayo'y pinagaling" (1 Ped. 2:24).

Pakinggan natin ang sinasabi ng mga Kristiyanong ito tungkol sa kahalagahan ng pagkamatay ni Jesus. Ang sinasabi nila ay ito: Noong namatay si Jesus, hindi ito bilang parusa sa kanyang sariling mga kasalanan. (Wala naman siyang kasalanan, 'di ba?) Ang pagkamatay niya sa krus ay parusa para sa kasalanan ng mga taong ililigtas niya! Habang siya ay nakabayubay sa krus ng Kalbaryo, inako ni Cristo ang buong bigat ng mga kasalanan nila. Ang paghihimagsik nila laban sa Diyos, ang pagsuway nila sa mga utos ng Diyos, lahat ng mga kasalanan nila ay ipinatong sa kanyang mga balikat. At ang parusa na ipinangako ng Diyos sa kasalanan noon pa man sa Eden—ang parusang kamatayan—ay ipinataw kay Cristo.

Kaya nga ganito ang sigaw ni Jesus sa krus, "Diyos ko, Diyos ko, bakit mo ako pinabayaan?" (Mat. 27:46). Ang Diyos na kanyang Ama, na sa kanyang kabanalan at katarungan ay hindi maaaring manatili ang kasalanan sa kanyang presensya at masyadong dalisay ang mga mata para tingnan ang kasamaan, ay tumingin sa kanyang Anak at nasuklam sa kanyang nakita—ang mga kasalanang inako ni Cristo, mga

kasalanan ng mga taong ililigtas niya. Dahil dito, tinalikuran niya ang kanyang Anak at ibinuhos ang kanyang poot sa kanyang sariling Anak. Ito ang mabigat na katotohanan ng paghatol ng Diyos sa kasalanan, na ang buong bigat ng poot ng Diyos Ama laban sa kasalanan ay ipinataw kay Jesus habang dala-dala niya ang mga kasalanan ng mga taong kanyang ililigtas at siya ang namatay para sa kanila.

Sa propesiya ni Isaias, sinabi na niya na mangyayari ang mga ito, mga pitong daang taon bago nangyari ang lahat ng ito:

> Tunay ngang inalis niya ang ating mga kahinaan,
> pinagaling niya ang ating mga karamdaman.
> Subalit inakala nating iyo'y parusa ng Diyos sa kanya.
> Ngunit dahil sa ating mga kasalanan kaya siya
> nasugatan;
> siya ay binugbog dahil sa ating kasamaan.
> Tayo ay gumaling dahil sa pahirap na dinanas niya
> at sa mga hampas na kanyang tinanggap."
> (Isa. 53:4–5)

Nakikita mo ba ang kahalagahan nito? Nararamdaman mo ba ang bigat ng mga katotohanang ito? Ibig sabihin ng lahat ng ito, ako dapat ang namatay, hindi si Jesus. Ako dapat ang pinarusahan, hindi siya. Pero dinanas niya ang lahat ng ito para sa akin. Siya ang namatay para sa akin.

Lahat ng yun ay mga kasalanan ko, pero siya ang sinugatan. Mga pagkukulang ko, pero siya ang pinarusahan. Kasalanan ko, kapighatian niya. At ang kaparusahan na

ibinigay sa kanya ay nagdala sa akin ng kapayapaan. Ang mga latay ng latigo sa kanya ay nagdala ng lunas at kagalingan sa akin. Ang paghihinagpis niya, nagdala sa akin ng kagalakan.

Dahil sa kamatayan niya, ako ay nabuhay.

Ang Puso ng Ebanghelyo

Ang nakakalungkot dito, ang doktrinang ito ng pagkamatay ni Cristo bilang kahalili natin (substitution) ay isang bahagi ng gospel na inaayawan ng mundo. Nakakadiri para sa mga tao ang idea na si Jesus ang pinarusahan para sa kasalanan ng iba. Maraming mga author ang tinatawag itong "divine child abuse." Pero kung isasantabi natin ang doktrinang ito, para na rin nating tinanggalan ng puso ang ebanghelyo. Totoo naman na maraming itinuturo sa atin ang Bible tungkol sa mga na-accomplish ni Cristo sa kanyang pagkamatay: bilang isang halimbawang dapat tularan (example), bilang pagkakasundo sa pagitan ng Diyos at ng mga tao (reconciliation), at bilang pagtatagumpay (victory). Pero ang pundasyong nasa ilalim ng lahat ng mga ito ay ang katotohanang itinuturo ng lahat ng mga larawang ito—ang penal substitution o yung katotohanang ang kamatayan ni Jesus ay kabayaran para sa ating mga kasalanan. Hindi mo ito pwedeng alisin, o kalimutan, o babawan o di kaya'y gawing "side issue" para mag-concentrate sa ibang mga ideas. Kapag ganyan ang ginawa mo, maraming mga katanungan sa Bible ang hindi masasagot. Bakit mahalaga ang mga paghahandog? Bakit kinailangang dumanak ang dugo ni Cristo? Ano ang nakamtan sa kanyang

pagkamatay? Paano maipapakita ng Diyos ang kanyang habag sa mga makasalanan na hindi sinisira ang kanyang kabanalan at katuwiran? Ano ang ibig sabihin na pinapatawad ng Diyos ang kasamaan, pagsuway at pagkakasala, ngunit hindi niya pinalalampas ang mga makasalanan (Ex. 34:7)? Paano gagawing tama ang katayuan ng makasalanan sa harapan ng isang banal at matuwid na Diyos (Rom. 4:5)?

Ang sagot sa mga katanungang ito ay makikita lamang sa krus ng Kalbaryo, sa pagkamatay ni Jesus bilang kapalit ng kanyang mga iniligtas. Nagiging tama at matuwid ang katayuan ng mga makasalanan sa harapan ng isang banal na Diyos dahil sa kamatayan ni Jesus. Dito lamang makikita ang ganap na pagtatagpo ng kahabagan at kabanalan ng Diyos. Sa pagkamatay ni Cristo, nabigyan ng katuparan ang karapat-dapat na parusa sa mga kasalanan. At dahil sa habag ng Diyos, sa pamamagitan pa rin ni Cristo, tayo ay naligtas.

Siya ay Muling Nabuhay

Siyempre kailangan din nating maintindihan na lahat ng ito ay totoo—at nagiging "good news"—dahil ang haring si Jesus, yung ipinako sa krus, ay hindi nanatiling patay. Siya ay muling nabuhay. Lahat ng agam-agam at pagdududa ng mga disciples ni Jesus noong namatay siya ay nabura sa isang iglap nung sinabi ng anghel sa mga kababaihan, "Bakit ninyo hinahanap ang buháy sa lugar ng mga patay? Wala siya rito, siyay muling nabuhay!" (Luc. 24:5–6).

Kung nanatiling patay si Cristo katulad ng ibang mga

"tagapagligtas" o "propeta" o "teacher," ang kanyang kamatayan ay katulad lang din ng kamatayan natin—wala itong halaga o kahulugan. Ibig sabihin nito, kinain lang din siya ng lupa gaya ng mga taong namatay na at inilibing, at ang lahat ng mga pahayag niya ay walang saysay, walang katotohanan at sa kalauna'y kakalimutan lang. Tayo ay mananatiling walang pag-asa na maligtas sa ating mga kasalanan. Pero hindi 'yan ang nangyari. Noong muling nagkaroon ng hininga ang katawan ni Jesus, noong bumalik muli sa kanyang patay na kalamnan ang buhay, lahat ng kanyang mga pahayag, lahat ng kanyang mga ipinangako, lahat ng kanyang mga itinuro, lahat ng ito ay napatunayang totoo at tama. Wala nang mga tanong. Wala nang pagdududa.

Sa Roma 8, sobrang nagagalak at nagbubunyi si Pablo dahil sa muling pagkabuhay ni Jesus, at ipinaliwanag niya ang ibig sabihin nito para sa mga mananampalataya:

> Sino ang makakapagharap ng paratang laban sa mga hinirang ng Diyos, gayong ang Diyos ang nag-pawalang-sala sa kanila? Sino ang hahatol upang sila'y parusahan? Si Cristo Jesus ba na namatay, ngunit higit sa lahat ay muling binuhay, at ngayon ay nasa kanan ng Diyos upang mamagitan para sa atin? (Roma 8:33–34)

Napakasarap isipin nito—na si Jesus ngayon ay nakaupo sa kanang kamay ng kanyang Ama sa langit, at naghahari sa buong sansinukob! At hindi lang 'yan, si Cristo rin ngayon ay

namamagitan para sa kanyang mga iniligtas, habang tayo ay naghihintay sa kanyang dakilang pagbabalik.

Pero 'di ba't may kailangan pa tayong sagutin? Sinu-sino ba ang kabilang sa "kanyang mga iniligtas"?

CHAPTER FIVE

PANANAMPALATAYA AT PAGSISISI

Naaalala ko na sinubukan kong turuang lumangoy ang anak kong lalaki noong batang-bata pa siya. Hindi pala yun madali. Mga one-year old siya noon, sa bathtub pa nga lang ayaw na niyang lumulubog ang mukha niya, lalo na sa napakalaking swimming pool na tinititigan lang niya at sobrang nakakatakot para sa kanya. Ang ginawa ko, nagsimula muna kami sa tabi ng hagdan sa pool, hinayaan ko siya na magtampisaw hanggang masanay siya sa tubig. Pagkatapos ay tinuruan ko siyang ilapit ang mukha niya sa tubig para mag-blow ng bubbles. Ganoon lang muna.

Di nagtagal, naisama ko na siyang maglakad sa mababaw na parte ng pool. Nakasakay siya sa likod ko at halos sakalin ang leeg ko sa pagkapit, pero okay na rin yun. Nung nasanay na siya, pwede na sa susunod na level—ang tumalon sa tubig mula sa gilid ng pool papunta sa akin. Para tuparin ang aking tungkulin bilang tatay, binuhat ko siya at pinatayo ko siya sa gilid ng pool, at sinabi ko, "Tara, talon ka rito!"

Kitang-kita ko sa mukha niya na ang tingin niya sa akin ay parang nasisiraan na ng bait. Sa mga mata pa lang niya, alam kong lalabanan niya ako sa gusto kong mangyari. Sumimangot siya at sinabing, "Ayaw. Punta ako kay Mommy." At dahil nga

alam ko na responsibilidad ko ito bilang tatay niya, hindi ako sumuko. Nakumbinsi ko siya na tuluyang bumalik sa pool (siguro dahil sa dami ng ipinangako ko sa kanya). 'Eto na nga, moment of truth na.

Tumalon na ulit ako sa tubig at pumwesto sa harapan niya. Alam ko na hindi pa siya sigurado sa gagawin niya, at ipinakita ko na sasaluhin ko naman siya. "Halika na, 'nak," sabi ko. "Nandito lang ako. Sasaluhin kita, promise!" Tiningnan niya ako nang mabuti para siguraduhin na hindi ko siya iiwan. Bumwelo siya, at tumalon na nga sa pool. Hindi naman talaga siya tumalon, parang inilaglag lang niya yung sarili niya sa pool, pero ang mahalaga nagawa na niya.

At sinalo ko siya.

Pagkatapos niyang maranasan sa unang beses ang tumalon sa pool, hindi ko na siya mapigilan. "More, Daddy! More!" So halos mga kalahating oras yata kami sa gilid ng pool na paulit-ulit. Talon, salo, ulit. Talon, salo, ulit.

Medyo natakot lang kami ng asawa ko sa bagong natutunan ng anak namin na pagtalon sa pool. Baka masyado niyang nagustuhan. Paano kaya kung mapadpad siya sa pool nang walang kasama? Iisipin ba niya na kaya na niyang tumalon mag-isa? Tatalon ba siya sa pool kahit wala ako roon?

Sa sumunod na mga araw, pinagmasdan namin siya sa pool, at namangha kami sa nakita namin. Bilang tatay, malaking comfort at encouragement ito sa akin. Hindi kailanman inisip ng anak ko na tumalon sa tubig nang wala ako. Pero kapag nandiyan ako sa harapan niya at nakikita na

niya ang mga kamay ko na handa siyang saluhin, wala siyang takot na tumalon!

Kasi kahit na ilang beses na niyang nagawang tumalon sa pool, hindi naman siya bilib sa sarili niyang abilidad. Ang tiwala niya ay nasa tatay niya, at sa pangako ng tatay niya, "Halika na, 'nak. Tumalon ka na. Nandito lang ako. Sasaluhin kita."

Ano ba ang Pananampalataya at Pagsisisi?

Ikinuwento ni Marcos na sa simula pa lang ng ministeryo ni Jesus, ito na ang kanyang ipinapahayag, "Dumating na ang takdang panahon. Malapit nang maghari ang Diyos! Kaya magsisi na kayo't talikuran ang inyong mga kasalanan. Paniwalaan ninyo ang Magandang Balita!" Ang utos na iyon—magsisi at maniwala—ito ang hinihingi ng Diyos na tugon sa magandang balita ni Jesus.

Sa buong New Testament, mapapansin natin na ito ang itinuturo ng mga apostol sa mga tao, dahil nga ang turo ni Jesus sa mga nakikinig sa kanya ay magsisi sa kanilang mga kasalanan at maniwala sa magandang balita. Si Pedro, noong siya ay nagsalita sa maraming tao noong Day of Pentecost, ay inutusan ang mga tao, "Pagsisihan ninyo't talikuran ang inyong mga kasalanan at magpabautismo kayo sa pangalan ni Jesu-Cristo" (Gawa 2:38).[1] Sa Gawa 20:21, ipinaliwanag naman ni Pablo ang kanyang ministeryo at ganito ang sinabi

[1] Ang pagpapabautismo ay ginagawa bilang tanda o pruweba ng pananampalataya kay Jesus.

niya, "Maging Judio o Griego man ay pinangaralan kong tumalikod sa kasalanan, manumbalik sa Diyos at manalig sa ating Panginoong Jesus." At sa Gawa 26:18, ipinaliwanag niya ang ipinapagawa ni Jesus sa kanya:

> Imumulat mo ang kanilang mga mata, ibabalik sila sa kaliwanagan mula sa kadiliman, ililigtas sila sa kapangyarihan ni Satanas at ibabalik sa Diyos. At sa pamamagitan ng pananampalataya nila sa akin, sila'y patatawarin sa kanilang mga kasalanan at mabibigyan ng lugar kasama ng mga taong ginawang banal ng Diyos.

Pananampalataya at pagsisisi. Ito ang tanda ng mga taong nakay Cristo, o mga "Kristiyano." Sa madaling salita, Kristiyano ang tawag sa taong tumalikod sa kanyang mga kasalanan at nagtitiwala sa Panginoong Jesu-Cristo—sa kanya lamang at wala nang iba pa—para iligtas siya mula sa kanyang mga kasalanan at sa darating na paghatol ng Diyos dito.

Ang "Faith" ay Pagtitiwala

Ang salitang *pananampalataya* o *faith* ay isang salitang hindi na maayos ang pagkakagamit at hindi na pare-parehas ang pagkakaintindi ng mga tao. Magtanong ka sa mga tao sa kalye kung ano ang pananampalataya, maaaring may makapagbigay ng maayos na mga paliwanag pero siguradong iba't ibang mga kahulugan ang maririnig mo. Malamang, ang nasa isip ng mga tao ay ito: ang pananampalataya ay ang paniniwala sa mga

bagay na hindi naman kapani-paniwala talaga, hindi nakikita at madalas ay katawa-tawa pa nga. Kahit anong ebidensya ang ilaban sa paniniwala mo, maniniwala ka pa rin. Ito kadalasan ang ibig sabihin ng faith para sa mga tao.

May isang pagkakataon noon na nanonood kami ng anak ko sa TV ng Macy's Thanksgiving Day Parade. Ang tagline ng event na iyon ay "Believe!" (Maniwala ka lang!). At doon sa stage, mayroong metro na sumusukat daw sa paniniwala ng mga tao, isang Believe-o-meter. Kapag dumaan ang magagarang mga floats na may kasamang mga dancers na naka-costume, o kaya'y mga banda na tumutugtog nang malakas, depende sa palakpakan ng mga tao, unti-unting tataas yung pointer sa metro ng Believe-o-meter. Siyempre ang highlight ng event na ito ay si Santa Claus na nakasakay sa kanyang sleigh na may hugis na parang malaking gansa. Grabe ang palakpakan ng mga tao, at halos parang masisira na yung metro sa Believe-o-meter. May kasama pang mga musikero, mga dancers, nagliliparang mga confetti at nagsisigawang mga bata—pati mga matatanda ay nagsisigawan!—parang naniniwala talaga ang mga kababayan ko na totoo si Santa Claus.

Yung anak kong lalaki ay six years old, at buti na lang, salamat sa Diyos, ay natatawa lang siya sa kalokohan ng mga tao.

Pero parang ganyan nga yata ang tingin ng mundo sa pananampalataya. Parang katuwaan lang na walang koneksyon sa tunay na buhay, parang laro-laro lang na ginagawa ng mga tao kapag masaya at kapag gusto lang nila. May mga naniniwala sa Easter bunny at kay Santa Claus, tulad ng mga bata. May

mga naniniwala na may kapangyarihan daw sa mga bato at mga kristal. May mga naniniwala naman sa mga diwata. At yung mga Kristiyano, sila rin ay may pinaniniwalaan, si Jesus.

Pero kapag binasa mo ang Bible, makikita mo na ang pananampalataya pala ay hindi katulad ng mga ginagawa nila, na katuwaan at parang laro-laro lang. Ang pananampalataya ay hindi paniniwala sa mga bagay na hindi mo kayang patunayan, gaya ng sinasabi ng karamihan sa mga tao. Sa Bible, ang pananampalataya ay *pagtitiwala*. Isa itong matibay na pagtitiwala sa mga pangako at mga katotohanang si Jesus ay tunay na namatay at muling nabuhay para iligtas ka sa iyong mga kasalanan.

Sa Roma 4, sa kanyang kuwento tungkol kay Abraham, ipinaliwanag ni Pablo kung ano ang ibig sabihin ng pananampalataya. Dito niya inilarawan kung anong klaseng pananampalataya ang mayroon si Abraham:

> Kahit wala nang pag-asang magkaanak, nanalig pa rin si Abraham na siya'y magiging ama ng maraming bansa, ayon sa sinabi sa kanya, "Sindami ng mga bituin ang iyong magiging lahi." Hindi nanghina ang kanyang pananampalataya kahit uugud-ugod na siya, palibhasa'y isandaang taon na siya noon, at ang kanya namang asawang si Sara ay baog. Hindi siya nag-alinlangan sa pangako ng Diyos. Sa halip, lalo siyang lumakas dahil sa kanyang pananampalataya at nagpuri pa sa Diyos. Lubos siyang naniwala na tutuparin ng Diyos ang ipinangako nito. (Roma 4:18–21)

Kahit na ang sitwasyon niya ay parang salungat sa ipinangako ng Diyos sa kanya—napakatanda na ni Abraham, napakatanda na rin ng asawa niya, at baog pa ang kanyang asawa—si Abraham ay naniwala pa rin sa mga sinabi ng Diyos sa kanya. Buong puso siyang nagtiwala sa Diyos at inasahan niya na tutuparin ng Diyos ang kanyang mga pangako. Pero hindi perfect ang pananampalataya ni Abraham, dumaan din siya sa panahon na pinagdudahan niya ang Diyos, kaya nagkaroon siya ng anak kay Hagar na si Ismael, dahil pinangunahan niya ang Diyos at binalak niyang gawan ng paraan ang katuparan ng mga pangakong ibinigay sa kanya. Pinagsisihan niya ang kasalanang iyon, at ibinalik niya ang kanyang pananampalataya sa Diyos. Nagtiwala siya sa Diyos, at sabi nga ni Pablo ay "lubos siyang naniwala na tutuparin ng Diyos ang mga ipinangako niya."

Ganito rin ang hinihingi sa atin ng ebanghelyo ni Jesu-Cristo—na tayo ay manampalataya kay Jesus, manalig sa kanya, at magtiwala na gagawin niya ang kanyang mga ipinangako.

Manampalataya na Tayo ay Mapapawalang-sala

Pero kung mananalig tayo kay Jesus, mananalig para saan? Ano ba ang inaasahan nating mangyari? Sa simpleng pananalita, tayo ay nagtitiwala sa kanya na kaya niya tayong mapawalang-sala sa paghatol ng Diyos Ama—"not guilty."

Ganito kasi 'yan, ipapaliwanag ko. Sinasabi kasi ng Bible na ang higit na kailangan ng bawat tao ay ang maituring na

matuwid—at hindi masama—sa paningin ng Diyos. Pagdating ng panahon ng paghatol ng Diyos, tayo ay nasa desperadong sitwasyon, gusto nating tayo ay madeklarang "not guilty" at hindi "guilty," kasi nga ang hatol ng Diyos sa mga makasalanan o sa mga taong guilty sa kasalanan ay walang katapusang kaparusahan sa impyerno. Kapag tayo ay ipinahayag na "not guilty," ito ang tinatawag ng Bible na pagiging "justified." Ang justification ay deklarasyon ng Diyos na tayo ay matuwid na sa kanyang harapan at hindi na guilty—walang kasalanan.

Paano ito mangyayari? Sabi sa Bible, hindi ito magiging posible kung ang titingnan ng Diyos ay ang sarili nating mga buhay. Malaking kalokohan 'yan, kasi nga tayong lahat ay makasalanan. Kung gagawin ito ng Diyos, hindi natin siya kayang kumbinsihin gamit ang sarili nating kakayahan at mga gawa, dahil hindi ito magiging sapat. Kailangang may umako ng responsibilidad natin, at kung sino man iyon, siya dapat ay perpekto at walang bahid ng kasalanan. Dito pumapasok si Jesus at ang ating pananampalataya sa kanya. Nananalig tayo na siya ang tatayo sa harap ng Diyos para sa atin—ang kanyang perpektong buhay na walang bahid ng kasalanan, at kanyang kamatayan sa krus bilang kabayaran ng ating mga kasalanan. Sa madaling salita, tayo ay nagtitiwala na tatanggapin ng Diyos ang perpektong buhay ni Cristo bilang kapalit ng makasalanang buhay natin, at dahil sa kanya, tayo ay ituturing na ng Diyos na matuwid—"not guilty" (Roma 3:22).

Isipin mo na parang ganito yun: Kapag tayo ay nagtiwala

kay Jesus para iligtas niya tayo, tayo ay nakikipag-isa sa kanya, at mayroong napakagandang palitan na nangyayari. Ang lahat ng kasalanan natin, lahat ng tahasang pagrerebelde natin sa Diyos, lahat ng kasamaan natin ay ipinataw kay Jesus, at siya ay namatay dahil dito (1 Ped. 3:18). At kasabay nito, ibinilang na sa atin ang walang bahid at perpektong buhay ni Cristo, at dahil dito ay napawalang-sala tayo—itinuring na tayong matuwid. Kapag tiningnan tayo at hahatulan na tayo ng Diyos, sa halip na mga kasalanan natin ang makikita niya, ang makikita na niya ay ang katuwiran ni Jesus.

Ito ang sinasabi ni Pablo sa Roma 4, na tayo ay "itinuring na matuwid" hindi dahil sa ating mga sariling gawa, at ang ating mga kasalanan ay "pinawi na" (vv. 5, 7). Pero ang pinakamahalagang dapat nating makita dito ay ang nakakagulat na ginawa ng Diyos, na siya ang "nagpapawalang-sala sa makasalanan" (v. 5)! Hindi tayo itinuring na matuwid dahil tayo ay matuwid, dahil hindi naman talaga tayo matuwid. Buti na lang ito ang ginawa ng Diyos, kasi wala naman talagang mapapawalang-sala kung ang titingnan niya ay mga sarili nating gawa! Napawalang-sala tayo sa pamamagitan ng pananampalataya, na dahil sa pananampalataya ay ibinilang sa atin ang matuwid na buhay ni Cristo. Iniligtas tayo ng Diyos dahil lamang sa kanyang biyaya at habag, hindi dahil sa kahit anumang ginawa natin, kundi dahil lamang sa ginawang sakripisyo ni Jesus para sa atin.

May isinulat ang propetang si Zacarias tungkol kay Josue, ang pinakapunong pari, noong binigyan siya ng bagong damit.

Ito ang kanyang isinulat:

> Ipinakita sa akin ni Yahweh ang pinakapunong paring si Josue na nakatayo sa harapan ng anghel ni Yahweh. Siya ay paparatangan ni Satanas na noo'y nasa kanyang kanan. Sinabi ng anghel ni Yahweh kay Satanas, "Hatulan ka nawa ni Yahweh, Satanas. Hatulan ka nawa ni Yahweh na pumili sa Jerusalem. Ang taong ito ay gaya ng isang patpat na inagaw sa apoy." Nakatayo si Josue sa harapan ng anghel at ang suot ay maruming damit. Sinabi ng anghel sa mga naroon, "Hubarin ang gulanit niyang kasuotan." Bumaling siya kay Josue at sinabi, "Nilinis na kita sa iyong kasamaan at ngayo'y bibihisan ng magarang kasuotan." Bumaling muli ang anghel sa kanyang mga inutusan at sinabi, "Suotan ninyo siya ng malinis na turbante." Gayon nga ang ginawa nila. At binihisan nila si Josue habang nakamasid ang anghel ni Yahweh. (Zac. 3:1–5)

Ang magara at malinis na bagong damit na isinuot kay Josue ay hindi naman sa kanya. Pati yung malinis na turbante na isinuot sa ulo niya ay hindi rin niya pag-aari. Ano ba ang pag-aari ni Josue sa kuwentong ito? Ang pag-aari niya ay ang kanyang sariling mga damit, na ubod ng dumi. Itong mga damit na ito rin ang dahilan kung bakit siya pinaparatangan ni Satanas. Ang kalinisan at katuwiran ni Josue sa harap ng Diyos ay hindi galing sa kanyang sarili, kundi ibinigay lamang ito sa kanya.

Ito ay totoo rin sa atin na mga Kristiyano. Ang pagiging

matuwid natin sa harap ng Diyos ay hindi galing sa atin o sa ating mga gawa. Ito ay ibinigay sa atin ni Jesus. Tiningnan ng Diyos Ama ang kanyang Anak at ang nakita niya ay ang mga kasalanan natin na inako ni Jesus. Tayo ay tiningnan ng Diyos Ama at ang nakita niya ay ang matuwid at perpektong buhay ni Cristo na ibinigay niya sa atin. Dahil dito, tayo ay napawalang-sala. Sabi nga sa awiting "Before the Throne of God Above" ni Charitie L. Bancroft,

> God the just is satisfied,
> to look on Him and pardon me.

Pananampalataya Lamang

Kapag nakita mo kung gaano katindi ang pangangailangan mo, na kay Jesus ka lang pwedeng umasa para sa iyong kaligtasan—kamatayan niya para sa mga kasalanan mo, ang matuwid niyang buhay para maituring kang matuwid—maiintidihan mo kung bakit ipinipilit ng Bible na ang kaligtasan ay dumarating sa pamamagitan *lamang* ng pananampalataya kay Jesus. Walang ibang paraan para maligtas, at wala nang ibang tagapagligtas. Wala nang ibang makapagliligtas sa atin. Wala nang iba pa sa buong mundo ang pwedeng maasahan para sa kaligtasan natin, kasama dun, lalong-lalo na, ang ating sarili.

Sa lahat ng mga relihiyon sa mundo at sa buong history ng sangkatauhan, hindi katanggap-tanggap itong idea na ito, na tayo ay napapawalang-sala dahil sa pananampalataya lamang.

Para sa kanila, kailangang sikapin ng mga tao na magpakabait araw-araw, mamuhay nang mabuti at piliting gawin ang magagandang mga gawa para kahit papaano ay mabalanse natin ang timbangan—mas marami ang magawa nating mabuti kaysa sa ating mga ginawang kasalanan. Hindi naman nakakagulat ang ganyang kaisipan. Normal sa mga tao ang isipin—at minsan pa nga ay *ipinipilit* natin—na kaya nating iligtas ang ating sarili.

Grabe talaga ang tiwala natin sa ating sarili, bilib na bilib tayo sa mga kakayahan natin. Sa sobrang tiwala natin sa sarili nating kakayahan, naiinis talaga tayo kapag sinabi sa atin na kaya lang natin naabot ang posisyon natin ngayon ay dahil sa tulong ng iba. Isipin mo ang mararamdaman mo kapag may nagsalita tungkol sa trabaho mo nang ganito: "Eh hindi naman ikaw ang may gawa niyan. Kaya mo lang naman 'yan nakuha ay dahil may *nagbigay* sa'yo." Pero kapag tiningnan natin ang ating kalagayan pagdating sa ating kaligtasan, ganyan na ganyan mismo ang nangyari. Ibinigay ito sa atin bilang regalo dahil sa biyaya at habag ng Diyos, at wala tayong iniambag dito na kahit anuman—tayo ay makasalanan, hindi natin mababayaran ang ating pagkakautang sa Diyos, wala tayong kakayahan, lalo na kung ang mga mabubuting gawa lang natin ang gagawin nating pambayad (Gal. 2:16).

Ang ibig sabihin ng pananampalataya kay Cristo ay ito: naniniwala kang wala nang kahit ano o wala nang iba pang makapagbibigay ng pag-asa sa iyo para maging katanggap-tanggap ka sa harapan ng Diyos. Si Jesus lang. Iniisip mo ba

na ikaw ay mabait naman at maaari kang maligtas dahil sa mabubuti mong gawa? Ang pananampalataya ay pag-amin na ang mga itinuturing mong "mabubuting gawa" ay kulang na kulang, at wala kang ibang choice kundi magtiwala kay Cristo lamang. Iniisip mo ba na mabuti naman ang puso mo at baka pwedeng maligtas ka dahil dito? Ang pananampalataya ay pag-amin din na ang puso mo ay hindi talaga mabuti, ito ay puno ng kasamaan, at nagtitiwala ka kay Cristo lamang. Kung iisipin mo, ang "faith" ng isang Kristiyano ay parang batang nasa gilid ng swimming pool at sinasabi niyang, "Jesus, kung hindi mo ako sasaluhin, alam kong malulunod ako. Wala akong ibang pwedeng maasahan, wala nang ibang pwedeng makapagligtas sa akin kundi ikaw lang. Jesus, iligtas mo ako. Kung hindi mo gagawin ito, mamamatay ako."

Ganito ang pananampalataya. Ito ang faith ng isang Kristiyano.

Pagsisisi, ang Kalakip ng Pananampalataya

Ang mensahe ni Jesus sa mga nakikinig sa kanya ay ito: "Magsisi na kayo't talikuran ang inyong mga kasalanan. Paniwalaan ninyo ang Magandang Balita!" (Mar. 1:15). Kung ang pananampalataya ay pagtitiwala kay Jesus para sa ating kaligtasan, pagsisisi naman ang nakakabit sa kabilang side—palaging magkasama ang pananampalataya at pagsisisi. Ang pagsisisi ay ang pagtalikod sa kasalanan, ang kamuhian ito, at sinisikap, sa tulong ng Diyos, na iwanan na ang makasalanang buhay habang nakatingin sa pagsunod kay Cristo. Kaya't sinabi

rin ni Pedro sa mga taong nakinig sa kanya, "Kaya nga, magsisi kayo at magbalik-loob sa Diyos upang patawarin ang inyong mga kasalanan" (Gawa 3:19). At sinabihan din sila ni Pablo na "dapat silang magsisi't tumalikod sa kanilang mga kasalanan, at lumapit sa Diyos" (Gawa 26:20).

Ang pagsisisi ay hindi optional para sa isang Kristiyano. Ito ay isang bagay na lubhang kailangan, kasi ito ang naghihiwalay sa mga iniligtas ng Diyos doon sa mga hindi iniligtas.

Marami na akong taong narinig na nagsabi na, "Oo, tinanggap ko na si Jesus bilang Tagapagligtas, kaya nga Christian na ako. Pero yung pagtanggap sa kanyang bilang Panginoon, parang hindi ko pa yata kaya. May mga bagay pa siguro akong kailangang ayusin." Sa madaling salita, sinasabi nila na maaari silang manampalataya kay Jesus at maligtas, kahit na hindi nagsisisi sa mga kasalanan. Pwede ba yun?

Kung tama ang pagkakaintindi natin sa pagsisisi o repentance, makikita natin na malaking kalokohan ang sabihin na tinatanggap mo si Jesus bilang Tagapagligtas, pero hindi mo siya tinatanggap bilang Panginoon. Sa totoo lang, ang ganitong pagkakaintindi ay kontra sa sinasabi ng Bible tungkol sa pagsisisi at yung koneksyon nito sa kaligtasan. Halimbawa, nagbigay ng warning si Jesus mismo, na "malibang magsisi kayo't talikuran ang inyong mga kasalanan, mapapahamak din kayong tulad nila" (Luc. 13:3). Ang mga apostol, noong narinig nila ang kuwento ni Pedro tungkol sa kaligtasan ni Cornelio, ay nagpuri sa Diyos dahil kahit

ang mga Hentil ay "binigyan din ng Diyos ng pagkakataong magsisi at tumalikod sa mga kasalanan upang mabuhay" (Gawa 11:18). Ang turo din ni Pablo sa 2 Corinto 7:10 ay ito: may "pagsisisi" na nagdadala sa mga tao "tungo sa kaligtasan."

Kung tutuusin, ang pananampalataya kay Jesus ay pagtitiwala sa kanyang pagpapakilala kung sino siya talaga—ang Hari na nag-alay ng kanyang buhay sa krus, muling nabuhay para ipakita na ang kamatayan at kasalanan ay kanya nang nagapi nang lubusan, at dahil diyan, siya lang ang tunay na may kapangyarihan para iligtas ang mga taong makasalanan. Kung sinasabi mong ikaw ay Kristiyano, at sinasabi mong naniniwala ka sa lahat ng 'yan, pero sinasabi mo rin, "Hindi ko kayang tanggapin ang paghahari ni Jesus sa buhay ko," parang walang sense ang ganyang kaisipan. Ang pananampalataya kay Cristo ay palaging may kalakip na pagtalikod sa mga bagay na tuluyan nang ginapi ng Haring si Jesus—ang kasalanan. Kung hindi natin tinatalikuran ang kasalanan, ibig sabihin, hindi rin totoo ang ating pananampalataya kay Jesus na siyang nagwagi laban dito.

Katulad nga ng turo ni Jesus sa Mateo 6:24: "Walang aliping makakapaglingkod sa dalawang panginoon, sapagkat kapopootan niya ang isa at iibigin ang ikalawa, paglilingkuran nang tapat ang isa at hahamakin ang ikalawa." Kung ilalagay mo ang iyong buong tiwala at pananampalataya kay Jesus na Hari, dapat mong itakwil at talikuran ang lahat ng mga kaaway niya.

Hindi Perpekto, Pero Kinakalaban ang Kasalanan

Pero tandaan natin na hindi ito nangangahulugan na hinding-hindi na makakagawa ng kasalanan ang isang Kristiyano. Hindi ganun yun. Ang pagsisisi sa kasalanan ay hindi nangangahulugang tuluyang titigil ka na sa paggawa ng mga kasalanan. Maaaring may mga habits ka pa rin sa buhay na hindi madaling bitawan at ikaw ay magkakasala pa rin. Ang mga Kristiyano ay makasalanan pa rin kahit na tayo ay binigyan na ng Diyos ng bagong buhay, at patuloy tayong makikipaglaban sa mga kasalanan sa buhay natin hanggang sa muling bumalik si Jesus at tuluyan na tayong dalhin sa kaluwalhatian (tingnan ang Gal. 5:17; 1 Juan 2:1). Pero kahit na tayo ay nagkakasala pa rin, hindi ibig sabihin nito na okay lang tayo sa kasalanan tulad ng dati. Ngayong tayo ay mga Kristiyano na, hindi na natin kasundo ang mga kasalanan natin. Makikipaglaban tayo sa mga kasalanan natin araw-araw at patuloy na kakalabanin ito sa lahat ng parte ng buhay natin, sa tulong ng kapangyarihan ng Diyos.

Maraming mga Kristiyano ang nahihirapan sa idea ng repentance dahil akala nila sa pagsisisi nila ay hinding-hindi na sila magkakasala at mawawala na ang lahat ng mga temptations sa buhay nila. Kapag nakita nila na hindi nangyayari iyon, nawawalan sila ng pag-asa, at pinagdududahan na nila kung totoo ba talaga ang kanilang pananampalataya kay Jesus. Ang totoo rito, kasama ng bagong buhay na ibinigay ng Diyos sa atin ay ang kapangyarihan na labanan at talunin ang kasalanan sa buhay natin (1 Cor.

10:13). Pero dahil nasa katawang-tao pa rin tayo at patuloy na nakikipaglaban sa kasalanan, kailangan nating tandaan na ang totoong pagsisisi ay, higit sa lahat, pagbabago ng puso at pagtingin sa kasalanan, hindi lang pagbabago ng asal. Sa puso natin, inaayawan na ba natin ang kasalanan at nakikipaglaban ba tayo rito? O baka naman mahal pa rin natin ang ating mga kasalanan at ipinagtatanggol pa natin ang mga ito? Alin ba sa dalawang 'yan ang nangyayari sa puso natin ngayon?

Sabi nga ng isang author:

> Magkaiba ang isang Kristiyano at ang isang hindi Kristiyano hindi dahil sa yung isa ay walang kasalanan at yung isa naman ay maraming kasalanan. Ang pagkakaiba nila ay ito: yung isa ay mas mahal ang kanyang mga kasalanan kaysa sa Diyos, at yung isa naman, ngayon, ay minamahal na ang kanyang Diyos at nilalabanan ang kanyang mga kasalanan.[2]

So saang side ka lulugar—sa iyong mga kasalanan o sa iyong Diyos?

Ang Tunay na Pagbabago ay may Tunay na Bunga

Kapag ang isang tao ay nanampalataya kay Cristo at tunay na pinagsisihan ang kanyang mga kasalanan, makikita natin sa Bible na ang taong ito ay binibigyan ng Diyos ng bagong buhay. "Noong una'y patay kayo dahil sa inyong mga pagsuway at mga kasalanan," sabi ni Pablo. "Subalit napakasagana ng ha-

[2] William Arnot, *Laws from Heaven for Life on Earth* (London: T. Nelson and Sons, 1884), 311.

bag ng Diyos at napakadakila ng pag-ibig niya sa atin. Tayo'y binuhay niyang kasama ni Cristo noong tayo'y mga patay pa dahil sa ating pagsuway" (Efe. 2:1, 4–5). Kapag nangyari ito sa atin, nagbabago ang buhay natin. Maaaring hindi agad-agad. Maaaring hindi rin mabilis o palagian ang pagbabagong ito. Pero mayroong pagbabago. Ang kaligtasang bigay ng Diyos sa atin ay nagbubunga.

Sinasabi ng Bible na ang mga Kristiyano ay naiiba sa mundo dahil ang kanilang pagmamahal, pakikiramay, at kabutihan ay nagiging katulad ng kay Jesus. Ang mga tunay na Kristiyano ay dapat "ipakita ang kanilang pagsisisi sa pamamagitan ng mga gawa," sabi ni Pablo (Gawa 26:20). "Ang bawat puno ay nakikilala sa bunga nito," sabi nga ni Jesus. "Ang matitinik na halaman ay hindi namumunga ng igos o ubas" (Luc. 6:44 ASD). Sa madaling salita, kapag ang tao ay binigyan ng Diyos ng bagong buhay, nagsisimula silang sumunod at tumulad sa mga bagay na ginawa ni Jesus. Namumuhay silang katulad ni Jesus at ang buhay nila ay nakikitaan ng magandang bunga.

Pero isang bagay na dapat nating iwasan ay ang isipin na dahil sa pagbabago ng ating buhay—dahil sa mga bunga—kaya tayo naligtas. Palaging may panganib sa ganitong kaisipan, dahil maaaring ang pagtitiwala natin ay mabaling sa bunga ng kaligtasan natin at hindi na kay Cristo na siyang nagbigay ng kaligtasan. Kung ikaw ay Kristiyano, mag-ingat ka, bantayan mo ang sarili mo at lumayo ka sa ganitong kaisipan. Ang bunga ay bunga lamang—resulta ng kaligtasan

at nakikita ito sa buhay natin dahil lamang sa biyaya ng Diyos sa pamamagitan ni Cristo. Kapag nagtiwala ka sa sarili mong kakayahan at sa bunga ng iyong buhay Kristiyano, at inisip mo na ang mga bunga na yun ang dahilan kung bakit ka kinahabagan ng Diyos, ang pananampalataya mo ay mawawala na kay Jesus at mababaling na sa sarili mo. At hindi ka naman kayang iligtas ng sarili mo.

Anong Nagligtas Sa'yo?

Iniisip ko lang, kapag tumayo ka na sa harapan ng Diyos sa darating na paghatol, anong dahilan ang ihaharap mo sa kanya para kumbinsihin siya, para ituring ka niyang matuwid at papasukin sa kanyang kaharian? May mabubuting gawa ka ba o maka-diyos na asal na makakapukaw ng damdamin ng Diyos? Sasabihin mo bang, "Lagi naman akong nagsisimba"? O dahil mabait ka naman sa pamilya mo? O ni minsan ay hindi ka naman nag-isip ng malaswa? O di kaya naman ay sasabihin mo sa Diyos na hindi ka naman kriminal at wala kang ginawang bagay na karumal-dumal? Iniisip ko kung ano kaya ang bibitbitin mo sa harapan niya, at sasabihing, "Dahil *dito*, papasukin mo ako sa kaharian mo."

Sasabihin ko sa iyo kung ano ang gagawin ng bawat Kristiyano na nanampalataya kay Cristo lamang, dahil sa biyaya ng Diyos. Kapag kaharap na nila ang Diyos sa kanyang paghatol, ang ituturo nila ay si Jesus. At habang nagmamakaawa, ito ang sasabihin nila sa harapan ng Diyos: "Diyos ko, wala akong kabutihang maihaharap sa iyo. Hindi ako matuwid. Kay Cristo

lamang po ako umaasa. Ituring nawa akong matuwid, hindi dahil sa mga ginawa ko o sa kakayahan ko, kundi dahil lamang kay Jesus. Siya ang namuhay ayon sa kagustuhan mo, hindi ako. Ako ang dapat parusahan dahil sa mga kasalanan ko, pero siya ang tumanggap ng parusa para sa akin, namatay siya bilang kabayaran sa mga dapat kong pagbayaran. Wala akong ibang maaasahan, at ang pag-asa ko ay sa kanya lang. Si Jesus ang katuwiran ko. O Diyos, ituring mo nawa akong matuwid dahil sa kanya."

CHAPTER SIX

ANG KAHARIAN

Sa entrance ng parking lot ng church namin, mayroong bronze plaque na may nakalagay na isang quote mula sa isang missionary na si Jim Elliot: "He is no fool who gives what he cannot keep to gain what he cannot lose"—"Hindi kahangalan ang magsakripisyo ng mga bagay na pansamantala lamang para makamtan ang mga bagay na hinding-hindi pwedeng mawala sa iyo." Gustung-gusto ko ang quote na ito dahil kuhang-kuha nito ang sakripisyo at gantimpala ng pagiging Kristiyano.

Wala namang duda na mabigat at mahirap talaga ang buhay Kristiyano (Luc. 14:28). Pero totoo rin na ang gantimpala na makakamtan dito ay kahang-hanga at walang katulad. Ang kapatawaran sa kasalanan, ang pagtanggap ng Diyos sa iyo bilang anak, ang relasyon natin kay Jesus, ang kaloob ng Banal na Espiritu, ang kalayaan mula sa pagkakaalipin sa kasalanan, ang samahan ng mga magkakapatid sa pananampalataya sa pamamagitan ng local church, ang muling pagkabuhay ng ating katawan sa pagbabalik ni Jesus, ang karapatang maging mamamayan sa kaharian ng Diyos, ang bagong langit at bagong lupa, ang walang hanggang buhay sa presensya ng Diyos, at ang makita nang harapan ang Diyos—lahat ng ito ay mga pangako ng Diyos na napasaatin dahil kay Cristo. Ito ang dahilan kung

bakit inalala ni Pablo yung sinabi ng propetang si Isaias, sabi niya,

> Hindi pa nakikita ng mata, o naririnig ng tainga, ni hindi pa sumasagi sa isip ng tao ang mga inihanda ng Diyos para sa mga umiibig sa kanya. (1 Cor. 2:9)

Kung iniisip mo na ang buhay Kristiyano ay pagtakas lamang sa impyerno at para maiwasan ang poot ng Diyos, nagkakamali ka! Ito ay ang pagkakaroon ng *tamang* relasyon sa Diyos, at maramdaman ang kaligayahan sa piling niya magpakailanman. Ito yung sinasabing "makamtan ang mga bagay na hinding-hindi pwedeng mawala" sa atin—ang pagiging mamamayan sa walang hanggang kaharian ng Diyos magpakailanman.

Sa oras na nanampalataya ang isang tao kay Jesu-Cristo, ang lahat ng bagay sa buhay niya ay nagbabago. Pero alam ko rin na naman na minsan, baka sinasabi mong, "Parang hindi naman." Naiintindihan kita. Parang hindi naman masaya, wala namang masayang tugtugan na narinig noong nanampalataya ka, walang mga anghel na nag-aawitan, pero totoo pa rin ang lahat ng mga pangakong ito. Totoong nagbabago ang *lahat* mula nung ikaw ay nanampalataya. Sabi ni Pablo, iniligtas tayo ng Diyos sa "kapangyarihan ng kadiliman at inilipat sa kaharian ng kanyang minamahal na Anak" (Col. 1:13).

Ano ba ang Kaharian ng Diyos?

Ang kaharian ng Diyos ay isang mahalagang tema sa buong

New Testament. Si Jesus mismo ay nagturo tungkol dito, at palagi niyang sinasabi, "Magsisi kayo at talikuran ang inyong mga kasalanan sapagkat malapit nang dumating ang kaharian ng langit." Sa Gawa 28:31, ganito ipinaliwanag ang ministry ni Pablo: "Siya'y buong tapang at malayang nangaral tungkol sa kaharian ng Diyos at sa Panginoong Jesu-Cristo." Kahit ang sumulat sa mga Hebreo ay ipinahayag ang kanyang tuwa na ang mga mananampalataya kay Cristo ay "tumanggap ng isang kahariang hindi nayayanig" (Heb. 12:28). At maging si Pedro ay nagbigay ng encouragement sa mga sinulatan niya na sila ay "malugod na papapasukin sa walang hanggang kaharian ng ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesu-Cristo" (2 Ped. 1:11). Sa aklat ng Pahayag, makikita natin na ang lahat ng hukbo sa langit ay nagbubunyi sa pagpupuri sa Diyos: "Dumating na ang pagliligtas ng Diyos! Ipinamalas na niya ang kanyang lakas bilang Hari! Ipinamalas din ni Cristo ang kanyang kapangyarihan!" (Pah. 12:10).

Pero ano ba talaga ang kahariang ito? Ito ba ay lugar o lupain na pag-aari ng Diyos? O ito ba ang local church? Ang kaharian bang ito ay narito na ngayon sa kasalukuyan, o kailangan pa nating hintayin na dumating sa hinaharap? Sino ba ang mga kasali sa kaharian na 'yan? Hindi ba't ang lahat ng tao ay pinaghaharian din naman ng Diyos, naniniwala man sila kay Jesus o hindi? Kung gayon, hindi ba't kasama tayong lahat sa kahariang ito—Kristiyano man o hindi—at pwede ba tayong magtulungan sa pagtatatag ng kahariang ito dito sa mundo?

Silipin natin ang mga sinasabi ng Bible tungkol dito, nang sa gayon ay masagot natin ang ilan sa mga katanungang ito.

Ang Paghahari ng Diyos sa Kanyang mga Iniligtas

Una, ang kaharian ng Diyos ay tumutukoy sa kanyang paghahari sa mga taong iniligtas niya. Maaaring nalilito tayo sa paggamit ng salitang *kaharian* dahil, kapag narinig natin ang salitang ito, ang iniisip natin madalas ay isang lugar—maaaring isang malawak na lupain na may mga hangganan. Ito ang madalas na iniisip ng mga tao sa salitang *kaharian*. Sa Bible, may iba itong ibig sabihin. Itinuturo sa Bible na ang kaharian ng Diyos ay dapat intindihin bilang kanyang paghahari sa kanyang mga nasasakupan. Ang kaharian ng Diyos ay tumutukoy sa kanyang paghahari, kapamahalaan, at kapangyarihan (Awit 145:11, 13).

Pero may isang pang mahalagang kaisipan na kailangan nating unawain sa kahulugan ng kaharian ng Diyos. Kung pag-aaralan natin kung paano ito ginagamit si Bible, ang kaharian ng Diyos ay hindi lang tungkol sa kanyang pamamahala at kapangyarihan kundi ito rin ang kanyang paghahari sa kanyang *mga iniligtas*. Ito ang mapagmahal na paghahari ng Diyos sa *mga taong kanyang inangkin para sa kanya*.

Totoo naman na walang sulok sa universe na ito, at walang sinumang tao, ang makakatakas sa paghahari ng Diyos, o hindi kasali sa kanyang kapamahalaan. Ang Diyos ang gumawa ng lahat, siya ang naghahari sa lahat, at darating

ang panahon na siya ang hahatol sa lahat. Pero kapag ginamit na ng Bible ang terminong "kaharian ng Diyos" o "kingdom of God," ang kadalasang tinutukoy nito ay ang paghahari ng Diyos sa mga taong inangkin niya para sa kanyang sarili, mga taong naligtas dahil kay Cristo. Kaya nga nung ipinaliwanag ni Pablo ang kalagayan ng mga Kristiyano, ito ang sinabi niya—na sila ay iniligtas mula sa kadiliman at inilipat sa kaharian ni Cristo (Col. 1:12–13). At maingat din niyang sinabi na hindi kasali sa kaharian ng Diyos ang mga nananatili sa kasamaan at kasalanan (1 Cor. 6:9).

Sa madaling salita, ang "kingdom of God" ay ang paghahari ng Diyos, ang kapangyarihan at ang pamamahala niya sa mga iniligtas sa pamamagitan ni Jesus.

Isang Kahariang Dumating na

Ikalawa, maaari rin nating isipin na ang kaharian ng Diyos ay narito na. Noong nagsimula si Jesus sa kanyang ministeryo dito sa mundo, ito ang nakakagulat niyang mensahe: "Magsisi kayo at talikuran ang inyong mga kasalanan sapagkat malapit nang dumating ang kaharian ng langit!" (Mat. 3:2). Kung iisipin mo kung sino ang nagdala ng mensaheng ito, sa totoo lang pwede nga nating isalin ang mga pananalitang 'yan na ganito: "Magsisi ka na sa iyong mga kasalanan dahil narito na ang kaharian ng Diyos!"

Napag-usapan na natin kung bakit nga nakakagulat itong sinabi ni Jesus. Sa loob ng napakahabang panahon, ang mga Judio ay naghintay, umasa, nanalangin para sa pagdating

ng kaharian ng Diyos, sa araw na itatatag ng Diyos ang kanyang kaharian sa lupa at ililigtas niya ang mga kasali sa kanyang kaharian. Tapos biglang dumating itong si Jesus—isang probinsyanong karpintero na ngayon ay nagtuturo—at sinasabi niya na tapos na ang kanilang paghihintay dahil narito na ang kaharian.

At hindi lang 'yan, sinasabi pa ni Jesus na ang kaharian ng Diyos ay nagsisimula sa *kanya*! Sa Mateo 12:28, pinaratangan ng mga Pariseo si Jesus na siya raw ay nagpapalayas ng mga demonyo sa ngalan ni Satanas. Pinabulaanan ito ni Jesus at pagkatapos ay nagbitaw siya ng isang matinding pahayag: "Ngunit kung sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos ay nagpapalayas ako ng mga demonyo, kung gayon, dumating na sa inyo ang kaharian ng Diyos." Nakikita mo ba ang sinasabi niya? Totoong lumalayas ang mga demonyo sa presensya ni Jesus, at nagagawa niya ito dahil sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu. At dahil totoo ang mga ito, totoo rin ang sinasabi niya na, sa wakas, nagsisimula ang kaganapan ng pangako ng Diyos na palalayain niya ang mga taong kabilang sa kanya. Narito na ang kanyang kaharian.

Kung iisipin natin, grabe ang sinabing ito ni Jesus! Ang kanyang pagkakatawang-tao ay hindi lamang pala isang pagdalaw ng Diyos dito sa mundo. Ang pagdating niya rito sa lupa ay hindi lamang dahil nagmamagandang-loob ang Diyos. Ito pala ang simula, ang paglulunsad ng Diyos ng digmaan laban sa kasalanan, kamatayan, at lahat ng pagkasira na pumasok sa mundo noong sumuway si Adan sa utos ng Diyos.

Makikita mo na nangyayari ang digmaang ito sa buong kuwento ng buhay ni Jesus sa New Testament. Mag-isa niyang hinarap si Satanas sa disyerto—si Satanas na siya ring tumukso kay Adan at naging dahilan ng pagpasok ng kasalanan sa mundo. Hinarap at tinalo niya si Satanas! Hinawakan ni Jesus ang mga mata ng isang lalaking ipinanganak na bulag, at sa unang pagkakataon ay pumasok ang liwanag sa buhay niyang binaon sa kadiliman. Tumayo si Jesus sa harapan ng isang madilim na libingan at sumigaw, "Lazaro, lumabas ka riyan!" At sa dahan-dahang paglalakad ni Lazaro palabas ng kuweba, dahan-dahan ding nanghina ang kapangyarihan ng kamatayan. Ang isang lalaking ito na dati ay patay, ngayon ay muling nabuhay.

At higit sa lahat, tinapos na ni Jesus ang kapangyarihan ng kasalanan noong sinabi niya sa krus ng Kalbaryo, "Tapos na!" Ang ebidensya na tuluyan nang nagapi ang kapangyarihan ng kamatayan ay nakita noong sinabi ng anghel—na malamang ay may ngiting kasama—"Bakit ninyo hinahanap ang buháy sa lugar ng mga patay? Wala siya rito, siya'y muling nabuhay!" (Lucas 24:5–6). Dahan-dahan, sinisigurado ni Jesus na babawiin at gagawing bago ang lahat ng nasira noong nagkasala sina Adan at Eba. Ang tunay na Hari ng sanlibutan ay narito na, at walang makakapigil sa pagtatatag ng kanyang kaharian. Kasalanan, kamatayan, impyerno, at maging si Satanas—ganap na ang pagkatalo ng lahat ng ito.

Dahil sa mga nangyaring ito, nararanasan na natin ang marami sa mga biyaya ng kaharian ng Diyos. Sinabi ni Jesus sa

kanyang mga tagasunod na siya ay magpapadala ng "isa pang Patnubay," ang Banal na Espiritu, na siyang gagabay sa kanila, magpapakita sa kanila ng kanilang mga kasalanan, at tutulong sa kanila para sila ay gawing banal. Nararanasan na rin ng mga Kristiyano kung paanong sila ay inampon at tinanggap sa pamilya ng Diyos, para maibalik sila sa kanyang piling. Ang sabi pa nga ni Pablo, sa mata ng Diyos, tayo ay muli nang binuhay at kasama na ni Cristo (Efe. 2:6).

Sobrang encouraging na marinig ang mga katotohanang ito. Pero may isa pang bagay na kailangan nating maintindihan, ito ay kasing halaga ng mga napag-usapan na natin.

Hindi pa Kumpleto ang Kaharian

Ikatlo, ang kaharian ng Diyos ay hindi pa kumpleto, hindi pa tapos. Ang kabuuan ng kaharian ay mangyayari lamang sa pagbabalik ng ating Haring si Jesus. Bagaman lubusan nang nagapi ni Jesus ang kapangyarihan ng kasalanan, hindi pa tapos ang pagtatatag ng kaharian at kapamahalaan ng Diyos dito sa mundo. Ang kalaban ay nakatali na, pero hindi pa tuluyang tinatapos. Ang kasamaan ay tinalo na ni Cristo, pero hindi pa tuluyang binubura. Sinimulan na ang pagtatatag ng kaharian ng Diyos, pero hinihintay pa natin ang kabuuan nito.

Si Jesus ay nagkuwento tungkol sa isang araw na paparating kung kailan makikita ang kabuuan ng kanyang kaharian. Sa araw na iyon, magsusugo siya ng mga anghel at "aalisin nila...ang lahat ng gumagawa ng kasalanan at nagiging dahilan ng pagkakasala...Pero ang matutuwid ay

magnininingning na parang araw sa kaharian ng kanilang Ama" (Mat. 13:41–42 ASD). Sa Huling Hapunan pa lang, hinihintay na niya ang pagkakataon na iinom siyang muli ng inuming mula sa ubas kasama ang kanyang mga disipulo: "Sinasabi ko sa inyo, hindi na ako iinom nitong katas ng ubas hanggang sa araw na inumin kong panibago na kasalo ninyo sa kaharian ng aking Ama" (Mat. 26:29).

Si Pablo man ay hinihintay rin ang muling pagkabuhay ng mga namatay patungo sa buhay na walang-hanggan (1 Cor. 15), sinabi niya sa mga taga-Efeso na sila ay tinatakan na ng Banal na Espiritu na siyang "katibayan na makakamit natin nang lubos ang lahat ng pangako ng Diyos sa atin" (Efe. 1:14). Sinabi rin niya na iniligtas tayo ng Diyos "upang sa darating na mga panahon ay maipakita niya ang di-masukat na kasaganaan ng kanyang kagandahang-loob, sa kabutihan niya sa atin sa pamamagitan ni Cristo Jesus" (Efe. 2:7). Maging si Pedro rin ay mayroong sinasabi na "kaligtasang nakahandang ihayag sa katapusan ng panahon" (1 Ped. 1:5). Ang nagsulat sa mga Hebreo ay may pinaalala sa mga sinulatan niya na sila ay "mga dayuhan lamang at nangingibang-bayan dito sa lupa" (Heb. 11:13), kaya dapat nilang hintayin ang "isang lungsod na may matatag na pundasyon at ang Diyos mismo ang nagplano at nagtayo" (v. 10).

Ang pinakamatinding pag-asa ng mga Kristiyano, ang kanilang inaasam-asam at pinagkukunan ng lakas at encouragement, ay ang araw na parating kung kailan magbabalik ang ating Hari at sa wakas ay tatapusin niya ang pagtatatag ng

kanyang kaharian magpakailanman. Sa araw ring iyon, lahat ng mali sa mundong ito ay kanyang itatama, igagawad niya ang kanyang hustisya sa mundong ito, tatapusin na niyang tuluyan ang kasamaan, at ang kanyang katuwiran ang magiging sandigan ng lahat magpakailanman. Ito ang pangako ng Diyos:

> Makinig kayo! Gagawa ako ng bagong langit at bagong lupa. Ang dating langit at lupa ay kakalimutan na…Magagalak ako sa Jerusalem at sa kanyang mga mamamayan. Hindi na maririnig doon ang iyakan at paghingi ng tulong o mga pagdaing. (Isa. 65:17–19 ASD)

Sinabi pa ni Isaias, na sa araw na iyon,

> Walang mananakit o mamiminsala sa nasasaklaw ng aking bundok na pinagpala; sapagkat ang buong mundo ay mapupuno ng mga taong kumikilala kay Yahweh, kung paanong ang karagatan ay napupuno ng tubig. (Isa. 11:9)

Noong bata pa ako, iniisip ko na sa langit ay magkakantahan lang at sasali sa walang katapusang church service ang mga kaluluwa ng mga Kristiyano. Hindi ba parang nakakatakot yun? Buti na lang maling-mali pala yung inisip ko na yun. Ang plano ng Diyos ay gumawa ng bagong mundo para sa kanyang mga tao, mundong malaya na sa kasalanan, sakit, at kamatayan. Wala nang digmaan sa bagong mundong ito, at wala na ring pang-aapi. Pero higit sa lahat, ang Diyos mismo

ay makakapiling ng kanyang mga iniligtas. Hinding-hindi na nila mararanasan ang kamatayan, at wala nang iyakang mangyayari sa pagpanaw ng mga mahal sa buhay. Wala nang mga sanggol na mamamatay ilang araw makalipas silang ipanganak. Hindi na tayo magluluksa, hindi na masasaktan, hindi na iiyak. Hinding-hindi na natin mararamdaman na malayo tayo sa ating tirahan, dahil sa panahon na iyon, tayo ay nakauwi na. Sabi nga sa aklat ng Pahayag, ang Diyos mismo ang papahid sa bawat luha sa ating mga mata, at sa wakas, masisilayan na natin ang kanyang mukha.

Ano pang masasabi mo pagkatapos mong malaman ang lahat ng 'yan? Isa lang siguro: Bumalik ka na, Lord!

Palagi nga akong nalilito kapag ang mga tao, pagkatapos nilang marinig at pag-usapan ang mga pangakong ito—pangako ng bagong langit at bagong lupa, isang siyudad na hindi na papasukin ng kasamaan, isang mundo na walang kamatayan, digmaan, at pang-aapi, kung saan ang mga iniligtas ng Diyos ay namumuhay nang matiwasay kasama ang kanilang Diyos—tatayo sila at sasabihing, "Gawin na nating totoo ang mga bagay na 'yan, ngayon na!"

Sa totoo lang, hindi kaya ng mga tao na itatag at gawing ganap ang kaharian ng Diyos. Kahit gaano pa man kagaling—at kabuti—ang ating mga pagsisikap upang gawing mas maganda ang mundong ito, alalahanin natin na ang kaharian na sinasabi sa Bible ay darating lang sa pagbabalik ng Haring si Jesus, dahil siya mismo ang magtatatag nito.

Mahalaga na tandaan natin iyan, at may mga dahilan kung

bakit dapat lang na hindi ito kalimutan. Una, kailangan nating alalahanin ito para hindi tayo malinlang na kaya nating gawin ang mga bagay na si Cristo lang ang may kapangyarihang gawin. Totoo naman na may pagbabago at magandang dulot ang mga Kristiyano sa ating pamayanan. Nangyari na ito noon, nangyayari rin naman ito ngayon sa iba't ibang bahagi ng mundo, at malamang ay mangyayari pa ulit sa hinaharap. Marami nang ginawang mabuti ang mga Kristiyano noon at ngayon sa mundong ito, mga bagay na sobrang ganda at sobrang galing na nagpapakilala rin sa ibang mga tao kung sino ang Diyos at si Jesu-Cristo.

Pero kung babalik tayo sa kuwento ng Bible, makikita natin na hangga't hindi pa bumabalik si Cristo, ang mga mabubuting ginagawa natin sa mundo at sa ating mga pamayanan ay palaging panandalian lamang, at hindi permanente. Hindi kayang itatag ng mga Kristiyano ang kaharian ng Diyos, kasi ang Diyos lang ang kayang gumawa niyan. Ang bagong Jerusalem ay siyudad na *manggagaling sa langit*; hindi ito isang siyudad na bubuuin dito sa lupa.

At hindi lang iyan. Sa pag-alala na si Jesus ang magtatatag ng kaharian ng Diyos, maiintindihan din natin na ang ating pag-asa, ang ating inaasam, ay si Jesus mismo. Hindi mababaling ang ating pagnanasa at pananabik sa mga bagay na kayang gawin ng tao, sa pamamahala na nanggagaling sa mga tao, o sa kaya nating gawin. Tayo ay titingala sa langit at sasabihin ang sinabi ng apostol na si Juan, "Dumating ka nawa, Panginoong Jesus!" Mas lalo tayong nananabik sa kanyang

pagbabalik, mas tumitindi ang ating mga panalangin, at mas lumalalim ang pagmamahal natin sa kanya. Sa madaling salita, ang puso at pag-asa natin ay nararapat lang na ituon hindi sa kaharian, kundi sa Hari.

Ang Tugon sa Hari

Ikaapat, kailangan mong maintindihan na ang pagpasok natin sa kaharian ng Diyos ay nakadepende rin sa tugon natin sa Hari. Malinaw itong itinuro ni Jesus, at paulit-ulit niyang sinabi na makakapasok ka lamang sa kaharian kung ikaw ay susunod sa kanya. Ganito nga ang nangyari sa kuwento nung lalaking mayaman na nagtanong sa kanya, "Ano po ba ang dapat kong gawin upang makamtan ko ang buhay na walang hanggan?" Sa dulo ng kuwento, ang sagot ni Jesus sa kanya ay, "Sumunod ka sa akin." Ang ibig sabihin niyan para sa lalaking iyon ay pagtalikod sa kanyang mga kayamanan, at pananampalataya na si Jesus lang ang kanyang kailangan (Mar. 10:17, 21).

Sa pagtuturo ni Jesus, madalas niyang sinasabi na ipapakita ng Diyos kung ano ang naghihiwalay sa kung sino ang ligtas at kung sino ang hindi ligtas. At ang makikitang kaibahan sa dalawang grupong iyon ay kung paano sila tumugon sa pagtawag ng Haring si Jesus. 'Yan nga ang itinuturo sa kuwento ng mga tupa at kambing sa Mateo 25. Dalawa lang din ang sasabihin ni Jesus sa mga tao pagdating ng panahon—"Halikayo" at "Lumayo kayo sa harapan ko." Darating din ang panahon na ipapakilala

ng mga manananampalataya si Jesus sa mga taong hindi pa nakakakilala sa kanya, at ang makakapagsabi lang kung alin sa dalawang ito ang maririnig nila mula kay Jesus ay nakadepende sa kanilang tugon sa kanya.

Ang dahilan naman kasi kung paano naliligtas ang mga tao ay sa pamamagitan ng pagkamatay ni Cristo sa krus. Iyan nga ang kagulat-gulat kay Jesus. Hindi lang siya magtatatag ng kaharian na punô ng pagmamahal at habag. Alam naman ng lahat ng Judio na iyon ang mangyayari sa pagdating ng Mesias. Ang nakakagulat talaga sa gospel ni Jesus ay yung nangyari sa krus, na ang Hari mismo ang *namatay* para iligtas ang kanyang mga minamahal. Ang Mesias pala ay isang Mesias na *ipinako sa krus.*

Matagal nang naghihintay ang mga Judio ng isang Haring magliligtas sa kanila. Sa mga nakakaalala sa mga propesiya ni Isaias, mayroon din silang hinihintay na isang maglilingkod sa kanila sa pamamagitan ng kanyang paghihirap. Mayroon din silang kaisipan tungkol sa isang banal na "anak ng tao" na magpapakita sa katapusan ng lahat (sa aklat ni Daniel). Ang hindi nila lubusang naisip ay ito: na ang tatlong ideya na iyan na itinuro ng mga propeta ay matatagpuan sa iisang tao lang. Walang sinuman ang kinayang maging hari, lingkod, at "anak ng tao" nang sabay-sabay—si Jesus lang.

Ipinahayag nga ni Jesus na siya nga ang Mesias—ang Haring Tagapagligtas—na hinihintay ng mga Judio. Pero madalas din niyang tawagin ang kanyang sarili na "Anak ng Tao" bilang katuparan ng propesiya sa Daniel 7. At hindi

lang yun, sinabi rin ni Jesus na ang Anak ng Tao ay pumarito "upang mag-alay ng kanyang buhay para sa ikatutubos ng marami" (Mar. 10:45). Kaya siya rin nga talaga ang katuparan ng propesiya sa Isaias 53:10 tungkol sa Lingkod ng Diyos na daranas ng paghihirap.

Nakikita mo ba kung ano ang sinasabi ni Jesus tungkol sa kanyang sarili? Itinuturo niya na sa kanya lamang makikita ang katuparan ng lahat ng ito—ang Mesias mula sa linya ng haring si David, ang Lingkod ng Diyos na daranas ng paghihirap ayon sa propesiya ni Isaias, at ang Anak ng Tao mula sa pangitain ni Daniel. Kay Jesus natin makikita ang kabanalan at kapangyarihan ng Anak ng Tao, pero sa kanya lang din natin makikita na ang Diyos Anak ay isang Hari na naghirap para sa kaligtasan ng marami. Siya ang katuparan ng lahat ng hinihintay ng mga Judio, at walang sinumang rebelde o lider na mag-aaklas laban sa Roman Empire ang makapapantay sa kanya. Siya ang banal na Hari at Lingkod ng Diyos na magdurusa at mamamatay para sa kanyang mga minamahal, nang sa gayon ay madadala niya sila sa kanyang kaharian.

Kaya nga ang pagpasok sa kaharian ng Diyos ay nakasalalay lang sa kung ang isang tao ay pagsisisihan ang kanyang mga kasalanan at mananampalataya na ang pagkamatay ni Jesus sa krus ay sapat para siya ay iligtas. Noong nagturo si Jesus tungkol sa "ebanghelyo ng kaharian" (the gospel of the kingdom), hindi lamang ito tungkol sa pagdating ng kanyang kaharian. Ang ebanghelyong ito ay nagsasabing

narito na nga ang kaharian, at maaari ka lamang makapasok dito kung ikaw ay makikipag-isa kay Jesus, ang Hari. Ang pakikipag-isang ito ay sa pamamagitan ng pananampalataya mo na si Jesus lang ang makapagliligtas sa'yo sa mga kasalanan mo.

Dapat talaga nating maintindihan na ang pagiging Kristiyano o mamamayan ng kaharian ni Cristo ay hindi lang tungkol sa "pamumuhay na kagaya ni Jesus," o "pamumuhay na angkop sa kaharian" o "mindset na nakatingin sa kaharian" o "pagsunod sa example ni Jesus." Madali lang kasing sabihin na ikaw ay "Jesus-follower," o ikaw ay "namumuhay ayon sa mga utos ni Jesus," pero hindi ka pa rin kabilang sa kaharian. Kahit pilitin mo mang mamuhay na katulad ni Jesus sa buong buhay mo, hindi ka pa rin tatanggapin sa kaharian ng Diyos kung hindi kalakip ng pagsunod mo ang pagsisisi at pananampalataya kay Jesus na Hari. Kung hindi ka maniniwala na ang sakripisyo lang niya sa krus ang katanggap-tanggap na kabayaran sa mga kasalanan mo, na si Jesus lang ang pag-asa mo para maligtas sa kaparusahan ng kasalanan, kung hindi mo pinaniniwalaan ang mga ito, hindi ka Kristiyano. Hindi ka kasama sa kaharian ng Diyos.

Ang pagsali sa kaharian ni Cristo ay hindi makakamtan sa pagrespeto sa kanya bilang mabuting halimbawa, o sa pagturing sa kanyang mga katuruan bilang paraan para sa mas mabuting pamumuhay. Makakasali lamang ang isang tao sa kaharian ni Cristo kung siya ay magtitiwala na si Jesus—bilang Panginoon na ipinako sa krus at nabuhay na muli—siya

lang ang makapagpapalaya sa iyo sa parusa ng kasalanan. Sa madaling salita, ang nag-iisang daan papunta sa kaharian ay sa pamamagitan lamang ng dugo ng Hari.

Isang Panawagan na Mamuhay para sa Hari

Ikalima, lahat ng mamamayan ng kaharian ng Diyos ay tinatawag patungo sa bagong pamumuhay. Sa Roma 6, sinabi ni Pablo na kailangang makita ng mga Kristiyano na sila ay iniligtas na mula sa pagkakaalipin sa kasalanan at inilipat na sa kaharian ng Diyos.

> Samakatuwid, tayo'y namatay na at nalibing na kasama niya sa pamamagitan ng bautismo upang kung paanong binuhay muli si Cristo sa pamamagitan ng dakilang kapangyarihan ng Ama, tayo rin ay magkaroon ng panibagong buhay. Sapagkat kung nakasama tayo ni Cristo sa isang kamatayang katulad ng kanyang kamatayan, tiyak na tayo ay makakasama rin niya sa muling pagkabuhay na katulad ng kanyang muling pagkabuhay. Alam natin na ang dati nating pagkatao ay naipako na sa krus kasama niya, upang mamatay ang ating makasalanang pagkatao at nang hindi na tayo maalipin pa ng kasalanan. Sapagkat ang namatay na ay pinalaya mula sa kapangyarihan ng kasalanan. Kung tayo'y namatay nang kasama ni Cristo, naniniwala tayong mabubuhay rin tayong kasama niya. Alam nating si Cristo na muling binuhay ay hindi na muling mamamatay. Wala nang kapangyarihan sa kanya ang kamatayan. Nang siya'y mamatay, namatay siya nang minsanan para sa lahat

> ng panahon dahil sa kasalanan; at ang buhay niya ngayon ay para sa Diyos. Kaya dapat din ninyong ituring ang inyong sarili bilang patay na sa kasalanan ngunit buháy para sa Diyos, sapagkat kayo'y nakipag-isa na kay Cristo Jesus. (Roma 6:4–11)

Kapag tayo ay dinala na sa kaharian ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya, tayo rin ay binibigyan ng bagong buhay ng Banal na Espiritu. Tayo ay nagiging mamamayan ng isang bagong kaharian, at nagpapasakop tayo sa isang bagong Hari. Mayroon tayong bagong obligasyon ngayon na sundin ang ating hari at mamuhay sa paraang naitataas ang kanyang pangalan. Kaya nga ang sabi ni Pablo:

> Huwag na ninyong paghariin ang kasalanan sa inyong mga katawang may kamatayan upang hindi na ninyo sundin ang masasamang hilig nito. Huwag na ninyong ipailalim sa kapangyarihan ng kasalanan ang alinmang bahagi ng inyong katawan bilang kasangkapan sa paggawa ng kasamaan. Sa halip, pasakop kayo sa Diyos bilang mga taong namatay na at muling binuhay, at ihandog ninyo sa kanya ang inyong katawan bilang kasangkapan sa kabutihan. (Roma 6:12–13)

Habang hindi pa bumabalik si Cristo, tayo na kanyang mga iniligtas ay mamumuhay sa isang panahon at mundong makasalanan. Kaya nga ang atas sa atin ng Hari ay mamuhay tayo na kalugud-lugod sa kanya na tumawag sa atin upang

mapabilang sa kanyang kaharian (1 Tes. 2:12), na tayo ay maging "tulad ng mga bituing nagniningning" sa gitna ng mundong baluktot at puno ng kasamaan (Fil. 2:15). Tandaan natin na hindi tayo namumuhay nang mabuti para makapasok sa kaharian. Pero dahil tayo ay dinala na sa loob ng kaharian sa pamamagitan ng pananampalataya sa Hari, kailangang sumunod tayo sa ating bagong Panginoon, sa mga bagong batas na ibinibigay niya sa atin. Mayroon na tayong bagong direksyon, bagong buhay—at gugustuhin na natin ang bagong buhay na ito, buhay ng mga kabilang sa kanyang kaharian.

Sinasabi sa Bible na sa panahon natin, ang pamumuhay sa kaharian ng Diyos ay nangyayari sa local church. Naisip mo ba iyon? Sa church pala makikita ang itsura ng kaharian ng Diyos sa panahon natin ngayon. Tingnan mo ang Efeso 3:10–11:

> [Ginawa ito ng Diyos] para sa pamamagitan ng iglesya ay maipahayag ngayon sa mga namumuno at may kapangyarihan sa kalangitan ang karunungan niyang nahahayag sa iba't ibang paraan. Ito na ang plano niya sa simula pa lang, at natupad niya ito sa pamamagitan ni Cristo Jesus na Panginoon natin. (ASD)

Ang church ang ginagamit ng Diyos para ipakita, higit sa lahat, ang kanyang karunungan at ang nagniningning na kagandahan ng gospel. Marami na ang nakapagsabi na ang church ang outpost ng kaharian ng Diyos dito sa mundo. Hindi naman tama na sabihin na ang church *ang* kaharian ng Diyos, dahil nakita nga natin na mas malawak ang ibig sabihin

ng kaharian. Pero tama rin namang sabihin na sa church natin *makikita* ang itsura ng kaharian ng Diyos sa panahon natin ngayon.

Gusto mo bang makita kung ano ang itsura ng kaharian ng Diyos sa panahon natin ngayon? Gusto mo bang makita ang buhay sa kaharian ng Diyos na ipinamumuhay sa mundong ito? Tingnan mo ang church. Sa church lang 'yan makikita, kahit hindi pa ito ang buo at perpektong kaharian ng Diyos. Sa church ay ibinabandera ang karunungan ng Diyos. Dito rin makikita ang mga taong makasalanan na dati ay hiwalay sa Diyos at mga kalaban niya, na ngayon ay muling ibinalik sa piling ng Diyos dahil kay Jesus. Sa church din makikita ang gawain ng Banal na Espiritu ng Diyos na bumabago sa buhay ng mga taong kanyang tinawag sa kanyang kaharian. Dito sa church natututo ang mga taong mahalin ang isa't isa, tulungan ang isa't isa sa kanilang mga pasanin at kalungkutan, makiramay sa dalamhati, at ipagdiwang ang kasiyahan ng bawat isa. Sa church tinuturuan ang mga tao na ang bawat miyembro ay may pananagutan sa kanyang kapatid. Siyempre hindi ito perfect, pero sa church pa rin ipinapakita kung paano mamuhay sa kaharian ng Diyos. Dito rin ipinapakita ang ganda ng buhay na nasa kaharian ng Diyos sa mga taong nangangailangan ng kaligtasan.

Pagtitiyaga Kahit nasa Kadiliman

Siyempre hindi naman maikakaila na ang buhay ng mga mamamayan ng kaharian ni Cristo sa mundong ito at sa

panahon ngayon ay talagang mahirap at mabigat. Para sa mga tao sa mundo, panira ng kanilang kaligayahan ang mga Kristiyano, at hindi naman nagbago 'yan mula pa man noon hanggang sa panahon ngayon. Noong panahon ng sinaunang church, ang pagpapahayag na "Si Jesus ang Panginoon!" ay isang matinding krimen laban sa gobyerno. 'Yan ay rejection sa kapangyarihan ng emperor, at dahil diyan ay pinatay nila ang ilang mga Kristiyano. Hanggang ngayon naman, ganyan pa rin ang nararanasan ng mga mananampalataya. Ngayon, kapag sinabi nating "Si Jesus ang Panginoon!", 'yan daw ay paniniwala na walang pakisama at mapanghusga, kaya kinamumuhian tayo ng mundo.

Ni minsan sa Bible ay hindi sinabi na madali ang mamuhay sa kaharian ng Diyos, dahil kalakip ng buhay Kristiyano ang struggle sa pagiging tapat sa ating Hari. Sinabi ni Jesus sa kanyang mga tagasunod na asahan nila na magkakaroon ng pag-uusig sa kanila dahil sa kanilang pananampalataya, na sila ay kukutyain, lalaitin, at ang iba ay papatayin. Pero sa gitna ng lahat ng 'yan, tayong mga Kristiyano ay nagpapatuloy sa ating pananampalataya dahil alam natin na mayroong nakahandang kayamanan para sa atin sa presensya ng Diyos na higit pa kaysa sa maaari nating hilingin o isipin.

Sa huling aklat ng napakagandang kuwento ni J. R. R. Tolkien na *The Lord of the Rings*, doon dinanas ng mga bida ng kuwento ang pinakamadilim at pinakamahirap na sitwasyon sa kanilang paglalakbay. Sobrang layo na ng nilakad nila at sa wakas ay dumating na sila sa kampo ng mga kalaban nila.

Pero dahil sa iba't ibang mga pangyayari sa kuwentong ito, dumating sa pagkakataon na parang wala na silang pag-asang magtagumpay laban sa mga kaaway nila. Sa madilim na sandaling iyon, si Sam na isa sa mga bida, ay tumingin sa paligid. Ganito ang pagkakasulat ni Tolkien:

> *Sa ibabaw ng mga bundok sa kanluran, ang kalangitan sa gabing iyon ay sobrang madilim pa rin. Pero doon sa langit, sumisilip sa mga ulap na lumulutang sa ibabaw ng mga bundok na iyon, nakita ni Sam ang isang puting bituin na nangniningning. Kumirot ang puso niya sa kanyang nakita, habang siya ay nakatingala mula sa lupaing pinagkaitan, at bumalik ang pag-asa sa kanya. Bumalik sa isip niya ang katotohanan na ang kadiliman ay maliit lang at ito'y lilipas. Hindi katulad ng bituing iyon, na may liwanag na hindi maaabot ng kadiliman, higit ang kagandahan at kailanma'y hindi ito magagapi.*

Isa 'yan sa mga paborito kong bahagi ng kuwentong 'yan, dahil 'yan ang encouragement ni Tolkien sa mga kapwa niya Kristiyano, itinuturo niya kung saan natin matatagpuan ang lakas ng loob para magpatuloy at magtiyaga kahit tayo ay nasa kadiliman. Nagpapatuloy tayo at lumalaban dahil sa ating pag-asa, at ang ating pag-asa ay nanggagaling sa kaalaman na ang mga dinaranas nating hirap at pagtitiis sa mundong ito ay tunay ngang maliit lang at lilipas din. Sabi nga ni Pablo, tunay nga na hindi natin maihahambing ang lahat ng ito sa kaluwalhatiang naghihintay sa atin sa pagbabalik ng ating Hari.

CHAPTER SEVEN

SI CRISTO LANG ANG FOCUS

Sa aklat ni John Bunyan na *Pilgrim's Progress*, may pagkakataon na ang bida na si "Christian" ay nakikipag-usap sa dalawang kahina-hinalang lalaki na ang mga pangalan ay Formalist at Hypocrisy. Sabi ng dalawang ito sa bida, katulad din niya, sila rin ay papunta sa Celestial City, at sigurado sila na makakarating sila roon kasi marami na raw silang kilala na katulad nila na nakapunta na rin doon.

Medyo obvious naman na sa pangalan pa lang na ibinigay ng author sa kanila, alam natin na hindi makakapunta si Formalist at si Hypocrisy sa siyudad na yun.

Noong first time na nakita ni Christian ang dalawang ito, pinipilit nilang pumasok sa makitid na daan, kung nasaan si Christian, sa pamamagitan ng pagsampa sa pader na nasa gilid ng daan. Doon pa lang, naisip na ni Christian na mali ang ginagawa ng dalawang ito, dahil alam niya na ang tamang paraan lamang papasok sa makitid na daan na ito ay sa pamamagitan lamang ng Wicket Gate. Sa kuwentong ito, ang Wicket Gate ay sumisimbolo sa pagsisisi sa kasalanan at pananampalataya kay Cristo.

Kaya tinanong ni Christian ang dalawa: "Bakit hindi kayo pumasok gamit ang gate? Bakit kayo sumampa sa

pader?" Sumagot ang dalawa, sinabi raw kasi ng mga taong kakilala nila na masyadong malayo yung gate na yun, kaya napagpasyahan na lang nila na gumamit ng short-cut. Ito ang katwiran nila,

> *Bakit, kapag ba nakapasok na kami sa makitid na daan, importante pa ba kung paano kami pumasok sa daang ito? Ang mahalaga nakapasok kami. Narito ka dahil pumasok ka sa gate. Narito kami dahil sumampa kami sa pader. So ano'ng pinagkaiba? Mas magaling ka? Parehas naman tayong narito.*

Nagbigay si Christian ng babala sa dalawang ito, sinabi niya na ang Panginoon ng siyudad na ito ay matagal nang iniutos na lahat ng maglalakbay papunta sa siyudad ay kailangang pumasok sa makitid na daan gamit ang maliit na gate. Ipinakita rin niya na may ibinigay sa kanyang papel ng katibayan na sa gate nga talaga siya dumaan, at ang papel na ito ay hahanapin sa kanya bago siya tuluyang makapasok sa siyudad. "Alam kong wala kayong katibayan na ganito," sabi ni Christian, "dahil hindi naman kayo dumaan sa gate."

Ang punto dito ni Bunyan ay ito: iisa lang ang daan patungo sa kaligtasan, at ito ay sa pamamagitan lamang ng Wicket Gate—sa pamamagitan lamang ng pagsisisi sa kasalanan at pananampalataya kay Cristo. Hindi sapat na gagawin lang ng mga tao ang mga bagay na ginagawa ng mga Kristiyano, o tutularan lang nila ang kanilang pamumuhay. Kung ang isang tao ay hindi dumaan sa gate na iyon, hindi siya tunay na Kristiyano.

Kailangan bang Gawing mas Relevant ang Gospel?

Luma na 'yang kuwento ni Bunyan, pero mas luma at foundational yung pinupunto niya sa kanyang kuwento. Kahit noong sinaunang panahon pa lang, ganito na ang ginagawa ng mga tao, pilit nilang inililigtas ang kanilang mga sarili gamit ang mga paraang gusto *nila*, at hindi ang paraang sinasabi ng Diyos. Ayaw nilang pakinggan ang sinasabi ng Diyos. Gusto nilang paganahin at pagandahin ang *gospel* gamit ang sarili nilang mga kaparaanan—na hindi kasama ang Wicket Gate, ibig sabihin, hindi na kasama ang pagkamatay ni Jesu-Cristo sa krus.

Sa panahon natin, ganito pa rin ang problema. Naniniwala ako na isa sa pinakamalaking panganib na kinakaharap ng church ngayon ay ang temptation na baguhin ang gospel, ibahin ang paliwanag at paghahayag nito, sa paraan na ang nangyayari ay nawawala na sa sentro nito ang kamatayan ni Jesus sa krus para sa mga makasalanan.

Malaki yata ang pressure na nararamdaman ng mga churches na gawin ito, at may iba't ibang dahilan kung bakit may pressure na ganito. Maaaring nararamdaman nila na ang gospel ni Cristo, na ang dala ay kapatawaran ng kasalanan, ay hindi sapat na solusyon para sa malalaking isyu ng lipunan ngayon—katulad ng digmaan, pang-aapi sa mga kapus-palad, kahirapan, at ang kawalan ng katarungan para sa lahat. Sabi nga ng isang author, "hindi naman siguro ganun kahalaga" ang kapatawaran ng kasalanan kung ikukumpara mo yun sa mga isyu at totoong mga problema na kinakaharap ng mundong ito.

Sa tingin ko'y hindi totoo ang paratang na 'yan. Ang ugat ng lahat ng problemang iyan, ang pinanggagalingan ng mga 'yan, ay ang makasalanang mga tao. Lahat 'yan ay epekto ng kasalanan. Para sa akin, kalokohan ang isipin na kaya nating solusyunan ang mga problemang ito sa pamamagitan ng aktibismo, pagiging mas concerned sa mga isyu ng bansa, at paggaya lamang sa pamumuhay ni Jesus. Hindi natin kaya. Ang krus lamang ang nag-iisang solusyon sa kasalanan, at ang krus lang ni Cristo ang paraan para ang mga taong makasalanan ay makasama sa kaharian ng Diyos. Walang ibang paraan.

Kaya lang, mabigat pa rin ang pressure sa mga tao na humanap ng ibang version ng gospel na mas "relevant" at mas maigting ang solusyon na dala para sa mga isyu ng mundo. Napakaraming mga libro ngayon ang nagbibigay ng iba't ibang mga descriptions ng gospel at itinuturing ang krus ni Cristo na secondary issue lang. Sinasabi nila na ang puso o sentro raw ng gospel ay ang pagbabago ng mundong ito, ang ipinangakong kaharian na magtatama ng lahat ng mali sa mundo. Para naman sa iba, ito raw yung utos ng Diyos sa atin na makibahagi sa kanyang plano para baguhin ang kultura ng lipunan natin. Anumang mga dahilan o mga pananaw ang ibinibigay nila, ang resulta ay iisa lang—nawawalan ng halaga ang kamatayan ni Jesus para sa mga makasalanan. Madalas ay isinasantabi na. At minsan ay kinakalimutan na nang tuluyan.

Tatlong Substitutes sa Gospel

Sa komunidad ng mga evangelical Christians ngayon, dahan-dahang natatanggal si Cristo at ang krus sa sentro ng gospel, at napansin ko na nangyayari ito sa ilang mga paraan. Marami ngayong ibinabandera na "bigger and better" na mga gospels at sa tingin ko'y dumadami rin ang naniniwala sa mga ito. Ang mga "bigger" na gospels na ito ay hindi naman talaga mas malaki at mas dakila kaysa sa tunay na gospel, dahil nga isinasantabi naman ng mga 'yan ang mahalagang ginawa ni Cristo sa krus at pinapalitan ng ibang mga bagay. Sa lagay na ito, ipinaglalaban ko na hindi naman talaga tunay na gospel ang mga ito. Magbibigay ako sa inyo ng tatlong halimbawa ng mga ito.

"Jesus is Lord"

Isa sa pinakapopular sa mga substitute na gospels na ito ay ang paniniwala na ang magandang balita raw ay simpleng pagdedeklara na "Jesus is Lord." Katulad ng mga tagapagpahayag noon na papasok sa isang siyudad at sasabing, "Caesar is Lord," totoo naman na kailangan nating ihayag ang magandang katotohanan na si Jesus ang hari ng lahat, siya ang Panginoon, at ibinabalik niya ngayon ang makasalanan at sirang mundo pabalik sa ilalim ng kanyang pamumuno.

Walang mali sa pagpapahayag na "Si Jesus lang ang Panginoon"—ito ay isang dakilang katotohanan. Maaari nga nating sabihin na ang katotohanan na ito ay kasama sa buong mensahe ng tunay na gospel. Kaya sinabi ni Pablo sa Roma

10:9 na ang taong nagpapahayag na "si Jesus ang Panginoon" ay maliligtas, at sa 1 Corinto 12:3 sinabi rin niya na dahil lang sa pagpapatnubay ng Banal na Espiritu kaya nagagawa ng mga tao na ipahayag ang katotohanang ito.

Pero kailangan pa rin nating linawin na hindi lang ang pagpapahayag na "si Jesus ay Panginoon" ang suma-total ng gospel ni Cristo na pundasyon ng Kristiyanismo. Nakita na natin sa paliwanag ng mga unang Kristiyano, hindi lang 'yan ang kanilang sinabi. Katulad ng pahayag ni Pedro sa Gawa 2, sinabi niya na "Kaya't dapat malaman ng buong Israel na itong si Jesus na ipinako ninyo sa krus ay siyang ginawa ng Diyos na Panginoon at Cristo!" (v. 36). Pero bago at pagkatapos ng kanyang pahayag na iyan, ipinaliwanag niya ng buung-buo kung ano ang *kahulugan* ng lordship ni Jesus. Ang ibig sabihin niyan ay ang Panginoong ito ay ipinako sa krus, inilibing, at muling nabuhay. Ibig ring sabihin nito na ang pagkamatay at muling pagkabuhay ni Jesus ay para sa "kapatawaran ng mga kasalanan" ng sinumang manampalataya sa kanya at pagsisihan ang kanilang mga kasalanan. Hindi lang basta sinabi ni Pedro na "si Jesus ang Panginoon," kundi ibinalita niya rin na ang Panginoong ito ay kusang namatay para maligtas ang mga kabilang sa kanya mula sa poot ng Diyos laban sa kasalanan.

Dapat obvious na sa atin na hindi magandang balita ang simpleng pahayag na "Jesus is Lord" kung hindi natin ipapaliwanag na ang Panginoong ito ay siya ring Tagapagligtas ng mga makasalanan. Ang pagiging Panginoon ay tumuturo

sa karapatan ng Diyos na hatulan ang lahat, at alam naman natin na iyon talaga ang balak niyang gawin sa kasalanan at sa mga taong makasalanan. Kaya nga kung sasabihin mo sa isang makasalanan na si Jesus ang Panginoon at huhusga sa lahat ng kanyang ginawa, ito ay napakasamang balita para sa kanya. Bilang makasalanan, ikaw ay kalaban ng Diyos, at huhusgahan niya ang iyong paghihimagsik laban sa kanya.

Para maging "good news" ang katotohanang ito, kailangang isali ang balita tungkol sa kung paano mapapatawad ang isang makasalanan sa kanyang tahasang pagsuway sa Diyos, at kung paano siya maibabalik sa piling ng kanyang Panginoon. Ito ang nakikita natin sa New Testament—hindi lamang ang pahayag na "si Jesus ang Panginoon" kundi kasama ang katotohanan na ang Panginoong ito ay ipinako sa krus para sa kapatawaran ng mga taong makasalanan, at para sila ay makasama sa kanyang kaharian. Kung hindi kasama iyon, ang pahayag na "Jesus is Lord" ay isang hatol lamang ng kamatayan sa lahat ng makakarinig nito.

Creation-Fall-Redemption-Consummation

Maraming mga Kristiyano ang gumagamit ng structure na *creation, fall, redemption, consummation"* bilang outline ng buong kuwento ng Bible. Madali itong gamitin dahil apat na salita lamang ang kailangang tandaan.

Pero hindi naman ito masama dahil maganda ngang gamitin ang outline na ito para isalaysay ang buod ng buong kuwento ng Bible. Ang Diyos ang gumawa ng mundo

(*creation*), nagkasala ang tao (*fall*), ang Diyos ang nagpadala kay Jesus bilang Tagapagligtas ng mga makasalanan (*redemption*), at matatapos ang lahat sa pagtatag ng kanyang kaharian (*consummation*). Mula Genesis hanggang Revelation, maganda talaga itong gamitin para matandaan ang main storyline ng Bible. At kapag naintindihan mo ito nang maayos, makakaya mo ngang ipahayag ang gospel gamit ang framework na ito.

Ang nagiging problema lang ay kapag ginagamit ang creation-fall-redemption-consummation na structure para ilagay ang emphasis ng gospel sa pangako ng Diyos na babaguhin niya ang mundo, at nakakalimutan na ang krus ng Kalbaryo. Ang "gospel" ng creation-fall-redemption-consummation na structure ay karaniwang ikinukwento sa ganitong paraan:

> Ang gospel ay ang balita na sa simula ng lahat nilikha ng Diyos ang mundo at ang lahat ng naririto. Noong una, lahat ng ito ay mabuti, pero sumuway ang mga tao sa paghahari ng Diyos sa kanila, at dito gumulo ang mundo. Ang relasyon ng mga tao sa Diyos ay nasira, gayundin ang relasyon nila sa isa't isa. Nasira rin ang pagtingin nila sa kanilang sarili, at ang relasyon nila sa mundong ginawa ng Diyos. Pero pagkatapos ng lahat ng nangyari, nangako ang Diyos na magpapadala siya ng isang Haring magliligtas sa mga tao para mapabilang sa kanyang kaharian, at ibabalik niya sa dati ang relasyon ng lahat ng nilalang ng Diyos sa kanya. Ang pangakong iyon ay nabigyan ng katuparan noong dumating si Jesu-Cristo sa mundo, at matatapos sa pagbabalik muli ng Haring si Jesus.

Ang lahat ng nakasulat sa paragraph na 'yan ay totoo. Pero hindi iyan ang gospel. Katulad nga ng napag-usapan natin, na ang pagdeklara ng "Jesus is Lord" ay hindi magandang balita kung wala namang paraan para tayo ay mapatawad sa mga kasalanan natin laban sa Panginoon, ang katotohanan na babaguhin ng Diyos ang buong mundo sa katapusan ng lahat ay hindi rin magandang balita kung hindi ka naman kasali sa pagbabagong ito.

Inuulit ko, lilinawin ko lang, maaari namang gamitin ang creation-fall-redemption-consummation bilang pattern sa pagpapaliwanag ng gospel na pinaniniwalaan ng mga Kristiyano. Kung tutuusin, ang mga category na "creation" at "fall" ay kahambing din naman ng ginagamit natin na "God" at "man." Ang pinakamahalagang pagkakaiba ay sa paggamit ng category na "redemption." Kung gusto nating ihayag ang tunay na gospel, kailangan nating ipaliwanag ang pagkamatay at muling pagkabuhay ni Jesus, at kung ano ang tugon (response) na hinihingi ng Diyos sa mga makasalanan. Kapag sinabi lang natin na ililigtas ng Diyos ang mga tao at babaguhin niya ang sirang mundo, pero hindi naman natin ipinapaliwanag kung *paano niya ito ginagawa* (sa pamamagitan ng pagkamatay at muling pagkabuhay ni Jesus), hindi natin naihayag ang gospel. Kapag ito lang ang ikinuwento natin, pero hindi natin isinama ang paliwanag *kung paano matatanggap ng mga tao ang kaligtasan* (kapag nagsisi sila sa kanilang mga kasalanan at nanampalataya kay Jesus), hindi natin naihayag ang tunay na gospel. Maaaring naikuwento

lang natin ang buod ng Bible, pero hindi natin inimbita ang mga makasalanan na makibahagi sa magandang balitang ito. Iniwan lang natin sila sa labas at hindi pinapasok.

Cultural Transformation

Maraming mga evangelicals ngayon ang nahuhumaling sa mga kaisipan na may kinalaman sa transformation ng kultura at lipunan—na maaari nating baguhin ang buong mundo at ang kultura nito sa pamamagitan ng mga programang ginagawa ng mga Kristiyano. Naniniwala ako na ito ay magandang hangarin. Naniniwala rin ako na inuutos rin ng Bible na labanan ng mga Kristiyano ang kasamaan kung saan man sila inilagay ng Diyos—maging ito man ay kasamaan laban sa mga tao o kasamaan na nakabaon na sa mga gobyerno at mga sistemang ginagalawan natin. Sinasabi nga ni Pablo na "gumawa tayo ng mabuti sa lahat ng tao, lalo na sa mga kapatid natin sa pananampalataya" (Gal. 6:10). Inutos din ni Jesus na tulungan natin ang mga taong nasa paligid natin, kahit na sila ay hindi natin kauri (Luc. 10:25–37). Sinabi pa nga niya na "pagliwanagin ninyo ang inyong ilaw sa mga tao, upang makita nila ang mabubuting gawa ninyo at pupurihin nila ang inyong Amang nasa langit" (Mat. 5:16 ASD).

Pero marami sa mga taong ipinaglalaban ang kaisipang ito ay ipinipilit na ang atas na ito ay nasa sentro raw ng buong kuwento ng Bible. Kung ang plano raw ng Diyos ay ang baguhin ang mundong ito, sinasabi nila na responsibilidad daw natin ang sumali sa trabahong iyon ng Diyos. Kumbaga,

kailangan nating maglikom ng mga materyales para sa pagtatatag ng kaharian ng Diyos. Kailangang makita na may ginagawa tayo sa ating mga pamayanan, sa mga siyudad na tinitirahan natin, sa ating mga bansa, at sa buong mundo na nagtutulak para maitatag nang maayos ang kaharian ng Diyos. "Kung ano ang nakikita nating ginagawa ng Diyos sa mundo, yun din dapat ang gawin natin," sabi nila.

Hayaan mong sabihin ko na sa iyo ang totoong iniisip ko tungkol dito. Malaki ang pag-aalinlangan ko sa mga pananaw na nakapaloob sa "cultural transformation," dahil na nga rin sa mga sinasabi ng Bible at sa mga natutunan ko tungkol dito. Hindi ko mapaniwalaan na ganoon kahalaga sa Bible ang cultural transformation tulad ng sinasabi ng mga naniniwala rito. May ilang dahilan ako rito. Una, naniniwala ako na yung sinasabi nilang atas ng Diyos sa mga tao na baguhin ang mundo sa aklat ng Genesis ay ibinigay sa sangkatauhan sa panahon ni Adan at ni Eba, at hindi sa mga Kristiyano. Hindi ko rin nakikita na ang direksyon ng kultura ng mundo ay sadyang papunta at pabalik sa Diyos. Naniniwala ako—dahil sa sinasabi ng Bible at sa nakikita natin na mga pangyayari at mga nangyari na—na ang kahahantungan ng mundo ay ang paghatol ng Diyos sa kasalanan (tingnan ang Pahayag 17–19). Kaya hindi ko kayang sakyan ang nakikitang pag-asa ng mga transformationalists, na kaya daw nating "baguhin ang mundo." Ang maniniwala rito ay malilihis lang ng landas at panghihinaan ng loob, kasi hindi talaga ito mangyayari sa paraang iniisip nila.

Pero ang lahat ng iyan ay kailangan ng mahabang pag-uusap tungkol sa sinasabi ng Bible sa mga isyung ito, at hindi rin naman ito ang pinupunto ko. Para sa akin nga, sa tingin ko posible naman na maging "transformationalist" ka at naniniwala rin na ang krus at si Jesus ang nasa pinakasentro ng Bible at ng gospel. Totoo naman na ang mga pinatawad ng Diyos ang gagamitin niya para sa pagbabago ng mundo, mga taong *pinatawad* at *naligtas* dahil sa ginawa ni Cristo sa krus.

Ang pinupunto ko ay ito, at sana maintindihan ako ng mga kaibigan kong evangelical transformationalist. Madalas kasi sa mga naniniwala sa pananaw na ito, itinutulak nila, sa simpleng kaparaanan, ang pagbabago ng mundo at ng kultura bilang main objective ng gospel. Dahil dito, sinasadya man o hindi, naisasantabi tuloy ang kahalagahan ng krus at ng ginawa ni Cristo. Makikita mo ito kapag binasa mo ang mga libro na ipinaglalaban ang cultural transformation. Sobrang excited sila sa pag-asa na magbabago ang mundo, at hindi sa ginawa ni Cristo sa krus para sa mga makasalanan. Ang kanilang taimtim na hinihiling sa mga tao ay sumali sa ginagawa ng Diyos na pagbabago ng mundo, at hindi yung pagsisihan nila ang kanilang mga kasalanan at manampalataya kay Jesus. Sinasabi nila na ang punto ng Bible ay ang pagbabago ng mundo, at hindi ang pagkamatay ni Jesus sa krus.

Sa ginagawa nilang ito, ang Christianity ay nagiging pangkaraniwang relihiyon na lamang, bumababaw ang kahalagahan ng biyaya ng Diyos at ng pananampalataya sa kanya. Ang isinisigaw ay "Mamuhay tayo nang maayos,

at kakayanin nating baguhin ang mundo." Hindi na 'yan Christianity. 'Yan ay listahan nalang ng mga dapat gawin o moralism.

Isang Katitisuran at Kahangalan

Sa dulo ng lahat, iniisip ko talaga kung ginagawa ba ito ng mga tao—ang maghanap ng mga substitutes sa gospel at tanggalin ang focus sa krus ng Kalbaryo—dahil ayaw lang talaga ng mundo na pag-usapan ang pagkamatay ni Cristo sa krus. Marami ngang nagsasabi na gawa-gawa lang ang kuwentong ito at katawa-tawa. May mga nagsasabi ring ito ay tahasang kasinungalingan lang. Nagugulat pa ba tayo sa mga 'yan? Sabi ni Pablo, hindi na dapat. Ang mensahe ng pagkamatay ni Cristo sa krus, sabi niya, ay hindi talaga matatanggap ng marami, at para sa iba ito nga ay kamangmangan!

Ano ang gagawin natin, kasi *gusto* nga nating paniwalaan ng mundo ang gospel, 'di ba? Ito ay mabigat na pressure para sa mga Kristiyano, na nagiging dahilan para humanap ng iba't ibang mga paraan para gawing mas katanggap-tanggap ang gospel sa pandinig ng mga tao—hindi na masyadong binabanggit ang madugong mga kaganapan sa krus ng Kalbaryo. Kasi nga, gusto nating tanggapin nila ang gospel at hindi ito pagtawanan.

Pero sa tingin ko, kailangan lang talaga nating tanggapin ang katotohanan na ang mensahe ng krus ng Kalbaryo ay ituturing ng mga tao na kalokohan lang. Kahit pa pilitin natin na maging "cool" at "harmless" katulad ng mga ordinaryong

tao sa paligid, babalik pa rin tayo sa dala nating mensahe ng gospel, at magmumukha talaga tayong katawa-tawa sa harapan nila. Kaya naman nating mga Kristiyano na magpanggap na "cool" tayo. At kapag sinabi natin sa kanila na iniligtas tayo ng isang taong ipinako sa krus, dun natatapos ang pagiging "cool" natin, kahit pa gaano tayo kagaling sa pagpapanggap.

Pero kahit ganun pa man ang nangyayari, hindi nagbabago ang turo ng Bible na ang krus ng Kalbaryo pa rin ang *dapat* na nasa sentro ng gospel. Hindi natin ito pwedeng isantabi, o palitan ng mas katanggap-tanggap na katotohanan bilang pundasyon at sentro ng magandang balitang dala-dala natin. Kapag ginawa natin iyon, ang madadala natin sa mundo ay balitang hindi naman kayang magligtas. At hindi na yun magandang balita.

Actually, binibigyan nga tayo ng Bible ng napakalinaw na direksyon kung ano ang gagawin natin kapag mayroong pressure na alisin ang krus sa kalagitnaan ng gospel. Kailangan nating labanan ang mga katuruang ganyan. Tingnan natin ang mga sinabi ni Pablo tungkol dito sa 1 Corinto. Alam niyang ang mensahe ng krus ni Cristo ay kahibangan para sa mga tao sa paligid niya. Pero kahit alam niyang malaki ang posibilidad na tanggihan ng mga tao ang gospel na dala niya, sinabi pa rin niya na "ang ipinapangaral namin ay si Cristo na ipinako sa krus" (1 Cor. 1:23). Ang sabi pa nga niya ay "ipinasya kong *wala* akong ibang ipapaalam sa inyo maliban kay Jesu-Cristo at ang kanyang kamatayan sa krus" (1 Cor. 2:2). Ang dahilan niya para rito ay sinabi rin niya sa dulo ng kanyang

sulat na ito, na ang katotohanan na "si Cristo'y namatay dahil sa ating mga kasalanan, tulad ng sinasabi sa Kasulatan" ay hindi lamang mahalaga at hindi lang sobrang mahalaga. Ito ang "*pinakamahalaga* sa lahat" (1 Cor. 15:3).

Pero paano kapag pinagtawanan nga tayo ng mundo? Paano kung mas nagugustuhan talaga nila yung katuruan tungkol sa pagbabago ng mundo kaysa sa kamatayan ni Cristo para sa mga makasalanan? Paano kapag pinagtawanan tayo ng mga tao dahil ang balitang dala natin ay tungkol sa isang taong ipinako sa krus? Sinabi ni Pablo na ganyan talaga ang ating sitwasyon, wala na tayong magagawa. Hindi 'yan sapat na dahilan para mabago ang kailangan niyang gawin. Ipapahayag pa rin niya na si Cristo ay ipinako sa krus. Maaari ngang ito'y pagtawanan nila. Pwedeng isipin nila na kalokohan lang ang lahat ng sinasabi ko. Pero alam ko na "ang inaakala ng tao na kamangmangan ng Diyos ay higit pa sa karunungan ng tao" (1 Cor 1:25 ASD).

Sinigurado ni Pablo na ang krus ni Cristo ang sentro ng gospel na ipinahayag niya. Ganoon din dapat ang gawin natin. Kapag hinayaan natin na iba ang nasa sentro ng gospel, para na rin nating sinabi na, "Sige lang, may iba pa namang daan papuntang langit. Ituturo ko sa'yo yung shortcut. Okay lang yan. Magtiwala ka lang sa akin. Makakarating ka rin dun.

CHAPTER EIGHT

ANG KAPANGYARIHAN NG GOSPEL

Bago ako tuluyang maka-graduate ng college, naisip namin ng dalawang kaibigan ko na mag road-trip mula sa hometown namin sa East Texas papunta sa Yellowstone National Park. Ang saya ng road-trip na iyon, at sinadya talaga naming gawin iyon bilang huling hirit bago namin pasukin ang adulthood sa mundong ito.

Ang ganda talaga ng mga tanawin sa Yellowstone Park. Sobrang majestic ng mga bundok, may mga geyser, hot springs, at napakaraming moose (mga malalaking usa). Isa sa mga umaga ng bakasyong iyon, naisipan namin na mag-hiking. At para lang mas maganda ang experience, napagpasyahan namin na hindi magdala ng mapa. Susundan lang namin yung trail sa kakahuyan saan man kami dalhin nito. Nagbaon lang kami ng mga pagkaing pang-lunch, inilagay namin ang mga cellphones namin sa mga backpack namin, at naglakad na kami.

Ang layo na ng nilakad namin, pero parang wala naman kaming napapansing kakaiba. Naglolokohan nga kami na wala naman palang masyadong pinagkaiba ang Yellowstone National Park sa mga kakahuyan sa East Texas, kung saan kami lumaki. May mga malalaking pine trees din, at paminsan-minsan ay may mga sapa na kailangang tawirin.

Wala ngang masyadong kakaiba, at naisip namin kung worth it ba talaga ang ginawa naming paglalakad.

Pero sa paglalakad namin, bigla na lang nagbago ang paligid nang hindi namin namamalayan. Nasa dulo na pala kami ng kakahuyan at nakita namin na kami pala ay napadpad na sa isang napakagandang lugar—ang Grand Canyon ng Yellowstone Park. Nakatayo kami sa gilid ng napakataas at napakahabang bangin. Sa gitna ng bangin ay may isang ilog at kumikinang ang tubig nito kapag tinatamaan ng sinag ng araw. Sa taas ng bangin, may nakita kaming mga ibon na lumilipad sa gitna parte ng bangin sa ibaba namin. May mga ulap din na mabilis na natatangay ng malakas na agos ng hangin na parang galing sa gitna ng bangin.

Sa sandaling iyon, nakaramdam ako ng sobrang panliliit, sa taas at laki ng bangin sa ilalim namin, at sa laki at ganda ng langit at mga ulap sa itaas. First time sa araw na iyon na wala kaming masabi, hindi namin nagawang magsalita. At maya-maya bigla kong narinig na kumanta ang isa sa mga kasama ko,

> O Lord my God, when I, in awesome wonder,
> Consider all the worlds thy hands have made . . . [3]

Hindi naman kagandahan ang boses niya, pero ang saloobin ng puso niya ay tamang-tama sa sandaling iyon. Sa mga sumunod na oras, nakatayo lang kami sa dulo ng Grand

[3] "How Great Thou Art," Stuart K. Hine, 1949; based on the poem "O Store Gud," Carl G. Boberg, 1886.

Canyon ng Yellowstone at umaawit ng papuri sa Diyos na gumawa ng obra maestra na nasa aming harapan.

Bakit ba Natin Ito Nakakalimutan?

Alam mo, naisip ko na ganoon din dapat ang epekto ng gospel sa atin kung pag-iisipan lang natin nang mabuti ang mga katotohanan nito. Kailan mo huling ginawa yung isinantabi mo muna ang mga alalahanin mo sa buhay at sinadya mong harapin ulit ang napakagandang mga ginawa ng Diyos para sa atin na isinasalaysay ng gospel? Yung malawak na habag at biyaya niya para patawarin ang mga taong nagrebelde laban sa kanya, yung kahanga-hangang plano niya na isugo ang kanyang Anak para magdusa at mamatay para sa ating mga kasalanan, yung pagtatatag ng Diyos ng kanyang kaharian na nagpapamalas ng kanyang perpektong katuwiran at ang paghahari ni Jesus na nabuhay na muli, at sa huli, sa pamamagitan ng kanyang dugo ay dadalhin niya ang kanyang mga iniligtas papunta sa inaasam na bagong langit at bagong mundo kung saan wala nang kasalanan at ang kasamaan ay nagapi na nang tuluyan, kailan mo huling napagbulay-bulayan ang mga katotohanang 'yan?

Bakit nga ba hinahayaan ko na paminsan-minsan at sa mahabang panahon ay natatabunan sa isipan ko ang kagandahan, kapangyarihan, at kadakilaan ng gospel na ito? Bakit nga ba madalas na mas nangingibabaw sa isip at emosyon ko ang ibang mga bagay, kung ang mga bagay na ito ay mababababaw lang kumpara sa kadakilaan ng gospel—kung malinis ba ang kotse ko, o ano ba ang nangyayari sa Facebook

ngayon, o masarap ba ang kakainin kong tanghalian? Bakit ba sinasadya kong bulagin ang sarili ko at hindi ko makita ang buhay na walang hanggan na dala ng gospel? Bakit hindi ko kayang ipasok ang gospel na ito sa lahat ng parte ng buhay ko sa lahat ng panahon—sa relasyon ko sa aking asawa at mga anak, sa mga katrabaho ko, sa mga kaibigan ko, at sa ibang mga kasama kong members ng church namin?

Alam ko kung bakit. Ito ay dahil ako ay isang makasalanan, at patuloy na umiiral sa puso ko ang pagmamahal ko sa mundo habang hindi pa bumabalik si Jesus. Pero habang hindi pa siya bumabalik, patuloy kong kakalabanin ang kasalanan. At habang wala pa si Jesus, gusto kong lumaban sa kasalanan. Gusto kong labanan itong katamaran sa puso ko—itong pagkalasing ko sa mundo na gusto akong talunin. Gusto kong mahigpit na yakapin ang gospel na ito, at hayaang pumasok ito sa lahat ng bahagi ng buhay ko—sa mga ginagawa ko, sa mga nararamdaman ko, sa mga ginugusto ko, sa mga iniisip ko at mga gustong makamit sa buhay.

Sana ito rin ang gusto mo. Sana natulungan ka ng maikling librong ito para luminaw kahit kaunti ang pagtingin mo sa kagandahan at kadakilaan ng ginawa ng Diyos para sa atin sa pamamagitan ni Jesus. Ano na nga ba ang dapat mong gawin ngayon? May ilan akong babanggitin dito—marami akong hindi mababanggit dito, napakarami—tungkol sa kung paano dapat makaapekto sa buhay natin ang magandang balita ni Jesus.

Pagsisisi at Pananampalataya

Una, kung ikaw ay hindi Kristiyano, salamat at binasa mo ang librong ito hanggang dito. Sana napag-isipan mo ang mga naisulat dito tungkol sa magandang balita ni Jesus, at panalangin ko na sana'y hindi mo ito isantabi, sana'y natanim ito sa isip mo. Para sa iyo, madali lang ang sagot sa kung ano ba dapat ang gagawin mo ngayon. Hindi naman aabot ng milyon yung mga bagay na dapat mong gawin. May isa lang: pagsisihan mo ang mga kasalanan mo at manampalataya kay Jesus. Ibig sabihin nito, aaminin mo na wala kang magandang maipagyayabang sa Diyos, at aaminin mo na hindi mo kayang iligtas ang sarili mo. Lumapit ka kay Jesus na siyang tanging pag-asa mo para mapatawad ang mga kasalanan mo sa harapan ng Diyos.

Hindi mahaba ang proseso para maging Kristiyano. Wala kang kailangang patunayan. Binayaran na ni Jesus ang lahat ng kailangang bayaran, at ginawa na niya ang lahat ng kailangang gawin. Ang sinasabi ng gospel sa iyo ay ito: talikuran mo ang mga kasalanan mo at ibaling kay Jesus ang tiwala at pananampalataya mo. Tinatawag ka ng gospel na lumapit kay Jesus at sabihing, "Hindi ko kayang iligtas ang sarili ko, Panginoong Jesus. Kailangan kita. Ikaw lamang ang makapagliligtas sa akin."

Mula rito'y papasok ka sa isang bagong mundo at bagong buhay. Pero ang lahat ay nagsisimula sa pagsisisi sa mga kasalanan mo at pagtitiwala na si Jesus lang ang makakapagligtas sa iyo.

Kapahingahan at Kasiyahan

Kung ikaw ay isa nang Kristiyano, ang gospel ngayon ang dahilan kung bakit ka nakakapagpahinga kay Cristo at hindi na iniisip ang lahat ng kailangan mong gawin at patunayan. Ang gospel rin ang nagbibigay sa'yo ng malalim at tunay na kasiyahan, dahil sa kaligtasan na iyong natanggap at hindi kailanman mawawala sa iyo. Dahil kay Jesus, dahil alam ko na nasa kanya na ko at kasama ko na siya magpakailanman, hindi na ako matatakot o mag-aalala na baka mawala sa akin ang kaligtasan ko. Kapag naramdaman ko iyon, kaya kong ipaalala sa sarili ko na sa gitna ng lahat ng katanungan, ako ay kay Jesus at walang sinumang makapag-aalis sa akin sa piling niya. Ipinapakita kasi sa akin ng gospel na ang kaligtasan ko ay hindi nakasalalay sa kakayahan ko o sa listahan ng mga accomplishments ko: Mature na ba ako? Check. Nag-quiet time na ba ako? Check. May kinausap ba ako today tungkol sa mga spiritual na bagay? Check, check, check! Ang galing ko! Feeling ko ligtas talaga ako! Parang *tunay* na Kristiyano ako today!

Nakakatawang isipin ang mga 'yan kung alam natin ang mga katotohanang sinasabi ng gospel tungkol kay Jesus! Salamat sa Diyos dahil ang relasyon ko ngayon sa kanya ay hindi nakasalalay sa kagustuhan ko o sa kakayahan kong mamuhay nang mabuti. Hinding-hindi. Ang hatol sa akin ng Diyos ay ito: "PINATAWAD KA NA!" At hinding-hindi magbabago ang hatol na ito dahil nakaangkla ito ngayon at magpakailanman sa ginawa ni Jesus—ang kanyang pagkamatay sa krus para

sa mga kasalanan ko, at sa kanyang ginagawa ngayon bilang tagapamagitan para sa akin sa harapan ng Diyos Ama.

Kung ikaw ay Kristiyano, ang krus ng Kalbaryo ay parang isang napakalaking bundok sa buhay mo na hindi matitinag magpakailanman, isang matibay na patotoo ng pagmamahal ng Diyos sa iyo at ng kanyang kagustuhan na maibalik ka sa kanyang presensya. Sabi nga ni Pablo sa mga taga-Roma: "Kung ang Diyos ay panig sa atin, sino ang makakalaban sa atin? Kung ang sarili niyang Anak ay hindi niya ipinagkait, sa halip ay ibinigay para sa ating lahat, hindi kaya niya ibibigay nang masagana sa atin ang lahat ng bagay?" (Roma 8:31–32).

Pagmamahal sa mga Iniligtas ni Cristo

Ang gospel rin ang magtutulak sa iyo sa mas malalim at mas masiglang pagmamahal sa kanyang mga iniligtas—ang local church. Wala ni isa sa atin ang nagsumikap para maligtas, hindi natin pinagtrabahuhan ang kaligtasan natin at ang mga biyayang natatanggap natin sa presensya ng Diyos. Hindi tayo naging mamamayan ng kaharian ng Diyos dahil sa sarili nating abilidad. Tatanggapin natin ang katuparan ng mga pangako ng Diyos dahil tayo ay nagtiwala kay Jesu-Cristo para tayo ay iligtas, at tayo ay kapiling na niya ngayon dahil sa kanyang habag.

Pero ito ang mabigat na kailangang matutunan natin. Naisip mo ba na lahat ng mga bagay na totoo tungkol sa kaligtasan mo at sa mga tinatanggap mong biyaya galing sa Diyos ay totoo rin para sa mga kapatid mo sa church na

kinaiinisan mo? Ang mga kapatid mong ito ay naniniwala rin at minamahal rin ang Panginoong Jesus. Dagdag pa riyan, sila rin ay iniligtas at pinatawad ng Panginoon na nagligtas at nagpatawad rin sa iyo. Subukan mong isipin yung isang kapatid mo sa church na hindi mo nilalapitan o hindi mo kinakaibigan dahil iniisip mong hindi naman talaga kayo magkakasundo. O yung kapatid mo sa church na hindi mo na pinapansin nang pagkatagal-tagal dahil nagkaaway kayo at hindi na nagkapatawaran. Tapos isipin mo ngayon na parehas lang naman kayo ng Panginoon na minamahal at pinananampalatayanan. Si Cristo na namatay para sa iyo ay namatay rin para sa kanya.

Kung malalim ang pagkakaunawa natin sa gospel ni Jesu-Cristo—ang magandang balita tungkol sa ginawa ni Jesus, na iniligtas ka niya kahit hindi ka naman karapat-dapat na iligtas—dapat din siguro na ma-convince na tayo na ayusin na ang lahat ng maliliit na inis natin sa mga kapatid natin dahil na rin sa gospel na ito. Kung malalim ang pagmamahal sa atin ng Diyos sa gospel, dapat ganun din kalalim ang pagmamahal natin sa mga kapatid natin. Kung gaano kalalim ang pagmamahal sa'yo ni Jesus, dapat ganun din kalalim ang pagmamahal mo sa mga kapatid mo sa church, na kaya mo silang patawarin sa maliliit na mga pagkakamaling nagawa nila sa'yo at sa mga pagkakamali nila na sobrang nakasakit sa'yo. Sana ay mapatawad natin sila at matutunang mahalin sila ulit katulad ng pagmamahal ni Jesus sa atin.

Kung ganun na lamang kalawak ang pag-ibig ng Diyos sa

atin, hindi ba dapat lumalawak rin ang pagmamahal natin sa mga kapatid natin?

Pagpapahayag ng Gospel sa Mundo

Hindi lang 'yan, yung lawak ng biyaya ng Diyos sa atin ay dapat na magpalawak rin ng pagmamahal mo sa mga tao sa paligid mo, na gugustuhin mo na makilala rin nila si Jesus at manampalataya rin sila sa kanya nang sa gayon ay maligtas rin sila. Dahil naranasan na natin ang habag ng Diyos sa atin, maging pagnanais sana ng puso natin na maranasan rin ng iba ang habag ng Diyos na ito.

Pagkatapos ng muling pagkabuhay ni Jesus, nagpakita siya sa kanyang mga alagad at sinabi niya ito: "Ganito ang nasusulat: kinakailangang magdusa at mamatay ang Cristo; at pagkatapos, siya'y muling mabubuhay sa ikatlong araw. Sa kanyang pangalan, ang pagsisisi at kapatawaran ng mga kasalanan ay dapat ipangaral sa lahat ng mga bansa, magmula sa Jerusalem." Malinaw na malinaw na inilatag ni Jesus ang plano ng Diyos—plano na iligtas ang mga makasalanan bilang mga mamamayan ng kanyang kaharian. At kagulat-gulat na dagdag pa niya para sa kanyang mga alagad: "Kayo ang mga saksi sa mga bagay na ito" (Lucas 24:46–48). Namutla siguro ang mga disciples niya nung marinig nila ito! Ang layunin pala ng Diyos ay dalhin ang kaligtasan sa lahat ng bahagi ng mundo. At heto ngayon si Jesus na sinasabi sa kanila na ang layuning ito ay tutuparin ng Diyos sa *pamamagitan nila!*

Grabe, sobrang nakakapangliit itong mga sinabi ni

Jesus. *Tayo* pala ang gagamitin ng Diyos para ipakita ang katotohanan ng kanyang kaligtasan sa mga tao sa mundo? Grabe 'yan! Pero kung feeling mo ay hindi ka karapat-dapat at nanliliit ka sa katotohanang ito, may encouragement ako sa iyo. Totoong hindi ka karapat-dapat, at totoong ikaw ay mahina at maliit. 'Yan ang encouragement ko sa'yo. Ayos ba? Kasi totoo naman na tayo ay mahihina at mga makasalanan, at nilalabanan natin ito araw-araw sa buong buhay natin. Pero sinasabi pa rin ni Jesus sa atin, "Kayo ang aking mga saksi sa mga bagay na ito." Sa pamamagitan ng paghahayag natin ng ebanghelyo—sa preaching sa local church o sa pagtuturo, o kahit sa mga usap-usapan natin habang kumakain kasama ang mga kaibigan, pamilya, o katrabaho—ito ang ginagamit ng Diyos para sa kaligtasan ng mga makasalanan.

Naisip mo ba kung bakit hindi ikinuwento nung anghel na nagpakita kay Cornelio sa Gawa 10 ang gospel sa kanya? Bakit kailangan pang si Pedro—na nakatira sa kabilang lungsod—ang pumunta kay Cornelio? Kung kayang sabihin nung anghel kay Cornelio na may taong pupunta sa kanila, bakit hindi na lang niya direktang inihayag ang gospel sa kanila? Alam na natin ang dahilan—dahil nga sa atas ng Diyos na ang gospel ay ihahayag at dadalhin sa buong mundo sa pamamagitan ng kanyang mga iniligtas. Ang gospel ay ihahayag ng mismong mga taong naligtas at nanampalataya kay Jesus at naranasan ang kapatawaran na galing sa kanya.

Kung ikaw ay Kristiyano, hawak mo ang nag-iisang mensahe sa buong mundo na kayang magligtas ng mga

makasalanan. Wala nang ibang gospel, at walang ibang paraan para maligtas ang ibang tao sa kasalanan nila. Kung maliligtas man ang iyong mga kaibigan, kapamilya, at mga katrabaho, ito ay dahil may maghahayag sa kanila ng gospel ni Jesu-Cristo. Kaya nga inutusan tayo ni Jesus na humayo tayo sa lahat ng dako ng mundo, at ihayag ang magandang balitang ito sa mga tao. Ito ang ibig sabihin ni Pablo sa Roma 10 nung sinabi niya na, "Paano sila sasampalataya kung wala pa silang napakinggan tungkol sa kanya? Paano naman sila makakapakinig kung walang mangangaral sa kanila?" (v. 14). Marami tayong mga magagandang magagawa bilang mga Kristiyano. Pero sa totoo lang, kaya rin namang gawin ang mga iyan ng mga hindi mananampalataya. Pero kung ang pagpapahayag ng gospel ni Jesus ay hindi natin gagawin, sino sa tingin mo ang gagawa nito? Wala. Walang ibang gagawa nito kundi tayo lang.

Kaya nga sikapin mo na ang katotohanan ng gospel ay maisapuso mo nang buung-buo. Sana masaktan rin ang puso mo para sa mga taong hindi nakakaalam ng mga katotohanang ito, na hindi pa nila nakikilala si Jesu-Cristo. Pag-isipan mong mabuti kung anong mangyayari sa mga kaibigan mo, pamilya, at mga katrabaho kung haharap sila sa paghatol ng Diyos at hindi nila kilala si Jesus. Huwag mong kakalimutan ang biyaya't habag ng Diyos sa buhay mo, at isipin mo kung anong mangyayari kapag naranasan rin nila ang habag at pagpapatawad ng Diyos. Tapos huminga ka nang malalim, manalangin ka na gabayan ka ng Banal na Espiritu, at sabihin mo sa kanila ang ebanghelyong ito!

Paghihintay sa Kanyang Pagbabalik

At sa huli, ang gospel rin ang nagtutulak sa atin na asam-asamin ang araw ng pagbabalik ng ating Haring si Jesus, kung kailan masasaksihan natin ang katuparan ng kanyang pangakong pagtatatag ng kanyang kaharian magpakailanman. Pero hindi ito simpleng pagnanasa para lang makasama sa kaharian na iyon o dahil gusto lang nating mabuhay sa isang mundo na wala nang kasamaan at maghahari ang katuwiran ng Diyos.

Maganda ang mga pangakong iyon, pero kulang pa rin ang mga ito. Kung tunay ngang naiintindihan natin ang gospel, ang inaasam-asam natin ay hindi ang kaharian, kundi ang Hari mismo. Sa gospel na ito, tinuruan tayong makilala si Jesus at mahalin siya, kaya ang kagustuhan natin ay ang mamuhay na kapiling siya. Sabi ni Jesus, "Sila…ay nais kong makasama sa kinaroroonan ko" (Juan 17:24). Kaya nga gusto natin na makapiling siya, kasama ang milyun-milyong mga iniligtas niya, at sama-sama tayong sasamba sa kanya.

Sa aklat ng Pahayag, binigyan tayo ng nakamamanghang pangitain sa kung ano ang inihanda ng Diyos para sa mga nag-mamahal sa kanya. Ito ay katiting na larawan lamang, pero sobrang mararamdaman mo pa rin ang nag-uumapaw na tagumpay, kaligayahan, kapahingahan, at katapusan para sa mga iniligtas ng Diyos na sumasamba kay Jesu-Cristo.

> Pagkatapos nito'y nakita ko ang napakaraming tao na di kayang bilangin ninuman! Sila'y mula sa bawat bansa, lipi, bayan, at wika. Nakatayo sila sa harap ng

> trono at ng Kordero, nakadamit ng puti at may hawak na mga palaspas. Isinisigaw nila, "Ang kaligtasan ay nagmumula sa ating Diyos na nakaluklok sa trono, at sa Kordero!" (Pah. 7:9–10)

Itinuturo tayo ng gospel sa huling araw na ito. Na kahit araw-araw ay pinagdaraanan natin ang mga pagsubok, pag-uusig, pagtitiis, mga tukso, mga bagay na gumagambala sa atin, kawalan ng pag-asa, at lubos na kapaguran sa mundong ito, itinuturo pa rin tayo ng gospel sa langit kung nasaan ang ating Haring si Jesus—ang Kordero ng Diyos na ipinako sa krus at namatay para sa atin, at muling nabuhay mula sa kamatayan—na ngayon ay namamagitan sa Diyos para sa atin. At hindi lang iyan, binibigyan tayo ng gospel ng pag-asa, pag-asang darating sa huling araw, kung kailan ang langit ay mapupuno ng dumadagundong na ingay ng mga boses ng milyun-milyong mga pinatawad ng Diyos, sama-samang pinupuri at itinataas si Cristo bilang kanilang Haring Tagapagligtas na namatay at muling nabuhay.

MAHALAGANG PASASALAMAT

Kagaya ng ibang mga proyekto, ang librong ito ay nabuo sa tulong ng ilang mga tao na karapat-dapat kong pasalamatan. Ang isang tao ay hindi naman nakakapag-isip o natututo nang mag-isa lang. Sa nagdaang mga taon, marami akong nakausap at nakasama sa pag-aaral ng gospel, at kaya kong isa-isahin ang mga pangalan ng mga kapatid kong ito. Gayunpaman, may ilan sa kanila na gusto kong bigyan ng espesyal na pasasalamat.

Una, sa kahanga-hangang team ng Crossway, maraming salamat sa chance na ibinigay ninyo sa akin, kahit na ako'y isang unknown author. Sa kalooban ng Diyos, kung gagamitin niya ang librong ito para lumago ang kanyang church, kayo ang naging instrumento sa layuning iyon.

Maraming salamat din sa team ng 9Marks sa kanilang encouragement sa akin na isulat ang librong ito, at sa mga efforts nila para mangyari ang lahat ng ito. Ang vision at passion ni Matt Schmucker para sa kalusugan ng church ay nakakahanga at nakakahawa, nagpapasalamat ako na nakilala at nakatrabaho ko siya. Napakalaki ng naitulong sa akin ni Jonathan Leeman sa pagsulat ng librong ito. Sa pamamagitan ng ilang mga pag-uusap, mga emails, at editing, pinatalas niya ang librong ito. At nagpapasalamat din ako kay Bobby Jamieson na nakasama kong uminom ng maraming kape habang nag-uusap tungkol sa kaharian ng Diyos. Ikinagagalak ko ang mapa-

bilang sa team na ito!

Kay Mark Dever na kapatid ko kay Cristo, maraming salamat sa pagtulak mo sa akin para isulat ang aking unang libro. Ako ay may utang na loob sa iyo sa mga paraang hindi ko kayang ipaliwanag. Ipinagmamalaki kita bilang spiritual mentor ko, at nagagalak ako na parehas tayong ginulat ng ating Diyos sa pamamagitan ng pagbalik ko sa Washington DC para makabisita ng ilang mga araw. Napakabuti niya para bigyan tayo ng pagkakataong magkasama.

Panghuli, maraming salamat sa napakatatag at napakaganda kong asawa na si Moriah. Minamahal at inaalagaan mo ako nang mabuti, hindi ka nagsasawa at tinitiis mo ang mga sandali na nawawala ako sa sarili kong isipan kakaisip sa ilang buhol-buhol na mga theological problems. Mahal na mahal kita, Babe.

TUNGKOL SA SERYE

Ang serye ng mga libro ng 9Marks ay nakaugnay sa dalawang basic ideas. Una, ang local church ay higit na mas mahalaga sa buhay Kristiyano kaysa sa inaakala ng maraming mga Kristiyano ngayon. Kami sa 9Marks ay naniniwala na ang malusog na Kristiyano ay isang malusog na miyembro ng church. Ikalawa, ang mga local churches ay lumalago at nagiging masigla kapag inaayos nila ang kanilang mga buhay ayon sa Salita ng Diyos. Nagsasalita ang Diyos. Ang mga churches ay dapat na makinig at sumunod. Ganun kasimple yun. Kapag ang church ay nakikinig at sumusunod, nagsisimula itong maging katulad ni Cristo na siyang sinusundan nito. Sinasalamin nito ang kanyang pag-ibig at kabanalan. Sinasalamin nito ang kanyang kagandahan. Ang isang church ay magiging katulad niya habang ito ay nakikinig sa kanya. Kaugnay nito, mapapansin ng bawat babasa nito na lahat ng "9 marks," na hango sa libro ni Mark Dever, *Nine Marks of a Healthy Church* (Crossway, 3rd ed., 2013), ay nagsisimula sa Bible:

- expositional preaching;
- biblical theology;
- a biblical understanding of the gospel;
- a biblical understanding of conversion;
- a biblical understanding of evangelism;
- a biblical understanding of church membership;

- a biblical understanding of church discipline;
- a biblical understanding of discipleship and growth; and
- a biblical understanding of church leadership.

Marami pang ibang pwedeng sabihin kung ano ang mga dapat gawin ng mga churches para maging healthy, tulad ng pananalangin. Ngunit ang siyam na practices na 'to ang mga bagay na pinaniniwalaan naming pinakanakakaligtaan ngayon (hindi tulad ng prayer). So ang basic na mensahe namin sa mga churches ay ito: huwag kayong tumingin sa kung ano ang best business practices o kung ano ang latest styles; tumingin kayo sa Diyos. Magsimula kayo sa pamamagitan ng muling pakikinig sa Salita ng Diyos.

Bunga nitong overall project na 'to ang serye ng mga libro ng 9Marks. Ang mga librong ito ay naglalayong pag-aralang mabuti at sa iba't ibang anggulo ang nine marks na 'to. Ang target ng ilang mga libro ay mga pastor. Ang target naman ng iba ay mga church members. Inaasahan namin na lahat ng 'yan ay kakikitaan ng kombinasyon ng biblical examination, theological reflection, cultural consideration, corporate application, at maging ng kahit bahagya man lang na individual exhortation. Ang mga pinakamainam na mga Christian books ay palaging parehong theological at practical.

Panalangin namin na gagamitin ng Diyos ang librong ito at ang iba pa para maihanda ang church na parang babaeng ikakasal, na may nagniningning na kagandahan para sa araw ng kanyang pagparito.

Iba Pang mga Libro ng 9Marks

The Compelling Community: Where God's Power Makes a Church Attractive, Mark Dever and Jamie Dunlop (2015)
The Pastor and Counseling: The Basics of Shepherding Members in Need, Jeremy Pierre and Deepak Reju (2015)
Who Is Jesus?, Greg Gilbert (2015)
Nine Marks of a Healthy Church, 3rd edition, Mark Dever (2013)
Finding Faithful Elders and Deacons, Thabiti M. Anyabwile (2012)
Am I Really a Christian?, Mike McKinley (2011)
What Is the Gospel?, Greg Gilbert (2010)
Biblical Theology in the Life of the Church: A Guide for Ministry, MichaelLawrence (2010)
Church Planting Is for Wimps: How God Uses Messed-up People to Plant Ordinary Churches That Do Extraordinary Things, Mike McKinley (2010)
It Is Well: Expositions on Substitutionary Atonement, Mark Dever and Michael Lawrence (2010)
What Does God Want of Us Anyway? A Quick Overview of the Whole Bible, Mark Dever (2010)
The Church and the Surprising Offense of God's Love: Reintroducing the Doctrines of Church Membership and Discipline, Jonathan Leeman (2010)
What Is a Healthy Church Member?, Thabiti M. Anyabwile (2008)
12 Challenges Churches Face, Mark Dever (2008)
The Gospel and Personal Evangelism, Mark Dever (2007)
What Is a Healthy Church?, Mark Dever (2007)

Building Healthy Churches

Edited by Mark Dever and Jonathan Leeman
Church Elders: How to Shepherd God's People Like Jesus, Jeramie Rinne (2014)
Evangelism: How the Whole Church Speaks of Jesus, J. Mack Stiles (2014)
Expositional Preaching: How We Speak God's Word Today, David

R. Helm (2014)
The Gospel: How the Church Portrays the Beauty of Christ, Ray Ortlund, (2014)
Sound Doctrine: How a Church Grows in the Love and Holiness of God, Bobby Jamieson (2013)
Church Discipline: How the Church Protects the Name of Jesus, Jonathan Leeman (2012)
Church Membership: How the World Knows Who Represents Jesus, Jonathan Leeman (2012)

Building Healthy Churches

IS YOUR CHURCH HEALTHY?

9Marks exists to equip church leaders with a biblical vision and practical resources for displaying God's glory to the nations through healthy churches.

To that end, we want to help churches grow in nine marks of health that are often overlooked:

1. Expositional Preaching
2. Gospel Doctrine
3. A Biblical Understanding of Conversion and Evangelism
4. Biblical Church Membership
5. Biblical Church Discipline
6. A Biblical Concern for Discipleship and Growth
7. Biblical Church Leadership
8. A Biblical Understanding of the Practice of Prayer
9. A Biblical Understanding and Practice of Missions

At 9Marks, we write articles, books, book reviews, and an online journal. We host conferences, record interviews and produce other resources to equip churches to display God's glory.

Visit our website to find content in 40+ languages and sign up to receive our free online journal. See a complete list of our other language websites here: 9marks.org/about/international-efforts.

9marks.org

Misyon ng Treasuring Christ PH ang makapagbahagi ng mga free at affordable Taglish gospel-centered resources para sa Filipino Church.

Matatagpuan sa www.treasuringchristph.org ang daan-daang mga sermons, articles, Bible study guides at ebooks na bunga ng preaching at teaching ministry ni Pastor Derick Parfan sa nakaraang 14 taon bilang pastor ng Baliwag Bible Christian Church sa Baliwag, Bulacan.

Bago itong *Ano ang Gospel?*, nakapag-publish na rin kami ng iba pang mga libro tulad ng:

1. *Coronavirus at si Cristo* (John Piper)
2. *Habakkuk: Pag-asa sa Panahon ng Pandemic* (Derick Parfan)
3. *Expositional Preaching: How We Speak God's Word Today* (David Helm)
4. *The Gospel: How the Church Portrays the Beauty of Christ* (Ray Ortlund)
5. *Five Solas, One Gospel: Mga Foundational Doctrines para sa Filipino Church Ngayon* (Derick Parfan)

6. *Balik Tayo sa Church: Bakit Essential ang Katawan ni Cristo* (Collin Hansen at Jonathan Leeman)
7. *Balik Tayo sa Church Study Guide* (Megan Hill)
8. *Tulung-Tulong sa Paglago: Pagdidisciple sa Local Church* (Bobby Jamieson, Mark Dever, & Jonathan Leeman)
9. *Finish the Mission: Bringing the Gospel to the Unreached and Unengaged* (John Piper & David Mathis)
10. *No Shortcut to Success: A Manifesto for Modern Missions* (Matt Rhodes)

Para sa mga karagdagang impormasyon, mag-email sa tcphbooks@gmail.com.

Kung nakatulong sa 'yo ang librong ito, gusto naming marinig kung paano ginamit ng Diyos ang mga nabasa mo para matulungan ka sa panahong ito. Pwede mo kaming i-email sa treasuringchristph@gmail.com. Para sa iba pang mga Taglish gospel-centered resources tulad ng ebooks, sermons, study guides, at conference resources, please visit our website at www.treasuringchristph.org.

TREASURING CHRIST PH

Itong maliit na aklat na ito na tungkol sa gospel ay isa sa pinakamalinaw at pinakamahalagang aklat na nabasa ko nitong nakaraang mga taon.

Mark Dever, Senior Pastor, Capitol Hill Baptist Church, Washington DC

Tuturuan tayo ng aklat na ito kung paano maisentro ang gospel sa ating paghayo, sa preaching, pagtuturo, pagdidisipulo at pamumuhay tungo sa kabanalan.

Rod Santos, DMin; Country Director, Global Aid Network; Instructor, International Graduate School of Leadership

Malinaw na ipinapaliwanag ng aklat na ito kung ano ba talaga ang totoong gospel at ano ang hindi, isinulat nang may pastoral na puso at sa paraang madaling basahin. Naniniwala ako na matutulungan ng aklat na ito ang tunay at tapat na Kristiyanong Pilipino para maunawaan biblically ang kabuuan ng gospel at malaman ang mga non-negotiables na nakapaloob dito.

Ray Caguin, Pastor, Community Bible Church Marikina

Si GREG GILBERT (MDiv. The Southern Baptist Theological Seminary) ang senior pastor ng Third Avenue Baptist Church sa Louisville, Kentucky. Siya ang author ng *What is the Gospel?* at *James: A 12-Week Study*, at co-author (kasama si Kevin DeYoung) ng *What Is the Mission of the Church?*

IX 9Marks
www.9marks.org

TREASURING CHRIST PH